**ISANG KASAYSAYAN NG PAGKALAT NG KRISTIYANISMO SA MODERNONG PANAHON**

Ni Ron Harding

(*Isinalin sa Wikang Filipino ni Gerome Nicolas Dela Peña*)

Ang pangunahing layunin ng nakasasabik na pagsasalaysay na ito ay upang parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasabi ng katotohanan at upang hikayatin ang mga taong hindi kailanman  nagkaroon na ibahagi ang pangarap ni Hesus - o marahil ay nawala na ito - "ang pagpapalaganap ng mabuting balita sa lahat ng mga nasyon sa henerasyon na ito". (1Timoteo 2:3-4) Dahil nasa panahon tayo kung saan ang paglaganap ng impormasyon ay madalas na naiiba kumpara sa orihinal na mensahe, hinahangad kong maingat na siyasatin at idokumento ng naaayon sa orihinal na kuwento – kabilang ang aking sariling karanasan – ang pagkalat ng tunay na Kristiyanismo mula sa taong 1970 hanggang sa araw na ito.

Karamihan sa mga ito ay ang mayamang kasaysayan at kaakibat ng buhay ng aking "kapatid at kabahagi sa ebanghelyo" na si Kip McKean – kilala bilang isang pastor, misyonaryo, repormer, teologo at makatao. Samakatuwid, gamit ang marami sa kanyang mga karanasan para sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari–ang kanyang pananampalataya, ang kanyang mga pagkakamali at ang pagbalik ng kanyang ***zeal*** para sa Panginoon - nagbibigay-daan ito para sa isang detalyado at makasaysayang paglalahad kung ano ang naganap. (Lukas 1:1-4; Mga Gawa 1:1)



Si Kip McKean sa Smokey Mountain sa labas ng Manila noong 1989!

**PANGKALAHATANG-IDEYA**

Si Dr. Thomas Wayne McKean II (May 31, 1954 - kasalukuyan) ay pinangalanan alinsunod sa pangalan ng kanyang ninuno na si Thomas McKean, **na naging isang taga-pirma ng Pahayag ng Kasarinlan**. (Ang kanyang inaang nagpalayaw sa kanya ng"Kip.") Noong 2003, si Kip ay naging ***Evangelist*** ng ***Portland International Church of Christ***. Noong Oktubre 2006, matapos ang isang magiting na tatlong-taong pagsisikap upang dalhin ang reporma sa nagkakawatak watak nang ***International Churches of Christ***, Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ginamit si Kip, kasama ng iba pang mga magigiting na mga alagad sa bawat kontinente, upang pasimulan ang bagong ***Portland / SoldOut Discipling Movement!***

Noong Mayo 2007, SI Kip at Elena McKean kasamaang apatnapung (40) iba pang mga alagad mula sa Portland ay itinayo ang ***City of Angels International Christian Church***, na ngayon ay may isanlibo't dalawang daan (1,200) na dumadalo sa kanilang Lingguhang Serbisyo! Habang pinamumunuan niya ang ***City of Angels International Christian Church***, si Kip ay nagsisilbi din bilang World Missions Evangelist sasimbahan na may pinakamabilis na paglago sa pagkalat ng Kristiyanismo sa buong mundo! Ang isa pang **milestone** na nakamit noong taong 2012, ang

pinapangarap at ipinapanalangin sa loob ng isang dekada ay natupad – Ang pagtatayo ng ***International College of Christian Ministries*** kung saan si Kip ang tumatayo bilang Pangulo.

Ayon sa tala noong 1979, si Kip at Elena ay inimbitahan na pamunuan ang ***Lexington Church of Christ*** (na kinalaunan ay tinawag na ***Boston Church of Christ***). Mula sa mga "30 mga magiging-alagad," ang Espiritu ay kumilos at naitayo ang isang kilusan ng mga simbahan na kilala bilang "***Boston Movement***" at noong 1994 ito ay pinangalanang "***International Churches of Christ***". Dahil sa malalim at radikal na pangarap ni Kip na isapuso at palaganapin ang ebanghelyo sa isang henerasyon, at sa tulong ng Banal na Ispiritu, ang Ebanghelyo ay lumaganap mula sa isang maliit na namamatay nang simbahan sa Boston na maging halos 400 na mga simbahan sa 171 na mga bansa sa kabuuang bilang na isandaan at siyamnapu't anim (196) na mga bansa sa buong mundo noong taon 2000! Habangang marangal na pagsusumikap na ito ay unti unting nawasak noong taong 2001, 2002, at 2003, ipinadala ng Diyos si Kip sa isang mabatong landas ng paghihirap at kaligtasan. Sa loob ng dalawang taon, siya ay namuhay sa kalungkutan at kawalan na nagdulot sa kanya upang siya ay maging mapagkumbaba. Ngunit, ang mga madidilim na araw niya ay nagbigay sa kanya ng kalakasan na makitang matupad "ang pangarap" na mapalaganap ang Ebanghelyo sa isang Henerasyon. Samakatwid sa taong 2014, nakakamangha na sa loob lamang ng pitong taon, ang SoldOut Movement ay mayroong halos animnapung (60) kongregasyon sa dalawpu't anim na bansa… at nagbibilang pa! Mula sa isang makasaysayang pananaw, wala pang ibang pastor sa nakaraang siglo ang naging direktang responsable para sa pagpapalaganap ng napakaraming kongregasyon sa buong mundo!

Ukol sa "ebanghelisasyon sa mga nasyon sa henerasyong ito," ang ilan ay nagtanong, "Ano ang magiging iba 'sa pangalawang pagkakataon' na ito?" Ito ay sinundan ng tanong na,"Maaari ba maging iba ang pangalawang pagkakataon?" Ang sagot sa Banal na Kasulatan ay oo! Sa unang beses na tumungtong ang mga Israelita sa ipinangakong lupa, ang kanilang kawalan ng pananampalataya na humantong sa kanilang kakila-kilabot na mga hangarin upang pumili ng ibang lider kaysa sa Diyos at bumalik sa kanilang buhay bilang alipin sa Ehipto. Itong kawalang-paniniwala naito sa huli ay nagresulta ng kanilang kamatayan sa disyerto. Ang pangalawang pagkakataon na inakay ng Espiritu ang mga Israelita, sila ay humantong sa hangganan ng ipinangako lupa, ang mga Hebreo – na natutong umasa sa Diyos sa kanilang paglalakbay sa disyerto – ngayon ay nagtagumpay na gawing realidad ang pangarap at pangako ng Diyos. Ang parehong pagkatuto mula sa nakalipas ay magiging totoo para sa bagong "***SoldOut Movement***" ng Panginoon. Ayon sa ipinangaral ni Kip noong 2010 ***Jubilee*** sa tema ng Ang ipinangakong lupa sa Pangalawang Pagkakataon, "Ang pangalawa ay ang pinakamainam dahil gagantimpalaan ng Panginoon ang misyon."

**TALAAN NG NILALAMAN**


| | |
|---|---|
| 3 | Pangkalahatang – Ideya |
| 6 | Panimulang Buhay at Pamilya |
| 7 | Kasal at mga Anak |
| 10 | Panahon sa Mataas na Paaralan at sa Kolehiyo |
| 11 | Ang Preparasyon ng Panginoon at Edukasyon |
| 14 | Pangrebolusyonaryong Teolohiya |
| 16 | Ang Pagsisimula ng Boston Movement |
| 18 | Ang Hindi Inaasahang Paglago at Impluwensiya |
| 20 | Ang Pagtatatag ng mga Boston Movement |
| 23 | Ang Central Leadership – Ang World Sector Leaders |

| | |
|---|---|
| 29 | Ang *Sabbatical ng World Mission’s Evangelist* |
| 31 | Ang Salmo ng Cape Fear |
| 34 | Ang Pagkasira Ng Isang Global Na Kilusan |
| 40 | Pinatalsik Ng Tao – Itinalaga ng Panginoon |
| 40 | Ang Espiritu’y Dinala Ang Mga McKean sa Portland |
| 41 | Ang Awitin ng Portland |
| 43 | Ang Pag-uumpisa ng Global na Ministri ng Internet |
| 44 | Ang Kontrobersiya ng Portland |
| 46 | Ang Pagsilang Ng SoldOut Movement |
| 51 | Ang Espiritu’y Dinala ang mga McKean sa Los Angeles |

| | |
|---|---|
| 56 | Ang Portland Church ay Pinamunuang Maligaw |
| 58 | Ang Proyekto ng Crown of Thorns |
| 60 | Ang Panginoo’y Tinitipon Ang Mga Mula Sa Pinakamalalayong Lugar |
| 65 | Ang Patuloy na Pagdami ng Bagong Kilusan |
| 69 | Ang Pagkakatatag Ng International College Of Christian Ministries |
| 82 | 2014 – Ang Taon Ng Panalangin |
| 95 | Tapat Hanggang Huli |

**Panimulang Buhay at Pamilya**

Si Kip McKean ay ipinanganak sa Indianapolis, Indiana noong Mayo 31, 1954. Tulad ng marami sa mga kalalakihan ng 1960, ang naging inspirasyon niya ay ang mga taong tumanggi sa kompromiso at nagnais na isakripisyo ang lahat ng bagay para sa isang makabuluhang dahilan. Ang Pag-uugali na ito ay pamana pa ng pamilya ni Kip sa kanya, sa pamamagitan ng tapang ng isa sa kanilang mga ninuno, si Thomas McKean. Tulad ng sa lahat ng mga "***Signers of the Declaration of Independence***,"ang mga banta sa buhay ay pangkaraniwan. Kawili-wili, si Thomas McKean ay hindi lamang isang "***Signer***" para sa ***Delaware***, ngunit siya ay "Pangulo" ng Kongreso ng kompederasyon - ang pinakamataas na opisina sa bagong Estados Unidos ng Amerika - nang dumating na ang balita mula kay General Washington na ang mga Briton ay sumuko na!

Ang ama ni Kip, bilang isang almirante sa US Navy, ay naging isang malakas na impluwensya at isang modelo ng pamumuno at kahusayan. Ang kanyang ina, isang napakahusay na artist, ay pinalaki siya ng may pagkalinga at may katangian ng pagiging matatag. Sa pagitan ng edad na pito at labing-anim, ang mga tag-araw Kip kasama ng kanyang minamahal na mas batang kapatid na lalaki, si Randy, at mahal na mas batang kapatid na babae,si Dana, ay ginugol ng tag-isang buwan sa bawat lolo at lola - "Grandpa at Grandma" and "Grampy at Grammy". Ang mga araw na kasama niya ang kanyang grandparents sa Michigan at Indiana ay lalong nagpaigting ng kanyang pagiging “adventurous” at nagpalalim ng kanyang pag-ibig at pagpapahalaga sa pamilya.




Ang mga magulang ni Kip – sina Tom & Kim – na ipinagdiriwang ang kanilang ika-80 kaarawan noong tag-araw ng 2008!

Sa kanyang mga taon sa high school - sa Virginia Beach, Virginia; Winter Park, Florida; at Libertyville, Illinois –si Kip ay aktibo sa athletics, siya ay napili upang maging miyembro ng

National Honor Society, at nakuha din ang ranggo na “Eagle” sa Boy Scout. Sa panahon ng mga mapaghugis na taon, bayani Kip sina John F. Kennedy at Dr. Martin Luther King Jr. Gayunpaman, kalauan, si Jesus ang pinakamalaking bayani ni Kip.

Ang Kanilang Kasal at mga Anak



Sina Kip at Elena ay ikinasal noong ika-11 ng Diyembre ng taong 1976!

Si Kip ay ikinasal kay Elena Garcia-Bengochea noong Disyembre 11, 1976.Si Elena ay ipinanganak sa Havana, Cuba noong Setyembre 2, 1955 at tumakas sa kanyang pamilya sa Estados Unidos sa isang bangka noong 1959. Habang lumalakisa Gainesville, Florida, nag-aral si Elena sa P.K. Yonge Highschool. Nakikilala siya bilang isang mag-aaral na may karangalan, Student Body Tresurer, Captain of the Tennis Team, Captain of the Varsity Cheerleaders, at Homecoming Queen.

Noong Agosto 8, 1973, sa edad na 17, si Elena ay binautismuhan kay Kristo sa tag-araw bago ang kanyang unangtaon sa University of Florida. Sina Kip at Elena ay nagkakilala sa Crossroads Church of Christ at doon rin ikinasal. Noong 1981, sila ay biniyayaan ng kanilang unang anak – si Olivia. Noon namang 1982 at 1984 ipinanganak sina – Sean at Eric. Sina Olivia at Sean ay nakapagtapos sa Harvard, at si Eric na subalit nakapasa sa Harvard ay pinili paring magaral sa Stanford kung saan siya ay nakilala bilang Captain ng Stanford Tennis Team. (Ang kanilang pagaaral ay natustusan sa pamamagitan ng kumbinasyon ng konting ipon ng pamilya ng McKean, ng mga magulang Kip at ng kanyang mga malalapit na kaibigan, pati narin ang mga Scholarships - akademiko at atletiko, mga pinansiyal na tulong.)





Ang mga anak ng McKean noong 1990 sa Los Angeles!



Sila Eric, Olivia and Sean noong 2008!

Sa pagdaan ng panahon, sa lahat ng kanilang mga indibidwal na mga pagsubok, ang pamilya ng McKeanay nanatiling lubhang masaya at matagumpayna pamilya. Anglahat ng tatlong anak nina Kip at Elena ay kasal na at matagumpay sa buhay .Sina Kip at Elena ngayon aynasasabik nang maging Lolo at Lola!



Si “Abuelo Kip” and ang isa sa kanyang mga minamahal na apo na si Scarlett!

**Ang Panahon sa Mataas na Paaralan at Kolehiyo**

Bago siya tumuntong sa mataas na paaralan, si Kip ay hindi relihiyoso. Subalit, sa pagtatapos ng ikalawang taon niya sa mataas na paaralan, siya ay lubusang naging abala sa isang dinamiko at pundamental na kongregasyon ng mga Kristiyano sa Maitland, Florida – ang ***Asbury United Methodist Church.*** Dito ay nagkaroon siya ng mas malalim na personal na pananampalataya kay Kristo at sa kapangyarihan ng Bibliya.





Ang ***Asbury United Methodist Church*** kung saan unang naimpluwensiya si Kip na mag-aral ng Bibliya!

Sa pagtatapos ng kanyang unang taon sa Unibersidad ng Florida, naimbitahan siya sa isang pangkolehiyong-debosyonal (***college devotional***) na inisponsoran ng ***14th Street Church of Christ.*** (Makalipas ang isang taon, ang kongregasyong ito ay naging ***Crossroads Church of Christ.***) Itong kongregasyon sa Gainsville ay nagkaroon ng pangunahing programa para sa ***campus ministry*** ng ***Mainline Churches of Christ***makalipas lamang ang limang taon. Ilang mga mas progresibong ***Mainline Churches of Christ***na naglalayong maimpluwensyahan ang sekular na mga kolehiyo at nag-umpisang gawing modelo alinsunod sa ***Campus Crusade.*** Tinawag nila ang bagong programang ito na pinamunuan ni Chuck Lucas na ***Campus Advance.*** Dito ay tinuruan si Kip na ibigay ang lahat-lahat para kay Kristo at nabautismuhan para sa kapatawaran ng kasalanan upang maging isang Kristiyano. Bilang isang labimpitong-taong-gulang na nasa ikaunang taon sa Kolehiyo, isinagawa ni Kip ang pangakong ito at nabautismuhan sa ganap na ika-1:30AM noong ika-11 ng 1972.

Para sa bakasyon ng tag-araw noong 1972, umuwi si Kip sa kanilang tahanan sa Chicago. Nagkaroon siya ng malubhang karamdaman na ang itaas na bahagi ng kanyang katawan ay nagkaroon ng maraming pigsa. Binendahan ang buo niyang katawan sa mga sumunod na tatlong buwan. Siya noon ay naniniwalang siya ay sinusubok lamang ng Panginoong Diyos, lalo na sa pagkakaroon niya ng sugat sa mukha. Sa talang ito, wala ni isa mang dumalaw sa kanya mula sa sinumang miyembro ng Mainline Church of Christ sa Chicago kung siya ay dumadalo.

Ang pangyayaring ito sa kanyang buhay ay nagbigay-daan upang mas lalo niyang ituon ang sarili sa pagtulong sa mga nangangailangan at tumulong sa mga maysakit. Noong huling bahagi ng tag-araw na iyon, kahit na lubos siyang pinagbabawalan ng mga doktor sapagkat siya’y mahina pa, bumalik siya sa Gainsville upang muling makasama sa isang matibay na pagtitipon ng mga Kristiyano sa kolehiyo.

Para sa bakasyon ng tag-araw noong 1972, umuwi si Kip sa kanilang tahanan sa Chicago. Nagkaroon siya ng malubhang karamdaman na ang itaas na bahagi ng kanyang katawan ay nagkaroon ng maraming pigsa. Binendahan ang buo niyang katawan sa mga sumunod na tatlong buwan. Siya noon ay naniniwalang siya ay sinusubok lamang ng Panginoong Diyos, lalo na sa pagkakaroon niya ng sugat sa mukha. Sa talang ito, wala ni isa mang dumalaw sa kanya mula sa sinumang miyembro ng Mainline Church of Christ sa Chicago kung siya ay dumadalo.
Ang pangyayaring ito sa kanyang buhay ay nagbigay-daan upang mas lalo niyang ituon ang sarili sa pagtulong sa mga nangangailangan at tumulong sa mga maysakit. Noong huling bahagi ng tag-araw na iyon, kahit na lubos siyang pinagbabawalan ng mga doktor sapagkat siya’y mahina pa, bumalik siya sa Gainsville upang muling makasama sa isang matibay na pagtitipon ng mga Kristiyano sa kolehiyo.



Noong 1973, narinig ni Kip ang tinig ng Panginoon at nagdesisyong pumasok sa ministri!

Noong taon ng kanyang pagiging bahagi ng ***Crossroads Church of Christ***, ang layunin ng isang dinamikong***campus ministries*** sa Amerika ay nailagay sa puso ni Kip. Siya ay naimpluwensyahan ng makapangyarihang pangangaral ni Chuck Lucas at ang katuwang na si Sam Laing, pati na rin ang kanilang inobasyong nakuha mula sa prinsipyo ng Bibliya: "katuwang sa pagdarasal" ***(prayer partners)*** – na batay sa ***"one another" Scriptures, "counting the cost"*** kasama ng bawat indibidwal bago ang pagbabautismo mula sa Lukas 14:25-33, ang maliit naebanghelistikong grupo ***(evangelistic small group)*** na pag-aaral sa Bibliya na tinatawag na ***"Soul Talks"*** o

"Usaping Pangkaluluwa." Noong mga panahong ito, ang ***seeds of discpling*** ay naitanim sa kanyang buhay nang kanyang personal na napagnilayan kung paanong ang isang tao ay maaaring makaapekto sa pamumuhay ng ibang tao at sa kanyang kapalaran sa Panginoon. Noong mga unang taon ng ***"Crossroads Movement" –*** na kilala rin sa tawag na ***"Total Commitment Movement" –*** ang ***Crossroads Church*** at ang mga batang ministro na kanilang mga pinadala sa labas ay naging lubhang kontrobersyal sa loob ng ***Mainline Churches of Christ***, dahil sa mga ganitong inobasyon o pagbabago. Sa ibang aspekto, ang mga ***"Crossroads Ministry Churches"*** ay isang***"disfellowshipped"*** o minarkahan ng iba pang ***Mainline Churches of Christ.***

**Ang Preparasyon ng Panginoon at Edukasyon**



Unang nanilbihan si Kip sa fulltime ministry bilang ***Campus Minister*** o Ministrong Pang-Kampus sa Northeastern Christian College noong 1975!

Noong Hunyo ng taong 1975, nagtapos si Kip sa Unibersidad ng Florida na may matataas na karangalan pati na rin ang pagkakapili sa kanya sa pinaka-kapitapitagang kapatirang pang-

akademiko – ang Phi Betta Kappa. Makalipas ang ilang panahon, ang Espirito ay ginabayan si Kip sa Philadelphia kung saan siya ay nahirang bilang ***Campus Minister*** o Ministrong Pang-Kampus para sa Northeastern Christian College (NCC), isang ***Mainline Church of Christ school***. Dito ay nakita ng kanyang dalawang mata kung paanong hindi dedikado ang marami sa mga tinaguriang "Mag-aaral na Kristiyano" sapagkat sila ay gumagamit ng bawal na gamot, nagpapakalasing, mapanghusga sa kapwa at puno ng impuridad at imoralidad. Siya ay nagkaroon ng malalim na paniniwalang ang pagiging relihiyoso ay hindi kaparehas ng pagiging tuwid at tunay na tagasunod ni Hesus.

Habang si Kip ay naninilbihan bilang ***Campus Minister*** o Ministrong Pang-Kampus sa NCC, ang hari ng ***Prussia Church of Christ*** ay binigyan siya ng scholarship upang mag-aral sa ***Eastern Baptist Theological Seminary.*** Doon, siya ay sinubukan ng isa sa kanyang mga propesor, ang Dekano ng Pang-Akademikong Usapin, na ang Bibliya ay hindi "lamang" puno ng Salita ng Diyos. Puno man ng pagkalito, kasama ng kanyang buong pananampalataya, siya ay walang pag-aalinlangang tumugon sa hamon ng Dekano. "Kung merong ibang banal na kasulatan maliban sa Bibliya, kung gayon ay Kristiyanismo ay maihahantulad lamang sa ibang uri ng pilosopiya gaya ng Konfusiyanismo, Islam, Budismo at Hinduismo. Para sa akin, si Kristo at ang Kanyang Salita ay ang kaisaisang daan, ang tunay na katotohanan at ang buhay." Ang pangunahing paniniwalang ito ang gumabay kay Kip sa kanyang tatlumpu't siyam na taon sa ***full-time ministry.*** Kasama ni Hesus, ang mga Apostoles at maging lahat ng propeta ng Panginoon, si Kip ay pinahirapan sa maraming banta sa kanyang buhay, kasama na rin ang pampublikong panghuhusga sa mga palabas sa telebisyon, sa internet, at maging sa mga magasin at diyaryo para sa kaniyang makitid na pagtingin sa Bibliya at sa kaligtasan. (Mateo 7-13:14, Acts 4:12)Sa kabila ng lahat, hindi niya tinalikuran ang kanyang mga paniniwala tungkol kay Hesus bilang Kristo at ang inspirasyon ng Luma at Bagong Tipan.

Noong taglagas ng taong 1976, nagsimula si Kip na magsilbi sa Panginoon sa ***Heritage Chapel Church of Christ*** sa Charleston, Illinois na kung saan siya ay hinikayat na magsimula ng isang campus ministry sa Eastern Illinois University, isang maliit na kolehiyo na may 9,300 na mag-aaral. Noong kanyang tatlong taong pamamalagi roon – na nagsimula lamang sa pitong mag-aaral sa kolehiyo – Pagpalain ang kanyang ministry na may tatlong-daang ***Campus Baptisms!*** (Pangkampus na mga Pagbabautismo)



Si Kip at Elena noong kanilang ikalawang-taon sa Illinois at pagbisita sa itinuturing na pamilya ni Elena, ang Garcia-Bengochea Familia!

Ang Illinois ay interesanteng ikinokonsidera na isang ***“mission field”*** ng ***Mainline Churches of Christ,*** dahil ang ***Mainline Churches*** ay lubhang konsentratado o nakapokus sa mga Estado sa Timog-Amerika – ang ***“Bible Belt.”*** Si Kip ay sinuportahan bilang isang misyonaryo ng ***Memorial Church of Christ*** sa Houston, Texas. Makalipas ang siyam na buwan, ilang mga ***elders*** ng ***Memorial Church of Christ*** ang bumisita sa ***Heritage Chapel Church.*** Imbes na maging maligaya dahil sa dami ng bilang ng mga bagong kasapi, sila ay nadismaya dahil sa palakpakan noong nangyayari ang pagkanta ng mga debosyonal na awitin, kababaihang nagdarasal sa halo-halong grupo, at sa pangkalahatang kasiyahang nangyayari sa ***worship service.*** Inakusahan ng “Pentekostalismo,” “pagmamanipula ng isipan” at “pagsasagawa ng mala-kultong gawain,” si Kip ay tinanggal ng ***Memorial Church*** dalawang linggo ang makalipas. Sa kabila ng mga pangyayari, ang mga miyembro sa loob ng ***Heritage Chapel Church*** ay nanatiling naniniwala at tapat sa kanya. Biniyayaan ng Panginoon ang Biblikal na kumbiksyon ng pangangaral ni Kip kasabay ng mabilisang pagdating ng mga tulong-pinansyal ng ***Union Avenue Church of Christ*** saMemphis, Tennessee.Ang ***Union Avenue Church*** ay hindi lamang nagbigay kay Kip ng tulong-pinansyal kundi pati na rin ng full scholarship sa ***Harding Graduate School of Religion,*** isang ***“Mainline Church of Christ Seminary.”***

**Pangrebolusyonaryong Teolohiya**

Sa pagpapatuloy ng kanyang pag-aaral sa pagiging Masterado sa Teolohiya na nag-umpisa sa ***Eastern Baptist Theological Seminary***, si Kip ay nag-aral sa ***Harding Graduate School*** sa loob ng dalawang tag-araw. Kanyang napagtanto na kahit malaki ang tulong ng iskolastikong aktibidad, ang pormal na seminaryo na kung saan ang mga magiging ministro sa hinaharap ay nilalamon ng kanilang pang-akademikong usapin ay nailalayo sa pagiging bahagi ng buhay ng mga tao ay hindi nararapat na paraan sa pagsasanay ng mga ***evangelist***. Sa kabilang banda, ito ay isang ministrong naglalakad kasama ang isang katulad ni Kristo kasama ng kanyang labindalawang Apostoles, o si Paul na sinasanay sina Timothy at Titus.

Naisadokumento sa mga panahong ito na ang mga "karaniwang" ***Mainline Church of Christ*** na kongregasyon ay mayroon lamang isandaan at limampung miyembro at walong pagbabautismo lamang kada taon. Anim sa mga pagbabautismong ito ay para sa mga anak ng mga miyembro at ang iba naman ay mga binautismuhan sa mundo. Malaking bahagdan ng mga anak ng miyembro ang umalis sa simbahan, at halos siyamnapung bahagdan o 90% na pagbabautismo ay nawala nalang. Ang istagnasyong ito o ang pagkawala ng maraming miyembro ng simbahan ay nananatili sa ***Mainline Churches*** hanggang sa kasalukuyan.

Si Flavil Yeakey, sa kanyang librong ***Why Churches Grow***, ay inihayag na ang unang kongkretong pananaliksik ni Mac Lynn sa Mainline Churches of Christ ay naglalahad na 965,439 na miyembro lamang bilang kontradiksyon sa 2.5 million ang napatunayan. Nadiskubre niya na sa tinatayang 15,000 kongregasyon, meron lamang 10,165 ***Mainline Churches of Christ*** sa buong Amerika. Itinala ni Lynn na, "Ang ***Churches of Christ*** ay mayroon lamang dalawampu't apat o 24 na simbahan na mayroong mahigit na isanlibo o higit pang miyembro (1,000 or more), apat lamang ang may dalawanlibo o higit pang miyembro (2,000 or more) at isa lamang ang may higit sa tatlong-libo ang bilang ng mga miyembro." Ang pinakamalaking Mainline Churches of Christ sa labas ng teritoryo ng Estados Unidos ay mayroon lamang limandaang (500) bilang sa kanilang tala. Isinulat din ni Yeakley na, "Noong taong 1980, ang Church of Christ sa Estados Unidos ay tumigil ang pagtaas sa bilang ng mga kasapi at bumaba ang malaking bilang ng mga kasapi sa pamamagitan ng pagkawala ng mga miyembro at pagtaas naman ng antas o bilang ng mga tumatandang kasapi. Malinaw na kung ang mga pangyayari sa pagitan ng mga taon mula 1965-1980 ay hindi magbabago, ang Church of Christ ay maghihingalo na sa ilang panahon lamang.

At dahil ang ***Senior Minister*** o Punong Ministro ng ***Heritage Chapel Church*** ang maaaring makapag-bautismo sa ilang matatanda, ang pagsasamiyembro sa mga nakatatanda ay nanatiling matamlay. Kaya noong panahon ni Kip sa Charleston, napagnilayan niyang kahit gaano kadinamiko ang ***isang campus ministry,*** maliban na lamang kung dedikado at masikhay ang buong simbahan, ang impluwensiya ng ***campus ministry*** ay patuloy na magiging limitado. Mula sa karanasan ni Kip at kanyang paglalakbay, naobserbahan niyang marami sa ***Mainline Churches of Christ*** na may mga ***campus ministers*** o pang-kampus na ministro na mula sa

***Crossroads*** ang nahiwalay at marami sa mga batang ministro na ito ay tinatalikuran na lamang ang ***ministry.***Sa loob ng ilang panahon, si Kip ay mangangaral na, "Wala ring naglalagay ng bagong alak sa lumang sisidlang-balat. Kapag ganoon ang ginawa, papuputukin ng bagong alak ang lumang sisidlan, matatapon ang alak at masisira ang sisidlan. Sa bagong sisidlang-balat dapat ilagay ang bagong alak."(Lukas 5:37-38) Samakatuwid, sinabi ni Kip sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng Bibliya na ang pinakatamang pamamaraan sa pagbuo ng mga simbahan na kung saan ang bawat miyembro ay "buo ang dedikasyon" ay ang bumuo ng bagong mga simbahan – dahil "ang bagong alak" [masigasig na mga bagong ministro] ay ang dapat ilagay sa mga bagong sisidlang-balat [bagong mga simbahan.]"

Sa mga taon ni Kip sa Charleston at Memphis, itinuon niya ang sarili sa pag-aaral ng Lumang Tipan. Ito ang tunay na naging dahilan ng kanyang pagbabago sa kanyang pangrebolusyonaryong teolohiya. Una sa lahat, dumating siya sa isang malalim na kumbiksyon na hindi tulad ng ***Mainline Church of Christ*** na ang pagnanais ay maging isang ***"New Testament Church,"***isang mas mataas na pag-unawa sa walang-hanggang plano ng Panginoon ang Kanyang Salita ang siyang magsisimula ng isang ***"Bible Church."*** Lubusan niyang naunawaan na ang Batas – "ang kodang isinulat, kasama ng mga regulasyon nito" mula sa Lumang Tipan, ay "naipako sa krus" na nagpapawalang-bisa rito. (Colossians 2:14-15) Subalit, itinuro ni Kip mula sa 2 Timoteo 3:16 na "Bunga ng Espiritu ng Diyos ang lahat ng nasa Kasulatan at kapaki-pakinabang sa pagtuturo, pangungumbinsi, pagtutuwid at pagpapakabanal." Ang salitang "Kasulatan" sa konteksto ng pahayag na ito ay tumutukoy lamang sa Lumang Tipan; samakatuwid, ang intensyon ni Paul ay tawagin si Timothy – at ang lahat ng disipolo – upang gamitin ang "Kasulatan" mula sa Lumang Tipan sa kanilang pangangaral, sa kanilang ***discipling***, at sa kanilang mga buhay.***(City of Angels International Christian Church Bulletin – May 22, 2011: The Biblical Significance Of The Old Testament In New Testament Times)***

Ikalawa, naging iba ang interpretasyon ni Kip ng Bibliya sa ***Mainline Church of Christ.*** Sa unang bahagi ng 1800, si Thomas Campbell – isa sa mga nagtatag ng ***Restoration Movement***, na siyang pinagmulan ng ***Mainline Church of Christ*** – ang nagbigay sa ***Mainline Church of Christ*** ng mga sumusunod na kredo: "Magsalita kung saan ang Bibliya ay nagsasalita, at manahimik kapag ang Bibliya ay nananahimik." Ang kredong ito ay nagdikta na maiging magkaroon ang bawat isa ng natatanging otorisasyon sa pagsunod, halimbawa'y ang nararapat na lamang na maging batayan ay ang mga kasulatan sa Lumang Tipan upang makapagpatupad ng isang pagtuturo o pagsasanay. Subalit, si Kip – na naniniwalang dapat ay parehas na Bago at Lumang Tipan ang maging pundasyon ng isang simbahan – isang pahayag na mariing naging kontradiksyon sa pamamaraan ng Mainline patungkol sa interpretasyon ng Bibliya. Itinuro ni Kip na ang mga simbahan ay nararapat lamang na maging: "Tahimik kapag nagsasalita ang Bibliya, at magsalita kung nanahimik naman ito." Sa mas madaling salita, ang isang Kristiyano ay nararapat na sumunod kapag ang Bibliya ay nagsasalita, at magsalita (magkaroon ng mga opinyon/kuro-kuro)

kapag ang Bibliya ay tahimik. Ayon sa Teolohiya, ang mga Kristiyano ay malayang makapagsagawa ng anumang gawain at magbigay ng alinmang pangalan na hindi naman ipinagbabawal ng Bibliya.

Ang dalawang rebolusyonaryong konseptong ito tungkol sa mga Kasulatan ay ang mga naging pundamental na dahilan kung bakit maraming ***Mainline Churches of Christ*** ang tumutuligsa kay Kip. Mapang-uyam nga kahit siya ay itinuturing ng marami bilang "Tagapagtatag ng ***International Churches of Christ***," noong mga unang bahagi ng 2000 matapos na bumalik ang ICOC sa maraming tindig-pananampalataya ng ***Mainline Churches of Christ***, dahil si Kip ay patuloy na nanindigan sa mga ganitong uri ng kumbiksyon, ang mga rebolusyonaryong pagtingin sa Kasulatan ay ang mga naging pangunahing dahilan ng maraming lider ng ICOC para mariing tuligsain si Kip at ang ***God's new SoldOut Discipling Movement.***

**Ang Pagsisimula ng Boston Movement**

Noong 1979, sa mga huling taon ng mga Mckean sa Charleston, ang mga nakatatanda ng ***Lexington Church of Christ*** sa ***Massachussetts*** ay kinontak si Kip para maging kanilang tagapagpangaral at campus minister. Noong mga panahong din iyon, itong ***Mainline Church of Christ*** ay desperado na upang makahanap ng bagong direksyon at iniisip na nilang tuluyan nang isarado ang kanilang mga pintuan sapagkat ang bilang ng kanilang mga kasapi ay bumaba na lamang sa animnapu o 60. Noong ang mga McKean ay ininterbyu para sa nasabing posisyon, inilahad ni Kip sa mga lider ng kongregasyon ng Lexington na para dumating siya kasama si Elena, kailangang suportahan siya ng mga lider sa kanyang panawagan sa "lahat ng miyembro" – matatanda, mga wala pang asawa, mga nasa kolehiyo maging ang mga binata't dalaga – na maging "tunay na dedikado." Makalipas ang limang buwan na deliberasyon, naniwala silang ang Panginoon ay wala na sa kanilang ibinigay na iba pang alternatibo, kaya lahat sila ay nagkasundong imbitahin ang batang mangangaral na ito na may gulang lamang na dalampu't limang taon para pamunuan sila!

Bumiyahe ng buong gabi mula Charleston patungong Boston ang mga McKean at dumating noong umaga ng Biyernes, ika-isa ng Hunyo taong 1979. At sa loob nitong maliit at namamatay nang kongregasyon, ang kasaysayan ay naganap noong gabing din iyon, na ang "tatlumpung magiging disipolo" na nagkakatipon-tipong may napalaking ekspektasyon sa loob ng sala ng mga miyembrong sina Bob at Pat Gempel upang marinig ang unang pangangaral ni Kip! Sa puntong ito, ang ***Lexington Church*** ay payak na tinignan bilang kasamang kongregasyon ng ***"Crossroads"*** o ng ***"Total Commitment Movement."*** Ang matinding pagkakaiba sa pagitan ng ***Lexington Church*** at ng iba pang ***"Crossroads Ministries"*** ay unti-unti nang maiintindihan

habang ang rebolusyonaryong panawagan ni Kip mula sa Bibliya para sa lahat ng miyembro ng simbahan na maging “tunay na dedikado” hindi lamang ng mga mag-aaral sa kolehiyo.



Sina Kip at Elena McKean noong 2012 sa tapat ng dating gusali ng Lexington Church of Christ noong 1979!

Noong 1980, upang tulungan ang kanyang kongregasyon na lumago sa ispiritwal na aspekto at bilang, siya ay bumuo ng isang serye ng pag-aaral ng Bibliya na tinatawag na ***First Principles.*** (Hebreo 5:12, 6:1-3 WEV) Ang mga miyembro ng simbahan ay inatasang kabisahin ang mga pag-aaral na ito at gamitin at pag-aaral sa ***First Principles*** upang ang bawat Kristiyano ay masanay na turuan ang mga hindi-Kristiyano ng orihinal na pamantayan na mayroon ang Panginoon upang maging disipolo sila ni Kristo. Samakatuwid ang pinaka-radikal at maimpluwensyang pag-aaral ng seryeng ito ay ang tinatawag na ***“Discipleship.”***Sa pag-aaral na ito, itinuro ni Kip na sa Gawa 11:26: ***SAVED = CHRISTIAN = DISCIPLE.*** Ibig sabihin lamang nito na hindi ka maililigtas at hindi maaaring maging isang tunay na Kristyano hangga’t hindi nagiging isang nabautismuhang disipolo o ***baptized disciple.***(Juan 4:1-2; Gawa 2:38-42) Binalangkas ni Kip ang ***“Discipleship Study”*** hindi lamang baguhin ang mga hindi-Kristiyano, kundi upang dalhin na rin sa kaliwanagan ang ang matinding Biblikal na pagkakaiba sa pagitan ng ***Lexington*** (na kalauna’y pinangalanang ***Boston***) ***Church of Christ***, at ang lahat ng “iba pang simbahan” kasama na rin ang ***“Crossroads Ministries.”*** Bilang resulta ng panawagang ***“total commitment”*** o “pag-aalay ng lahat” sa Panginoon at ang praktika ng Biblikal na konsepto ng pagdidisipolo o discipleship mula sa lahat ng nasa kongregasyon, ang ***Boston Church of Christ*** ay naging upang lubhang dumami ang bilang ng mga disipolo sa hindi inaasahang antas!

Ang iba pang radikal na restorasyon ng Bibliya ni Kip ay ang gampanin ng isang ***evangelist***. Naniniwala siyang ang responsibilidad ng isang ***evangelist*** ay hindi lamang pamahalaan ang kanyang kongregasyon, kundi ebanghelisahin din ang rehiyon ng impluwensiya ng kanyang simbahan. (2 Korinto 10:13-16) Sa ganitong pamamaraan sa Boston, hinati niya ang lungsod sa apat na heograpikal na "rehiyon." Ang isang ***evangelist*** ay inilagay para sa mga disipolo na naninirahan sa "teritoryong" ito para sa dahilang ebanghelisasyon ng buong "lugar." Sa bawat rehiyong ito ay may bilang ng mga "bahay-dalanginan" o ***"house churches"*** at sa mga bahay-dalanginan na ito ay may bilang din ng usaping pang-Bibliya. Ang "piramidal na istrukturang ito" ay naging makabagong aplikasyon ng Exodo 18:13-16.

Upang lubos na maunawaan ng simbahan ang matinding pagsasanay at sakripisyo para maging isang ***Evangelist*** o Lider ng Pangkababaihang Ministri/***Women's Ministry Leader,*** si Kip at Elena ay nag-umpisang magtalaga ng mga kwalipikadong indibidwal sa harap ng kongregasyon. Noong mga panahon ng makapangyarihang seremonyang ito, si Kip (o si Elena naman kapag ang itatalaga ay isang ***Women's Ministry Leader***) ay personal na magbabahagi tungkol sa pagiging karapat-dapat na disipolo at tapusin ito sa pamamagitan ng ***"ancient charge"*** ng 2 Timoteo 4:1-2 at sa presentasyon ng Bibliya. Ang pamamaraang ito ay ginawang modelo "kahit saan sa lahat ng simbahan" sa ilalim ng Boston Movement at naging dahilan na rin upang tuluyang pagkaisahin ang mga simbahan. (1 Corinto 4:14-17) Lubhang nakamamangha na ang bawat kongregasyon sa ilalim ng Boston Movement ay "tinanggap" ang pagtatalaga ng mga ***Evangelist*** at ***Women's Ministry Leaders*** sa buong panahon ng iba pang simbahan sa ***movement!***

**Ang Hindi Inaasahang Paglago at Impluwensiya**

Noong sampung taon ng paninilbihan ng mga McKean sa ***Boston Church of Christ***, ang Espiritu ay nagluwal ng napakabilis na paglago! Ang orihinal na ***Lexington Church of Christ*** ay naging saksi lamang sa dalawang pagbabautismo sa nakaraang tatlong taon bago ang Hunyo ng taong 1979. Noong restorasyon ng radikal na panawagan at pagsasanay na ang bawat miyembro ng kongregasyon ay "tunay na dedikado," ang ***Boston Church of Christ*** ay nagkaroon ng isandaan at tatlong (103) na pagbabautismo noong unang taon pa lamang! Ang pinaka-dinamikong ***Mainline Church of Christ*** sa ilang dekada ay nakapagbautismo lamang ng isandaan hanggang tatlong-daan kada taon. Sa katotohanan, noong 1980, kada taon ay may listahan ng ***Mainline Churches of Christ*** na sila'y nakapagbautismo ng isandaan o higit pa na naisapubliko at karaniwa'y mayroon lamang labinlimang ***Mainline Churches*** ang nailista. Kasama ng Espiritu ng Panginoon na nananahan sa mga McKean, ang Boston Church of Christ ay nagkaroon ng dalawandaang (200) na pagbabautismo noong ikalawang taon; dalawandaan at limampu't anim noong ikatlo (256); tatlong-daan at animnapu't walo (368) noong ikaapat; apat na raan at limampu't pito (457) noong ikalima; anim na raan at pitumpu't siyam (679) noong ikaanim; pitong daan at tatlumpu't lima

(735) noong ikapito; siyam na raan at apatnapu't pito (947) noong ikawalo; isanlibo apat na raan at dalawampu't apat (1424) noong ikasiyam; at noong ikasampung taon ay isanlibo anim na raan at dalawampu't isa ang nabautismuahan para kay Kristo. Noong mga panahon ding ito, ang mga dumalo ng linggo sa Boston na may bilang na umaabot sa apat na libo (4000) ay nagtipon sa sikat na hardin ng Boston, ang "tahanan" ng propesyonal na grupong pang-basketball na Boston Celtics. Ito ay hindi lamang tinaguriang pinakamalaking nag-iisang kongregasyon sa kasaysayan ng Bagong Inglatera, subalit ito rin ay naging ang pinakamalaking ***"Church of Christ"*** sa buong mundo!



Ang ***Lexington Church of Christ*** ay nilisan ang kanilang naging unang gusali makalipas lamang ang pagdating ng mga McKean. Ang kanilang naging ikalawang lokasyon ay ang napakagandang ***First Baptist Church of Arlington***. (Ang larawan ay nasa itaas) At noong 1982 matapos ang kanilang paglipat sa gusaling ito, lumipat naman sila sa ***Boston Opera House*** na matatagpuan sa loob ng siyudad ng Boston. Ito rin ang naging tulay upang ang ***Lexington Church of Christ*** ay legal na baguhan ang pangalan nito bilang ***"Boston Church of Christ."***

Marahil ang hindi lubusang tinanggap ng mga normal na tagapagmasid ay ang pagsubok na maibigay ang pangangailangan at mapanatiling nananampalataya ang napakalaking bilang ng mga bagong Kristiyano – na mayroong bilang na dalawanlibo (2000) sa loob lamang ng unang anim na taon sa Boston! Noong 1960 hanggang 1970 sa denominasyonal na mundo, nagkaroon ng maraming diskusyonan at pagsulat tungkol sa ***"body life of the church"*** at ***"shepherding one***

***another."***Sa ganitong paraan, sa ***Crossroads Movement***, ang tinatawag na ***"one another Christianity"*** ay ipinahayag sa isang ***buddy system*** na tinawag na ***"prayer partners"*** o "katuwang sa panalangin" na ang bawat isa ng kanilang sariling katuwang o ***"buddy."***Maraming mga Kristiyano ang pumili ng kanilang magiging katuwang sa panalangin maging sa kasalungat na kasarian!

Dahil napakarami ng bilang ng mga bagong Kristiyano sa Boston Church of Christ, naramdaman ni Kip na ang pagkakaroon ng ***''buddy system''*** o ''katuwang sa panalangin'' ay hindi epektibo. Mula sa mga naging konsepto ng "shepherding" at "prayer partners" o "katuwang sa panalangin," nakabuo siya ng panibagong konsepto na tinawag na ***"discipleship partners."***Sa mga ganitong pakikipag-ugnayan, ang mga ***evangelist***, nakatatanda at mga lider sa pangkababaihang ministri – pagkatapos ng diskusyonan at panalangin – ay isinaayos upang ang mga nakatatanda at mas matibay na Kristiyano na may kaparehong kasarian ay magbigay ng direksyon sa bawat nakababata at mas mahihinang Kristiyano. (Ang prinsipyong ito ng paggabay sa pananampalataya at malinaw na makikita sa relasyon ni Hesus sa kanyang labindalawang apostoles, ang relasyon/ugnayan ni Pablo kay Timoteo at maging sa nasusulat sa Tito 2:3-5 kung saan ang mga nakatatandang babae ay inatasang sanayin ang mga nakababatang babae.) Ang bawat pares ay inaasahang magkita kada linggo at magkaroon ng palagiang ugnayan. Ang ganitong ***"one-over-one"***na modelo ng ***discipling*** ay ginawa rin sa mga ikinakasal; sa ganitong paraan, nabuo ang inobasyon na tinawag na ***"marriage-discipling"***– ang isang matyur na mag-asawang kasal na ay gagabayan ang isang nakababatang mag-asawa na bagong kasal. At upang bigyang-karangalan ang kasal, isa pa sa naging malikhaing inobasyon ni Kip ay ang pagpapalit sa ***"Bachelor Parties"***(na kadalasa'y kinaaangkupan ng makamundong kaisipan) ng ***"Groom Honoring Parties."***

**Ang Pagtatatag ng mga Boston Movement**

Noong 1981, inilagay ng Panginoon sa puso ni Kip ang isang pangitaing ito: "Ang ebanghelisasyon ng mga nasyon sa isang henerasyon." Ang damdaming ito ay mas naglagablab pa nang siya ay maimpluwensiyahan ng mga dating misyonaryo maging ng mga kanilang mga naging pagsisikap sa misyon lalong-lalo na sa ***Sunset School of Preaching*** – isang paaralan ng ***Mainline Church of Christ*** upang magsanay ng mga magiging mangangaral –na matatagpuan sa Lubbock, Texas. Ang plano ni Kip ay simple lamang: kung ang ***Boston Church of Christ***ay makapaglalagay ng isang maliit na grupo ng mga disipolo (isang ***mission team***) sa bawat ***key metropolitan centers*** sa buong mundo na magiging posible – sa pamamagitan ng multiplikasyon ng mga lider at mga disipolo – ay makapagpadadala ng mga ***church plantings*** sa lahat ng mga kapital na lungsod na pumapalibot sa lahat ng nasyon na nasa ilalim ng kanilang impluwensiya. At ang mga ***"capital city churches"***ay makapagpadadala rin ng mga ***church plantings*** sa buong nasyon. Dahil dito, kolektibong

maeebanghelisa ng mga ***capital city churches*** na ito ang mga nasyon sa isang henerasyon sa loob lamang ng unang isang daang taon. (Mga Gawa 19:8-10; Colosas 1:6, 23)

Ang mga susing simbahan o ***key churches*** na naitatag sa mga pangunahing ***metropolitan centers*** ay tinawag na ***"pillar churches"***–para sa isang pang-mundong kapatiran na siyang nakikinitang itatatag nila. Si Dr. Donald McGavran, ang "Ama ng Makabagong Paglagong Simbahan" (sa pinakamalawak na depinisyon ng Kristiyanidad), ay ang nakakitang ang ***Boston Movement*** ay isang kakaibang plano sapagkat nais nitong ebanghelisahin ang buong mundo mula lamang sa isang kongregasyon. Halos ang lahat sa ***Boston Movement*** ay nakita ang kaibahan ng simpleng planong ito kasabay ng paglalahad ng Panginoon sa "Kanyang plano" na ebanghelisahin ang mga nasyon sa isang henerasyon lamang.

Naging masigasig si Kip na tuparin ang pangarap na ito kaya nagsanay siya ng mga magiging ministro sa Boston. Maging ang mga kababaihan din ay sinanay sa ***"women's ministry"***nina Elena at Pam Gempel. Ang mga sumailalim sa pagsasanay na mga mag-aasawang ito ng ministri ay ipinadala sa mga ***"pillar cities"*** o mga pundasyong lungsod. Noong 1982, ang Chicago, Illinois at ang London, England ay ang mga naging unang dalawang pagtatatagng ***Boston Movement.*** Noong 2000, ang bilang ng mga nananamplataya sa ***Chicago Church*** ay nasa limanlibo (5,000) at ang mga nasa London Church naman ay may bilang na tatlong-libo (3,000).

Noong 1983, ang ***New York City Church of Christ*** ay itinatag, kahit na ang lungsod na ito ay may populasyong umaabot sa labingwalong-milyon (18,000,000), labingwalo (18) lamang ang disipolong ipinadala sa Boston. Lubos na naniniwala si Kip na nararapat na isa lamang ang simbahang may "tunay na dedikadong" mga disipolo – gaano man ito kaliit – ang kakailanganin upang ebanghelisahin ang buong lugar ng metropolitan – gaano man din ito kalaki. Kaya nang nasa rurok na ito ng tagumpay noong taong 2001, ang ***New York City Church*** ay umaabot na sa bilang ang dumadalo sa pitong-libo (7,000).

Noong 1985, ang Toronto, Canada ang naging ikalawang internasyonal na pagtatatag ng ***Boston Movement.*** Lubos na pinagpala ng Panginoon ang kongregasyong ito na nagkaroroon ng isandaang pagbabautismo noong kanilang unang taon!

Noong 1986, itinatag naman ang simbahan sa Johannesburg, South Africa. Ginamit ng Panginoon ang pagkatatatag na ito sa makapangyarihang pamamaraan upang luwalhatiin ang Kanyang ngalan sa lahat ng nasyon, upang patunayan na ang mga "itim" at "puting" disipolo ay hindi lamang aksidenteng sabay na nilikha, bagkus para sa karangalan ng Panginoon, ay niyakap ang bawat isa para sa "isang simbahan" sa gitna ng matinding ***apartheid*** o isang panlipunang sistema ng matinding diskriminasyon sa karapatan ng mga "itim" laban sa "puti" at sa ilalim ng nagbabadyang ekstremismo. Itinatag din ang Paris at Stockholm noong 1986, na siyang

nagpatunay na ang wika ay hindi mahalagang balakid sa gawain ng misyon ng Boston Movement.

Noong 1987, dumating naman ang pagkatatatag ng simbahan sa lungsod ng Mexico sa Mexico; Buenos Aires sa Argentina; pati na rin ang Hongkong sa China. Kasama na rin ng pagdedetalye sa istorya ng LA na pinangalanang ***Revolution***, ***Multiplicity***, at ***From Here to Eternity*** – minarkahan ng pangyayaring ito noong 1987 ang matinding pagbabagong naganap mula sa mga simbahang malaki ang pagkakaiba sa bawat isa na mag-aabandona ng awtonomiya para bumuo ng isang “pang-buong mundong kapatiran” na magtatatag ng sentral na pamumuno. Nasusulat sa maraming mga artikulo na ang awtonomiya ay ang demonyong sumisiguro na ang mundo ay kailanman hindi na maeebanghelisa sa ating henerasyon.

| | |
|---|---|
| 1987 – ***Friends are Friends Forever*** | 1988 – ***World Brotherhood*** |
| 1988 – ***Disposition Diseases*** | 1992 – ***Year of the Bible*** |

Noong 1988, ang Bombay sa India; Cairo sa Egypt; at Tokyo sa Japan ay itinatag. Ang pagkatatatag sa Tokyo na itinayo sa ***Mainline Yoyogi-Hachiman Church of Christ foundation*** noong 1950 na itinatag naman ni George at Irene Gurganus – na silang mapagmahal na itinuturing ni Kip na kanyang mga ***“Spiritual Grandparents.”***

Noong 1989, nagkaroon ng pitong pagtatatag na kung saan ang mga ***mission teams*** na kolektibong binubuo ng isandaan at dalawampung (120) lider na tuon sa Usaping Pang-Bibliya ay ipinadala mula sa Boston sa Honolulu sa Hawaii; Los Angeles sa California; Miami Ft. Lauderdale sa Florida; Seattle sa Washington; Washington DC; Manila sa Philippines at sa Bangkok na matatagpuan sa Thaiand.

Noong 1990, ang mga McKean ay lumipat mula sa Boston at nagtungo sa Los Angeles upang maging inspirasyon sa iba pang mga lider ng simbahan nasa ilalim ng movement sa pamamagitan ng pangunguna ng isang maliit na simbahan kaysa sa ibang kongregasyon ng ***Boston Movement*** – dahilan upang mas madali itong gayahin. (Ito ay mula sa Los Angeles noong 1991 na ang Moscow sa Russia ay itinatag) Matapang at personal na pinamunuan nina

Kip at Elena ang ***mission teams*** patungo sa Manila, Bangkok at Moscow! Noong kanilang unang taon sa Manila, nasa apat na raan ang binautismuhan para kay Kristo! Sa unang taon naman nila sa Moscow, umabot sa walong daan at limampu (850) ang kanilang nabautismuhan!



Larawan ni Kip ng ***Moscow Mission Team*** noong Hulyo 9, 1991 – ang araw nang makarating sila sa Moscow! (Si Elena ay matatagpuan sa dulong kanang bahagi ng larawan)

Ayon sa tala, noong tag-araw ng 1989 matapos maitatag ang simabahan sa Manila, matapang na inilipat niya ang kanyang pamilya sa Cairo makalipas ang pito sa orihinal na walong miyembro ng ***mission teams*** – na pawang mga Amerikano – ay idineporta ng gobyerno. Ito ay napakasensitibong desisyon para kay Kip, Elena at sa kanilang mga anak. Nadama ni Kip na kung siya ay magtatalaga ng mga mangangaral sa mga lugar na kung saan ay maaaring maging delikado ang kanilang mga buhay gaya ng Gitnang Silangan, siya mismo ay nararapat na maging ehemplo ng pagpapakita ng ganitong uri ng radikal na lebel o antas ng pananampalataya at sakripisyo. Hindi lamang sa Cairo, kundi maging sa lahat ng mga taon niya sa ministri hanggang sa kasalukuyang panahon, ay palagiang mayroong banta sa buhay ni Kip at mangilan-ngilan sa

kanyang buong pamilya dahil sa kanyang pangangaral tungkol sa katotohanan ay ang nagiging rason upang tumindi ang poot ni Satanas. (Rebelasyon 2:13, 12:17)



Noong 2011, ang abogadong taga-Ehipto na si John Beshai na siyang bayani ng ebanghelisasyon ng Gitnang Silangan ay sumali at naging bahagi ng ***SoldOut Movement***! Si John ay nanumbalik sa Ama noong Setyembre 1, 2013.

Ang matinding kaibahan ng ***Boston Movement***, hindi lamang sa paraang ang mga disipolo ay lumilikha ng kapwa disipolo, kundi ang mga simbahan ay nagtatatag din ng marami pang simbahan. Itinatag ng ***Boston Church*** ang lahat ng "pundasyong simbahan," na "nagtatag din ng iba pang mga simbahan," at magtatatag din ng iba pa. Noong taong 2001, noong panahon ng kanyang sabatikal, mayroon nang halos apat na raang (400) na simbahan sa isandaan at pitumpu't isang (171) nasyon at isang pinagsamang delegasyon ng labinlimang (15) simbahan na mayroong higit sa tatlong-libo (3,000) ang bilang! Ang ganitong bilang ay lubhang napakalaki kung ikukumpara sa ***Mainline Churches of Christ*** o sa alinmang denominasyonal na grupo. Walang naitala kailanman sa kasaysayan na mayroong simbahan ang naging ganito kabilis ang paglago at maging sa iba pang mga nasyon!

Mula noong taong 1981 hanggang sa kabuuan ng dekada otsenta (80's), ang matinding nagsusog ng pagpapalawak na ito ay pagdating ng mayroong dalawanlibong (2,000) kabataan mula sa iba't ibang elemento ng ***Mainline Churches of Christ***, lalong-lalo na ang mga mula sa ***"Crossroads Campus Ministry Churches."***Lumipat sila sa Boston o sa isa sa mga simbahang itinatag ng Boston Church of Christ upang maging mga disipolo o magpalakas pa bilang mga

disipolo, at ang masanay pa na maging kabahagi ng ***mission teams***. Ang mga taong ito – na karamihan ay pawang mga lider – ay nasa ilalim ng pagpapala ng Panginoon at silang nagtataglay nang hindi inaasahang paglago na bunga ng kapangyarihan ng Espiritong nagmula sa Boston at sa kanyang mga inanak na simbahan. Sila rin ay ang mga tinaguriang "***remnant disciples***." (Isaias 10:20-22) Isinadokumento ni Kip ang nakasasabik na Biblikal na penomenang ito ng Panginoong tinitipon ang kanyang mga alagad sa ***Revolution Through Restoration Part 1 and 2.***

Kung pagbabalik-tanawan, isa sa nakamamanghang aspekto ng batang kilusang ito ay ang karamihan sa mga "***remnant disciple***" ito ay pawang mga lider na may maraming pilosopikal at doktrinal na tunggalian sa bawat isa. Sa kabila ng mga ito, gumawa si Kip ng mga hakbanging magiging daan upang magkaroon ng pagkakaisa sa pagitan ng mga lider na ito na nagmula sa Kasulatan at tinawag sila upang magtulungan para sa isang hangarin o adhikain. (Pilipo 1:27; 2:1-4) Sa mga panahong ito, ang mga "magkakatuwang sa ebanghelyo" ay ang tumulong sa kanilang "isuko" ang kanilang mga makasariling perspektiba at maging isa para sa pagtupad ng "nag-iisang pangarap."

Mula sa isang nakalulungkot na sulat noong 1987, nang mga panahong ang ***Atlanta Church of the Boston Movement*** ay "itinatag" dahil sa mga naging suliranin sa ***"Crossroads Ministry Congregation***," sa makasaysayang pagkakataongito, ang ***Crossroads Church of Christ*** ay makasalanang niligwak ang mga McKean, ang ***Boston Church of Christ***, at maging ang lahat ng mga simbahang kasama nitong itinatag. Walang usapan o debateng naganap, ang pangyayaring ito ang bumuo ng sigalot sa pagitan ng ***Boston Movement*** at sa ***Crossroads Movement*** na naging dahilan din ng malaking pagbaba ng bilang ng mga mananampalataya noong 1985 matapos ang pag-alis mula sa ***full-time ministry*** ng kanilang lider na si Chuck Lucas dahil sa mga personal na rason.

**Ang Central Leadership – Ang World Sector Leaders**



Ang ***World Sector Leaders*** noong 1992 – Mga nasa unang hanay: Bob Gempel, Kip McKean, Phil Lamb at si Al Baird. Ang mga nasa ikalawang hanay: Marty Fuqua, Scott Green, Doug Arthur, Randy McKean, Steve Johnson at si Frank Kim.

Noong 1988, dahil sa napakabilis na pagkalat ng mga simbahan, maraming mga kapatid sa pananampalataya ang nanghikayat kay Kip na ituon na lamang ang sarili sa kaunti subalit "may kakayahan at mapagkakatiwalaang mga tao." (Exodo 18:13-26) Makalipas ang anim na buwan ng pagdarasal at maraming diskusyunan, pumili sina Kip at Elena ng siyam na mag-aasawa: sila Doug at Joyce Arthur, Al at Gloria Baird, si Tom at Kelly Brown, Bob at Pat Gempel, Scott at Lynne Green, Steve at Lisa Johnson, Frank at Erica Kim, Phil at Donna Lamb at sina Randy at Kay McKean.  Ang mga lider na ito – na personal na sinanay ng mga McKean para sa ministri – ay silang mga nakilala bilang "***World Sector Leaders***."

Ang pangyayaring ito ay lubos na naging mahalaga sapagkat ang ***Mainline Church of Christ*** ay naniniwala sa awtonomiya – ang independensiya ng bawat kongregasyon. Ang awtonomiya ay praktikal na nangangahulugang ang lahat ng mga pinal na desisyon tungkol sa kongregasyon ay gagawin ng mga nasa lokal na pamumuno. Naniniwala silang mabuti ang pakikipag-usap tungkol sa mga usaping pamumuno sa ibang kongregasyon, subalit nararapat ay walang mas nakatataas na awtoridad na maaaring makapagbigay ng mga direktiba sa mga bagay na may kinalaman sa: pag-aksyon sa mga mahihirap na sitwasyon, paglilikom at pagpapadala ng pera para sa mga gawain sa misyon, o ang pagtatalaga ng mga disipolong magiging bahagi ng ***mission teams*** na kukumpleto sa pangkabuuang plano. Subalit ayon sa Kasulatan, mayroong isinulat si Pablo tungkol sa isang "***overseeing evangelist***" at si Tito (na siyang ginagabayan ni Pablo) ay nagwikang "Ito ang dahilan kaya iniwan kita sa Creta: dapat mong ayusin ang mga hindi pa ayos

at maglalagay ng ***Elders*** sa bawat bayan ayon sa aking iniutos sa iyo… talagang maraming suwail, mga nagsasalita ng kalokohan at mga manlilinlang… Nararapat silang patahimikin… Samakatuwid, ito ang sabihin mo, itagubilin at iutos ng buong kapangyarihan." (Tito 1:5, 10-11; 2:15) Mula rito, si Kip at Elena, dahil sa kanilang mga pangitain at kumbiksyon mula sa Kasulatan ay bumuo ng isang "***leadership family"*** na kung saan ang bawat mag-asawa ang "gagabay" sa bawat ebanghelisasyon ng "kani-kanilang rehiyon" sa mundo – na siyang kolektibong pumuno sa buong mundo! (Ayon sa tala, noong mga unang taon ng mga ***World Sector Leaders***, ang mga McKean kasama ng mga Baird at ng mga Gempel – bilang mga ***Shepherding Couples*** – na silang gagawa ng mga pangunahing desisyon para sa kilusan. Nang lumaon, ang pamilya ng Arthur, Kim at Johnson ay naidagdag sa grupong ito na gumagawa ng desisyon.)



Sila Kip at Elena kasama sina Bob at Pat Gempel sa Hardin ng ***Getsemane*** na nasa labas lamang ng Jerusalem noong taong 1994.

Noong Enero 1, 1990, ang mga McKean ay nagtungo sa ***Los Angeles Church*** upang pagtibayin pa ito na siyang itinatag naman nina Tom at Kelly Brown noong Agosto ng taong 1989. Bilang kapalit naman nito, ang mga Brown ay ipinabalik sa Boston para rin sa gawain ng pagpapatibay,


at sila Marty at Chris Fuqua ang pumalit sa kanila bilang mga ***World Sector Leaders***.Noong dumating ang mga McKean, ang ***Los Angeles Church*** ay mayroong isandaan at limampu't apat (154) na miyembro. Noong Marso ng taong 1993 na ako'y nabautismuhan, ang mga ***church services*** o pagsisilbi sa simbahan ay lubhang nakagagalak na selebrasyon ng kaluwalhatian ng Panginoon. Nang panahong ding iyon, ang simbahan ng LA ay mayroon ng tatlong-libong tao ang dumadalo at nananampalataya! Lubos na kamangha-mangha noong 2001, sa huling taon ng mga McKean upang pamunuan ang nasabing kongregasyon, mayroon ng sampung-libong (10,000) miyembro na umaabot sa labinlimang-libo (15,000) ang regular na dumadalo tuwing umaga ng linggo, at dalawang-libo't limandaan (2,500) ang nabautismuhan noong taong iyon! Sa espesyal na tala, isa sa aking hindi malilimutang ***worship services*** ng simbahan ng LA ay noong labimpitong-libo sa amin ang nagtipon-tipon sa isang mainit na gabi ng Sabado noong Nobyembre ng taong 1997 sa loob ng isa sa pinamalalaking tanghalan sa buong Amerika – ang Rose Bowl! Sa napakamaluwalhating okasyong ito, ang bisyonaryong sermon o pangangaral na Kip ay pinamagatang ***"The Purposes of God"*** o "Ang mga Layunin ng Panginoon."

Noong taong 1991 din, ang mga McKean ay kinausap sina Bob at Pat Gempel upang maging mga Direktor ng bagong tatag na ***HOPEworldwide*** na bahagi ng kanilang tungkulin bilang mga ***World Sector Leaders***. Ang ***HOPEworldwide*** ay ang paraan ng ***Boston Movement Churches*** upang mas lalo pang makatulong. Ang lubhang kaibahan nito sa ibang mga organisasyong naglalayon ding makatulong sa kapwa ay ang kakayahan ng mga ***World Sector Leaders*** na pakilusin ang lahat ng mga miyembro o kasapi ng bawat simbahan sa lahat ng bansa para sa isang tuong programa ng pagtulong sa mga mahihirap at nangangailangan sa buong mundo.

Noong 1994 naman, ang ***World Sector Leaders*** ng ***Boston Movement*** ay opisyal na ginamit ang pangalan na ***International Church of Christ*** (ICOC). Ang ngalang ito unang ibinigay sa ***Boston Movement*** ni John Vaughn, isang eksperto sa paglago ng mga denominasyonal na simbahan. Mayroon siyang haka-haka na karamihan sa ***mga Mainline Churches of Christ*** ay matatagpuan sa sa ***"Bible Belt"*** ng Amerika, subalit ang ***Boston Movement*** (na sa kanya ay isang parehong plano ng kaligtasan) ay mayroong parehong bilang ng mga kongregasyon na pang-internasyonal gaya ng ginawa nila sa nasyonal. Kaya sa kanyang mga artikulo sa ginawang niyang mga pananaliksik, binigyan niya ng pagkilala ang ***Mainline Churches of Christ*** pati na rin ang ***Boston Movement Churches*** na tuluyang nagbigay ng panibagong ngalan na: ***"International" Church of Christ!***

Noong 1994 din, sumulat si Kip at nagpahayag tungkol sa kanyang bisyonaryong proyekto sa kasalukuyan – ***The Evangelization Proclamation*** o Ang Proklamasyon ng Ebanghelisasyon! Pinirmahan ng mga McKean at ng lahat ng mga ***World Sector Leaders***, nangako sila sa Panginoon na sila ay magtatatag ng mga ***discipling church*** o simbahan ng pagdidisipolo sa lahat ng mga nasyon sa buong mundo na mayroong siyudad o lungsod na may pinakamababang

populasyon na aabot sa isandaang libo (100,000) sa pagsapit ng taong 2000! Ito ay mas nakilala rin bilang ***The Six Year Plan*** o Ang Anim na Taong Plano. Sa pagkakapirma nito, kami ay nasa limampu't tatlong (53) na bansa pa "lamang." Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon, ang monumental na gampaning ito ay naisakatuparan noong Hulyo ng taong 2000! Lubos na hindi inaasahan sa kasaysayan ng Kristiyanidad, na sa loob lamang ng dalawampu't isang (21) taon, naparami ng Panginoon ang "tatlumpu (30) na-magiging-disipolo) sa ***Boston Church*** hanggang sa halos apat na raang (400) simbahan, isandaan at tatlumpu't limang libong (135,000) disipolo sa loob ng isandaan at pitumpu't isang (171) nasyon na may pinagsamang dalawandaang-libong dumadalong mananampalatay tuwing araw ng Linggo!



Ang ***World Sector Leaders*** noong panahon ng taglagas ng taong 1994. Noong panahon ding ito, sina Cory at Megan Blackwell ay naidagdag na sa grupo upang pangunahan ang ebanghelisasyon sa Gitnang Silangan!



Ang ***Women World Sector Leaders*** noong 1998 – Sa unang hanay: Chris Fuqua, Megan Blackwell, Gloria Baird, Elena McKean, Pat Gempel at Kay McKean. Ang mga nasa ikalawang hanay naman ay sina: Donna Lamb, Erika Kim, Lisa Johnson, Joyce Arthur ay Lynne Green.

Ang lubos na naging kalugod-lugod sa kilusan ay ang mga sumusunod na pagtatalagang pampamunuan. Noong mga dulong bahagi ng 1980, hinakayat ni Kip si Cecil Wooten – dalawang beses nang tumanggap ng ***Purple Heart*** noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang dating Ikalawang Pangulo ng ***Chicago Bridge and Iron*** – upang maging Administrador o mamahala sa ***Boston Movement Churches***. Si Cecil ang gumabay at namuno sa koordinasyon ng grupong ito. Noong 1993, hinikayat din ng mga McKean sina Al at Gloria Baird na mamuno sa ***new world sector*** na tinawag bilang ***"Media and Law World Sector."*** Noong panahon ding iyon, sinanay na ng mga McKean si Cory Blackwell – isang dating manlalaro ng basketbol sa NBA – at ang kanyang asawang si Megan para sa ministri, habang itinatatag ang ***"Cross and Switchblade Ministry"*** sa loob ng delikadong kapitbahayan sa Timog-Sentral ng LA. Dahil ang ina ni Cory na isang single mother ay isang debotong Muslim, ang mga Blackwell ay hinikayat ng mga McKean upang maging ***World Sector Leaders*** para sa Gitnang Silangan. (Ang ina ni Cory – si Wazirah – ay sumunod na binautismuhan noong 1999!)



Magkasamang nagfefellowship noong 2013, si Wazirah, ang ina ni Cory Blackwell, at si Elena na itinuturing ni Cory bilang kanyang ***"spiritual mom."***

Isa pa sa naging pagbabago sa pamunuan ng World Sector Leaders ay nangyari noong ang mga Lamb, dahil sa "pampamilya at pangkalusugang usapin" ay isinantabi muna upang makatanggap ng pagpapalakas mula sa Panginoon. (Ang nakalulungkot dito, ang mag-asawang Lamb ay naghiwalay; nawala si Phil sa pananampalataya, subalit nanatiling tapat naman sa pananalig si Donna hanggang sa kamatayan dahil sa kanser noong Diyembre ng taong 2007.) Upang halinhinan ang mga Lamb, na silang namumuno at gumagabay sa Gitna at Timog Amerika na Pangmundong Sektor, sina Peter at Laura Garcia – ang pinagkakatiwalaang kapatid at hipag ni Elena – ang hinikayat upang manilbihan para sa tungkuling ito. Noong 1999, si Cecil na noo'y nasa pitumpung-taong (70) gulang na ay ninais nang umatras mula sa napakahigpit na kahingian ng administrasyon. Bilang resulta nito, sina Andy at Tammy Fleming ay ang mga napiling humalili sa nasabing tungkulin bilang pinaka-lider ng lahat ng mga administrador sa buong ICOC. Ginawa ng mga McKean ito sa loob ng "***Administration World Sector***." Ang huling napiling magiging bahagi ng ***World Sector Leaders*** ay sina Russ at Gail Ewell. Sila ang namuno sa "***NET World Sector***" ***– New Media, Exceptional Children,*** at ***Technology.***

Ang istruktura ng pamunuan ng ***International Churches of Christ*** ay kasing-simple lamang ng pagkamalikhain at pagiging kakaiba nito! Mula sa orihinal na ***World Sector Leaders*** – maliban sa mga Gempel at sa mga Baird na may tungkulin na pamunuan ang grupo – ang bawat isa ay binigyan ng heograpikong responsibilidad. Mula rito ay umusbong ang walong heograpikong ***World Sectors***: ***British Commonwealth*** – ***Great Britain***, ***India***, ***Singapore***, ***Indonesia***, at ***Australia*** (para sa mga Arthur); ***ACES*** – ***Africa***, ***Carribean***, ***Eastern States*** (para sa mga Johnson); ***Europe*** (ang Randy McKeans); ***Pac Rim*** (para sa mga Kim); ang ***Central and South America*** (para sa mga Lamb); ***Northen Federation*** – dating mga nasyon ng ***Soviet Union***; ***Scandanavia***, ***Canada*** at ang ***Western US*** (sa mga Fuqua); ***China*** (sa mga Green); at ang panghuli ang ***Middle East*** (ay iniatas sa mga Blackwell). Ang bawat isa sa pandispolong grupo ng mga mag-asawa sa ***World Sector Leaders*** ay binubuo ng sampu hanggang labindalawa (10-12) na iba pang mag-asawa: isang ***World Sector Administrator***, isang ***World Sector Elder***, isang ***World Sector Teacher***, at mga ***Geographic Sector Leaders*** (mga ***Evangelists at Women Ministry Leaders***.) Isa pa, sa halos lahat ng ***world sectors***, mayroong ***World Sector Media*** at ***Law Couple***. Ang mga Nakatatanda sa ***World Sector*** ay kolektibong tinagurian bilang mga "***Kingdom Elders***." Sila ay pinamumunuan at ginagabayan ng mga Baird. Ang ***World Sector Teachers*** ay kolektibo namang nakilala bilang mga "***Kingdom Teacher***," na kalauna'y pinamunuan ni Andy Fleming. Ang mga Lider ng Heograpikong Sektor o Geographic Sector Leaders (GSL) ay ang siyang gumagabay sa ebanghelismo ng isang rehiyon ng nasabing ***World Sector***. Bilang halimbawa, sa lugar ng ***ACES***, sina Mike at Anne-Brigitte Taliaferro ay ang "mag-asawang lider ng heograpikong sektor" o "***GSL couple***" para sa Africa, at sa Hilagang Pederasyon (***Northern Federation***) naman, sina Sasha at Louisa Kostenko ang nagsilbi bilang "mag-asawang lider ng heograpikong sektor" para sa labinlimang nasyon sa dating Soviet Union – ang Commonwealth of Independent States. Sa ilang panahon, ang bawat isang ***GSL Couple*** ay bumuo ng kani-kanilang pandisipolong-grupo, na esensyal na binubuo ng isang ***evangelist*** at lider ng pangkababaihang ministri para sa bawat nasyon o grupo ng mga nasyon, na kanilaring heograpikong tungkulin o responsibilidad.

Ang ***World Mission's Evangelist – Sabbatical***

Sa pagsisimula ng taong 2001 bilang isang mag-aaral sa kolehiyo sa Boston, ang pinakamatandang anak ng mga McKean ay nag-umpisang kwestiyunin ang kanyang pananampalataya. Kahit na ang lahat ng titiwalag sa pananampalataya ay nararapat lamang na akuin ang buong responsibilidad para sa desisyong ito, kailangang suriing mabuti na ang batang babaeng ito ay hindi makatarungan at napakabigat na hinusgahan – malaking dahilan nito ang mataas na estado ng kanyang mga magulang –at ang pakiramdam na hindi siya minamahal ng maraming miyembro ng kongregasyon ang nagtulak sa kanyang hindi na pagdalo sa mga gawain ng simbahan. (Lukas 17:1-2) Ang payak na pangyayaring ito ang naging dahilan ng suliranin sa pamumuno ng mga McKean sa maraming ***World Sector Leaders***, pati na rin sa mga ***Kingdom Elders*** at ***Kingdom Teachers***. Noong Setyembre ng 2001, ang mga ***World Sector Leaders*** ay

“pinilit” ang mga McKean na sumailalim sa sabatikal o pansamantalang magpahinga sa gawain – subalit nang lumaon, marami ang lubhang pinagsisihan ang desisyong ito.

Taliwas sa aral ng Bibliya, ang kwalipikasyon na inilapat kay Kip ay para sa isang ***elder***, at hindi bilang isang ***evangelist***. Ang primaryang rason ay upang “magabayan” ang isang simbahan, ang isa ay nararapat na “pangalagaan ang kanyang sarilingpamilya (ng maigi o) kung hindi, paano niya mapangangalagaanang simbahan ng Panginoon?” (1Timoteo 3:4-5) Isa pang maling binigkas ay ang nasusulat sa Kasabihan 22:6 na, “Ituro sa bata ang daang nararapat niyang puntahan, at… hindi niya tatalikdan ito.” Inalis sa pahayag na ito ang bahaging “kapag siya’y matanda na.” Ipinagwalang-bahala ang siya naman talagang pinatutungkulan sa bahaging “kapag siya’y matanda na” ay ang mga panahon ng kanilang kabataan na hindi sila naging tapat sa Panginoon, magbabalik pa rin sila sa kaharian sapagkat naging mabuti ang kanilang pagsasanay kung sila’y “tumanda” na. (Ito ay kasalukuyang makikita sa ***SoldOut Movement*** at sa ***ICOC*** ng maraming ulit pa) Ang mas nakalulungkot dito ay ang kakulangan ng biyaya sa lahat ng ***World Sector Leaders***, ***Kingdom Elders*** at ***Kingdom Teachers***. Sa nasa Kasulatan, ang ilan sa mga pinakamagagaling na lider ng Panginoon at ng Israel ay nagkaroon ng mga hindi tapat na mga anak – sina Aaron, Samuel, at maging sa Lumang Tipan ang “lalaking napakalapit sa puso ng Panginoon,” si David – subalit sila’y patuloy at matagumpay na pinamunuan ang “buong Israel.”

Lubhang naapektuhan si Kip ng paglisan ng kanyang minamahal na anak na babae sa pananampalataya, ang “pagkasira” ng kanyang pamumuno, ang pampublikong kondemnasyon ng kanyang “istilo sa pamumuno” at ang Biblikal na pag-aaral na naglayag sa kilusan sa halos lahat ng nasyon. Higit sa lahat, lubhang nawasak ang kanyang puso sa pagkawasak ng malaking bilang ng mga simbahan na dumating noong 2003. Bahagyang malinaw ko pang naaalala ang mga madidilim na araw ng sabatikal o pansamantalang pamamahinga noon ng mga McKean. Pagkatapos kong magtrabaho noon sa kompyuter ni Elena noong 2002, bumaba ako sa hagdanan upang makita ang nakalulunos na sinapit ng aking kaibigan at lider, labis na kalungkutan ang nadarama dahil sa kondisyon ng pamilya ng Panginoon at nasasaktan dahil sa pagkasira ng mga relasyon ng mga umabandona sa kanya sa panahon ng kanyang matinding pangangailangan. Ang mga salitang nabitawan ko lamang noon ay, “Kip, hindi ko alam kung ano ang maaari kong sabihin sa iyo. Subalit, alam ko na ang buong Kaharian sa buong mundo ay unti-unting nawawasak sa paligid natin at kailangan mo nang ‘bumalik sa kabayo’.” Mula sa kalakasan ng Panginoon na natagpuan sa kahinaan, ito ang kanyang ginawa.

Sa loob ng nakalipas na sampung taon sa kanyang parehas na sermon at mga sulatin, si Kip ay madaling maapektuhan sa kanyang pakikipagtunggalian sa kasawian, nagiging malungkutin ang hindi motibado, kasama na rin ang manaka-nakang pagliko at pagiging bahagyang malayo sa kanyang lakbayin kasama ng Panginoon sa halos isang taon at kalahati ng kanyang sabatikal o

pansamantalang pamamahinga. Bukas na nangumpisal si Kip na ang mga ito ay senyales ng napakadalang na kinikilalang “pitong nakamamatay na kasalanan” – ang “***acedia***” na ang maraming mga ***remnant disciple*** ay dinanas ang mga parusa. (2 Corinto 7:10; Hebreo 12:3, 15)

Basahin ang artikulo ni Kip patungkol sa Acedia

Noong tag-araw ng 2002, ang mga McKean ay inimbitahan sa isla ng Bald Head sa North Carolina, na matatagpuan malapit sa lugar kung saan natuyot ang ilog ng Cape Fear patungo sa Atlantika. Ang mga sumusunod ay isinulat ni Kip sa ***Revolution Through Restoration***, Ikatlong Bahagi.

“Sa katubigan sa labas ng dalampasigan na kilala bilang Cape Fear, ay mayroong napakalaking, rumaragasang alon habang ang mga daluyong ng Karagatang Atlantiko ay nakikipagtagisan sa daluyong ng ilog ng Cape Fear. Makasaysayang nagresulta ang tunggaliang ito sa paglubog ng maraming mga barko. Nagkaroon ako ng panahong makasama ang Panginoon sa Cape Fear. Nang lumaon ay napansin ko na kung saan dapat may isang parola, ay mayroo’ng isang pundasyong para sa panahon. Ito ang aking isinulat noong mga panahong iyon.”

**Ang Salmo ng Cape Fear**

*Ang ragasa ng nagtatagisang agos*

*Ang siyang nagpalubog sa aking pananampalataya.*

*Lumisan na ang pagoda*

*At ako’y nawala sa tunguhin.*

*Ako’y nag-iisa at nadarama ang galit ninyo Panginoon*

*Mula sa inyong mga salita’t mga taong tila mga kaaway,*

*Na noo’y itinuturing akong kaibigan at puno.*

*Naluwalahati ako sa inyong mga pagkapanalong*

*Katangahan kong itinuring na akin*

*At ngayong itinutulak ako ng inyong kamay sa ilalim ng agos*

*Dahil sinamba ko ang aking sarili, at hindi ang iyong biyaya.*

*Ako’y kalunos-lunos sa gitna ng walang katapusang pasakit*

*Mula umaga hanggang gabi,*

*Sa aking pagtulog lamang ako napapayapa sa tuwing ipipikit ang mata.*
*Subalit ang panaginip ko'y puno ng dusa't kadiliman.*
*Dahil ang iyong kaliwanagan ay nawasak na.*

*Lunod ng pagkaawa sa sarili at pait ang nangingibabaw.*
*Alam mong hindi ko na kayang higit na tiisin pa.*
*Nahihintakutan ako para sa kilusan.*
*Nahihintakutan ako para sa aking pamilya.*
*At lubos akong nahihilakbot para sa aking kaluluwa.*
*Naisip kong mamatay na lamang*
*Subalit napagtanto kong ang tanging maghihintay sa akin*
*Ay ang hindi nagwawakas na malisyosong presensya,*
*At tuluyan nang malayo sa iyo.*

*Alam kong ang palagiang pagluha ay para sa akin,*
*Ito ay dahil ika'y aking nabigo*
*At lubusang nasaktan dahil sa aking mga kasalanan.*
*Nawa'y patawarin mo ang aking kahambugan.*
*Nalito ako sa aking mataas na pagtingin sa sarili*
*Tinalikdan ko ang iyong hatid na karunungan sa akin.*
*Tumigil akong hilingin ang gabay ng iyong Salita*
*at maging ng aking mga kapatid na propeta.*

*Hayaan mong magbalik ang aking puso*
*Sa payak at walang-hanggang panahong yaon*
*Kung saan ay unang beses kong nasilayan ang 'yong parola.*

*Sa payapang dagat ng pagbabautismo*

*Tumugon ako sa'yong Salita.*

*At unang nadama ang yakap mo Ama*

*Noon lamang sa nakalipas na tatlong dekada.*

*Ako'y napoot sa'yong mga kaaway na mapagbalat-kayong mga propeta*

*Silang mga hipokritong lider ng 'yong mamamayan*

*'Pagkat niligaw nila ako at ang mundo sa kamalian.*

*Dinurog ako ng kanilang kahambuga't kasalanan.*

*Subalit dahil sa'yong Makapangyarihang Kamay, kahit noong unang man*

*Binigyan mo ako ng lakas upang kabakahin sila.*

*Ngayon ako'y sila na rin. Wala na akong mapagmahal na relasyon*

*Tanging matinding napopoot na komprontasyon.*

*Silang mga propetang aking sinanay ay may lubhang galit*

*Dahil sa pagkakamaling naihatid ko sa kilusan.*

*Kaunit na lamang ang nakaaalala ng aking mga ginawa,*

*Sa aking impluwensiya ri'y halos wala na nga,*

*Ikaw lamang ang sa 'king puso'y tunay na nakakikilala.*

*Ama, pamunuan mo akong itayong muli ang dating parola.*

*Kung hahayaan ng inyong habag, tutulong po akong iyo'y mabuo.*

*Ngayo'y nangangako sa inyo na hindi na ako lalangoy palayo .*

*Ngayo'y nangangako sa inyong ibibigay ang lahat.*

*Upang marating lamang ang nasabing pampang.*

*Hindi ako susuko.*

*Napagtanto kong ang aking sakripisyo'y hindi sa inyo nagdulot ng kasiyahan.*

*Habang ang aking puso'y nawala na ng kaliwanagan.*

*Pagkat ang nais mo'y isang wasak na pusong puno lamang ng pagsisisi.*

*Ang mga dalanging ito lamang ang insenso ng Kalangitan.*

*Ngayo'y nangangakong magsisikap na maging isang disipolo lamang.*

*Isinusuko na ang ambisyong mamuno*

*Hanggang pinuhin mo ito sa lagablab ng kritisismo.*

*Hindi na ako maaapektuhan pa ng kahit anong wikain*

*Ng midya, ng mga kaaway at maging ng aking mga kaibigan.*

*'Pagkat ito ang nagdala sa akin sa Cape Fear*

*Tanging ang iyong pagpapasya ang aking sasanguniin.*

*Ang aking taos-pusong panalangin ay*

*Hayaan mo ako kasama ng aking pamilyang*

*Mapagwagian ang daluyong ng rumaragasang agos.*

*Hayaan mong ang iyong kaliwanagan ay lubos na magningning*

*Upang kayanin naming tuluyang malagpasan ang lahat ng ito.*

Nagpatuloy si Kip sa Ikatlong Bahagi ng ***Revolution Through Restoration*** habang siya'y nagmumuni-muni kung paanong ang kanyang mga kasalanan ay nakaapekto sa kilusan:

Noong panahon ng sabatikal, tinuruan ako ng Panginoon na akuin ang responsibilidad ng aking pamumuno sa Kaharian, ang mga desisyon ng ***World Sector Leaders***, at ang ispiritwal na kondisyon ng bawat miyembro ng aking pamilya. Ang aking mga kasalanan ay lubhang malinaw at nakapanlulumo. Ako ay naging lubusang hambog, na laging iniisip na ako'y tama. Hindi ako nakinig. Hndi ko aktibong hiningi ang ***discipling*** sa akin at sa aking pamilya. Ako ay bahagya

lamang bukas at ang kasinungalingan ay nanahan sa aking buhay. Ito ang nagbunsod sa kasanalan ng galit tungo sa mga taong sumalungat sa akin. Madalas, tinitignan ko ang mga taong ito bilang mga kritikal. Hindi ako nagtatalaga ng iba pang mga tao. Nakabuo ako ng isang atmospero kung saan ang mga tao ay takot na magsalita. May mga pagkakataon na kapag itinatama ko ang mga tao na ako ay masyadong mapagmalaki, marahas at minsa'y napahihiya ko pa sila. Masyado akong naging mapangontrol. At dahil dito ako'y humihingi ng kapatawaran. Ako ay lubos na humihingi ng tawad.

Pinakamahalaga, ang aking pinakamapanirang kasalanan ay ang pag-ako ko ng mga tagumpay ng Panginoon bilang akin. Sa aking pagiging mapagmataas, nagyabang ako sa "aking" mga naisakatuparan. Hinayaan kong luwalhatiin ako ng ibang tao; hindi ko naibalik ang tuon nila sa Panginoon. Kahit na may ibang mga nagsasabing ang "paglago ay ang panginoon," hindi kailanman ito naging totoo. Ang layunin ko ay, tulad pa rin ng dati, ang "makakuha ng mas marami pang kaluluwa hangga't maaari." (1 Corinto 9:19) Sa kabilang banda, ang mga tao ay nagkaroon ng maling motibasyon nagkasala dahil sa aking masyadong pagkakatuon sa numerikong layunin at akawntabilidad, subalit patuloy naman akong naniniwala sa akawntabilidad kung ito ay magagamit sa mas maayos na paraan gaya ng ginawa ni Hesus. (Marcos 6:30) Sa pagbabalik-tanaw, nakita kong maraming mga lider ang hindi tinularan si Kristo sa akin, bagkus ang aking hindi makadiyos na mga ugali sa pamumuno, at ngayo'y nasasaktan sila dahil sa mga taong sinaktan din nila. Ikinukumpisal ko ang mga kasalanang ito habang ibinabahagi ang aking sabatikal na paglalakbay sa Pangkaisahang Pagpupulong sa LA (partikular sa Long Beach) noong Nobyembre ng taong 2002.

Isang ***evangelist*** ang tinagurian ang Salmo ng Cape Fear na "Ika-51 Salmo ni Kip." Bilang kanyang mga pagkukulang sa kanyang pamilya, mapagkumbabang ibinahagi ni Kip na, "Kahit na naniniwala si Elena at ako na napalaki namin ang aming mga minamahal na anak tungo sa Panginoon na ang bawat isa ay nabautismuhan at nanatiling tapat sa pananampalataya noong panahon ng kanilang paglaki, ang aking pinakamalaking pagsisisi ay ang pagkakalagay ko sa aking mga anak sa isang pedestal sa harap ng kilusan. Ito ay nagdulot sa kanila ng lubhang tensyon at ispiritwal na nasaktan sila habang minsa'y nadarama nilang hindi na sila nakasasabay pa. Humingi ako ng kapatawaran sa bawat isa sa kanila dahil dito. Ako'y kanilang napatawad, at nanatiling malapit sa isa't isa ang aming pamilya. Palagian akong nagdarasal at buong pusong naniwala dahil sa mga makadiyos na pagsasanay na natanngap ng bawat isa at isang araw na 'sila ay (matanda na)' ay babalik sila sa Panginoon.

Tinuruan ng Panginoon si Kip ng isa sa pinakamahalagang aral tungkol sa kanyang mga pagkakasala sa kanyang panunungkulan pagdating sa mga mahihina. Isinulat niya na, "Ang Panginoon ay may kakaibang uri ng mapang-uyam na hustisya. Upang alisin kay Hakob ang kanyang hindi tapat na gawi, inilagay ng Panginoon si Hakob sa ilalim ni Laban, isang taong labis

na sinungaling. Upang ipakita sa akin kung gaano ako kamanhid at sa katotohana'y walang-awa sa loob ng ilang panahon na kasama ko ang ilang mga mahihina, inilagay ako ng Panginoon sa ialim ng kalungkutan at – mula sa aking punto de vista o pagkakaintindi – hindi mapagpatawad na mga kapatid na hindi man lamang magbibigay ng kahit katiting na awa o benepisyo sa mga nagugulumihanan, kahit na nadama kong marami na akong nagawa para sa kanila sa nakalipas na maraming panahon. Lubos akong napahiya sa mga kahihiyan at lubhang nagngalit sa punto ng konsiderasyong lilisanin ko na ang Panginoon. Natutunan ko na ang awang ipinahayag sa pamamagitan ng kabaitan, kapatawaran at kapayapaan – ay hindi lamang paraan ng Panginoon upang hikayatin at pagtibayin ang mga napanghihinaan, ngunit ang tanging daan lamang upang mapanatili ang kilusan ng sama-sama. Sa lahat ng mga pagsubok na ito, ang aking mahal na asawa ang nagbigay ng halimbawa kung paanong ang isa ay dapat mahalin ang mga napanghihinaan sa pamamagitan ng pananatili sa aking tabi kasama ng "hindi matatawang at walang-hanggang pagmamahal."

Ang mga aral na ito ay masakit na natutunan sa pamamagitan ng disiplina ng karanasan na hinayaan ng Panginoon si Kip "bilang isang anak" upang kanyang kayanin ito. (Hebreo 12:5-11) Sa kabilang banda noong Hulyo ng 2003, si Kip – kahit na lubos na napanghinaan dahil sa dami ng mga pagsubok na ito – ay naging isang "nabagong tao." Siya ay pinalakas ng pagsisisi, at ang Espiritu ay ipinadala siya sa Portland upang muling buuin ang kanyang pananampalataya gamit ang mga aral na ito na tuluyang nagmarka sa kanyang puso. (Gawa 3:19)

**Ang Pagkasira Ng Isang Global Na Kilusan**

Mula sa simula ng sabatikal – nakagugulatsa marami sa atin – karamihan sa ***World Sector Leaders*** ay nabigong suportahan ang mga McKean sa panahon ng kanilang krisis. May ilan din sa ***World Sector Leaders*** ang sumang-ayon dito dahil sa hindi pagiging tapat sa pananampalataya ng anak ng mga McKean, at sila'y hindi na bagay upang mamuno pa. Ang ilan sa mga indibidwal na ito ay patuloy na nagngalit ay sa kanilang mga pahayag na, "Ang mga McKean ay mayroong napakataas na ekspektasyon sa atin at sa ating mga simbahan." At ang iba naman, na nanahimik sa loob ng ilang taon, ay bukas na nagpahayag ng, "Bakit ang 'ating mga simbahan' ay kinakailangang mag-ambag ng pera sa ***HOPEworldwide*** maging sa ***Central Missions Fund***?" Kaya ang mapagpahamak na pagnanasang ito na magsarili pati na rin ang pagdadalawang-isip kung ang mundo nga ba talaga ay kayang ebanghelisahin sa loob lamang ng isang henerayon ay nag-umpisang kumalat sa ***World Sector Leaders*** na naging dahilan ng kanilang pagkakaparalisa.

Mula sa puntong ito, awa, kapatawaran at ang kasalukuyang pagsuporta sa pamunuan ng mga McKean mula sa bahagi ng ***World Sector Leaders*** ay sana'y nakapagligtas sa ICOC sa pagbagsak nito. Walang pag-aalinlangan, ang mga McKean ay mapagkumbabang humiling ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at pagkukulang sa maraming okasyon at maging sa pagbalong ng

mga luha sa pagbabahagi ng Kasulatan sa wakas nito. Sa kabila ng lahat, walang awa ang naibigay habang ang ***World Sector Leaders*** ay nahintakutan habang dumarami ang bilang ng mga matitinding pag-atake kina Kip at Elena. Malinaw na kung babalikan ang puntong ito, isang "***domino effect***" o unti-unting pagpapatuloy ng "mapang-uyam na hustisya ng Panginoon" ang nag-umpisang mangyari. Habang ang ***World Sector Leaders*** ay tinanggihan ang isyu ng pagkakaugnay sa mga McKean, ngayon ay karamihan sa mga Lider na ito ay unti-unti nang dinudurog ng walang awa ng mga nasa ilalim ng kanilang pamumuno dahil sa mga parehong mga usapin: relasyon sa kanilang mga asawa, ang mga gawi ng kanilang mga anak, at ang kanilang istilo sa pamumuno.

Mula sa simula ng sabatikal – nakagugulatsa marami sa atin – karamihan sa ***World Sector Leaders*** ay nabigong suportahan ang mga McKean sa panahon ng kanilang krisis. May ilan din sa ***World Sector Leaders*** ang sumang-ayon dito dahil sa hindi pagiging tapat sa pananampalataya ng anak ng mga McKean, at sila'y hindi na bagay upang mamuno pa. Ang ilan sa mga indibidwal na ito ay patuloy na nagngalit ay sa kanilang mga pahayag na, "Ang mga McKean ay mayroong napakataas na ekspektasyon sa atin at sa ating mga simbahan." At ang iba naman, na nanahimik sa loob ng ilang taon, ay bukas na nagpahayag ng, "Bakit ang 'ating mga simbahan' ay kinakailangang mag-ambag ng pera sa ***HOPEworldwide*** maging sa ***Central Missions Fund***?" Kaya ang mapagpahamak na pagnanasang ito na magsarili pati na rin ang pagdadalawang-isip kung ang mundo nga ba talaga ay kayang ebanghelisahin sa loob lamang ng isang henerayon ay nag-umpisang kumalat sa ***World Sector Leaders*** na naging dahilan ng kanilang pagkakaparalisa.

Mula sa puntong ito, awa, kapatawaran at ang kasalukuyang pagsuporta sa pamunuan ng mga McKean mula sa bahagi ng ***World Sector Leaders*** ay sana'y nakapagligtas sa ICOC sa pagbagsak nito. Walang pag-aalinlangan, ang mga McKean ay mapagkumbabang humiling ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at pagkukulang sa maraming okasyon at maging sa pagbalong ng mga luha sa pagbabahagi ng Kasulatan sa wakas nito. Sa kabila ng lahat, walang awa ang naibigay habang ang ***World Sector Leaders*** ay nahintakutan habang dumarami ang bilang ng mga matitinding pag-atake kina Kip at Elena. Malinaw na kung babalikan ang puntong ito, isang "***domino effect***" o unti-unting pagpapatuloy ng "mapang-uyam na hustisya ng Panginoon" ang nag-umpisang mangyari. Habang ang ***World Sector Leaders*** ay tinanggihan ang isyu ng pagkakaugnay sa mga McKean, ngayon ay karamihan sa mga Lider na ito ay unti-unti nang dinudurog ng walang awa ng mga nasa ilalim ng kanilang pamumuno dahil sa mga parehong mga usapin: relasyon sa kanilang mga asawa, ang mga gawi ng kanilang mga anak, at ang kanilang istilo sa pamumuno.

Sa mga aral at lokal ng mga pulong ng ***Kingdom Elders*** at ***Kingdom Teachers***, matindi nilang inatake ang "hirarkikal na istruktura ng ICOC," na kung saan sila ay nasa ilalim lamang ng mga

McKean at ng ***World Sector Leaders***. Ayon na rin sa naunang naitala, ang ganitong uri ng piramidong pamunuan ay praktikal na aplikasyon ni Kip ng Exodo 18:13-26, at ang naging behikulo na ginamit ng Espiritu upang ipalaganap ang ebanghelyo sa isandaan at pitumpu't isang (171) nasyon. Mas marahas nilang inatake si Kip nang lumaon sa kanyang "mahigpit na pamamaraan ng kanyang pamumuno at pangangaral" at tinagurian itong: "Militaristikong istilo ni Kip bilang anak ng isang admiral."

Ang pangunahing tao sa hindi makadiyos na rebelyong ito ay si Andy Fleming, na lider ng mga Guro sa Kaharian o ***Kingdom Teachers***, at si Scott Green, na silang dalawa'y ***World Sector Leaders*** na may kaugnayan sa ***Mainline Church of Christ***. Sina Fleming at Green, kasama nila Gordon Ferguson, Douglas Jacoby at Sam Laing – mga ***Kingdom Teacher*** – maging sina Wyndham Shaw at Bruce Williams – ***Kingdom Elders*** – ay nag-umpisang magtuon ng kanilang mga trabaho upang "maling" mangaral laban sa mga Biblikal na konsepto ng isang sentral na pamumuno na may isang sentral na lider para sa mga mamamayan ng Panginoon, na naging dahilan ng pagbabalik sa ICOC sa "Teolohiyang ***Mainline*** sa Awtonomiya." Gumamit sila ng malayang deklarasyon ng "kaalaman" at nagproklamang ang mga ito ay "mas mabuti at mas matyur na mga aral." (Jaime 3:13-16) – gaya ng awtonomiya at ang "***discipling*** ay opsyonal lamang at hindi isang utos" – na siyang magiging dahilan upang "ang Kaharian" ay lubhang maging "malusog o masagana." Nakalulungkot man, subalit muling nilinaw sa pagbabalik-tanaw na ang ganitong mga "mas mabuting mga aral" at ang kanilang "kaalaman" ay magsisilbi lamang upang itigil ang paglaganap ng kilusan ng Panginoon, lituhin at paghiwa-hiwalayin ang mga disipolo, at iligtas ang iilang tao lamang.

Sa Mateo 7:15-16, pinunto ni Hesus sa kanyang pangangaral ang pahayag na ito, "Bantayan ninyo ang mga mapagbalat-kayong mga propeta. Darating sila sa inyong parang mga maamong tupa subalit sa katotohana'y sila ay pawang mga mababagsik na lobo. Makikilala ninyo sila sa kanilang bunga." Ang isang Arabyanong-lobo – isang maliit, puting lobo na nasa Israel at ang siyang tinutukoy ni Hesus – ay isang napakahirap na kilalanin mula sa mga puting tupa na may kaparehong laki. Naglalakbay silang magkakasama o nasa isang grupo ay mabangis na lalapain ang mga nag-iisang tupa at sisirain ang isang buong grupo ng mga tupa. Samakatuwid, ayon kay Hesus, ang isang matalinong Kristiyano ay dapat suriing maigi ang kondisyon ng "ispiritwal na grupo" at maging mapagmasid sa kung sino ang tupa sa hindi. Bilang karagdagan, sa pagsusuri "sa bunga" ng debastasyon ng grupo ng mga kaluluwa sa ***ICOC*** sa buong mundo dahil sa "mapagbalat-kayong mga aral," ito ay lubos na kapansin-pansin – kahit na labis na nakabibigla sa iilan at napakahirap tanggapin – ang mga minsa'y naging makapangyarihan at tinitingalang mga mangangaral at pastol ay naging mga "mapagbalat-kayong mga guro." (2 Corinto 11:13-15)

Pagkatapos ng pagsisimula ng sabatikal ng mga McKean noong 2001, ang namuno sa "bagong direksyon" ng ***LA ICOC*** ay si Bruce Williams, na siyang aking mentor sa loob ng unang walong

taon ko bilang isang disipolo ni Hesus. Pinili ni William na palaganapin ang mga kasiraan tungkol sa mga McKean at ang “bagong mga aral” sa pamamagitan ng “Usapang Pang-Pamilya,” na binubuo ang bawat isa ng dalawampung (20) Kristiyano. Si Williams – ay pinalakas ang kanyang impluwensiya sa tulong ng mga kasamang nakatatandasa ***LA ICOC*** na si Al Baird, na ***World Sector Leader*** –nilibot ang anim na bansa ng ***metropolitan LA***, at mapagbalat-kayong nangangaral sa mga tao na ito ay personalidad ni Kip, ang kanyang “militaristikong paraan ng pamumuno,”maging ang kanyang pagiging walang-kakayahan upang pamunuan ang kanyang sariling pamilya ang naging kamatayan ng ating mga simbahan. Tatlong ***deacons*** mula mismo sa rehiyon ni William kasama na rin ako ang bukas na nakipagsubukan sa kanya at sinabing itigil na niya ang pagpapakalat ng paninira.

Sa kabila ng kaalamang ako ay palagiang nakikipag-ugnayan kay Baird bilang kanyang personal na ***computer consultant*** sa loob ng dalawang taon, nakipag-ugnayan si Williams kay Baird at ipinatawag ako para sa isang ***call conference*** kung saan ay kanilang iginigiit ang pahayag na ito’y lubos na nalalaman ng mga nasa pamunuan at mayroong buong pagpayag ang mga McKean tungkol sa sitwasyon ng kanilang mga anak. Isinapraktika ko ang nakasulat sa Mga Kasabihan 18:17, na pagtatangkang kumperensya kay Kip. Sa kabilang banda, sa pagkakataong idinagdag si Kip sa pag-uusap ay parehas na pinutol nina Williams at Baird ang tawag at hindi hinayaang muling makapasok ang aking mga tawag. Sa aking sumunod na pakikipag-usap kay Kip, lubos na nawasak ang aking puso noong nalaman ko ang katotohanan na ang mga McKean ay kailanma’y hindi nagbigay ng ganoong pagpayag.

Sa dulong bahagi ng taong 2003, sila Fleming, Williams, at Baird – kasama ng mga dating mga ***World Sector Leader*** na sina Marty Fuqua at Peter Garcia ng LA – ay magsisimula  ng isang hindi inaasahang aksyon. Ang mga lalaking ito ay niyanig ang mga may hawak ng posisyon sa ***Board of Directors*** na gamitin ang awtoridad na ibinigay sa kanila ng “mga batas ng Estados Unidos” upang palitan ang “mga batas ng Kasulatan” at palayasin ang isang lider na silang lahat ay buong pusong nagkasundo na siya ang itinalagang “tao ng Panginoon” sa nakalipas na maraming taon – at siyang inilagay ng Panginoon sa pamumuno upang pamunuan ang Kanyang kilusan at panatilihin ang pagkakaisa. Naalala ko ang pagkabigla at takot na natutunan sa loob lamang ng isang apatnapu’t limang (45) minutong pag-uusap kasama si Randy Fleming at ito’y isang lubos na pinag-isipan at isinagawang plano. Nangaral siya sa Riverside Sector ng Los ***Angeles Church*** tungkol sa aming bagong “kalayaan kay Kristo”at “lubos na ipinagmamalaki” kung paano “niya” pinaalis si Kip. Pagkatapos ng pangangaral ni Fleming, siya naman ay nakipag-ugnayan naman sa akin ng mga ispesipiko.

Ang kapanapanabik dito, maraming mga kilusan ang naitala sa mga Kasulatan. Sila Noah, Moses, Joshua, Nehemiah, David, John the Baptist, at siyempre ang si Jesus napawang lahat iniangat ng Panginoon upang pamunuan ang nalalabi sa mga tao ng Diyos at maging malalakas

na kilusan. Noong malapit nang magwakas ang kanilang mga buhay, sila Gideon at David ay personal na bumaba sa kanilang mga posisyon. Sa kabilang banda, isa lamang sa lahat ng naitala sa Kasulatan ang lider ng kilusan ng Panginoon ang siyang "napatalsik" sa kanyang pamumuno ng mga taong kanyang pinamumunuan. Ito ay naganap noong rebelyon ni Absalom laban kay David na naging dahilan ng pagdurusa ni Absalom sa parusa ng kamatayan. (2 Samuel 15-18) Sa loob ng ilang panahon, iniangat muli ng Panginoon si David upang pamunuang muli – gaya ng Kanyang ginawa ngayon kay Kip! Sa Bibliya, ang Panginoon ay laging "nag-aangat" at "nag-aalis" ng mga Kanyang mga lider sa "Kanya" ring panahon. Inaasahan ng Panginoon na ang kanyang mga tagasunod ay nararapat na pagtiwalaan Siya at maghintay sa Kanyang tamang panahon sa halip na magrebelde sa Kanya at sa Kanyang lider.

Kahit na ang mga McKean ay "opisyal nang inalis sa panunungkulan" noong Abril ng 2003, itong nakapanghihilakbot ay kahiya-hiyang pangyayari ay hindi kailanman ibinalita sa alinmang ***International Churches of Christ***. Pagkatapos na pagkatapos ng pagpapatalsik sa mga McKean, may panibagong serye na naman ng mga artikulo tungkol sa mga "hindi naniniwalang mga anak" ang ipinakalat, na tuluyang nagpabago sa kanilang tindig tungkol mga "hindi naniniwalang mga anak" – ang naging primaryang prinsipyo na mapagbalat-kayong ginamit upang "pwersahang alisin" ang mga lider ng Panginoon. Sa kasalukuyan, wala ni isa sa mga dating ***World Sector Leaders, Kingdom Teachers*** o ***Kingdom Elders*** ang makapagsasabi na ang isang hindi tapat sa pananampalatayang anak ay magiging dahilan ng diskwalipikasyon ng isang ***evangelist***, sapagkat marami sa kanila ang may mga hindi rin tapat na mga anak sa pananampalataya at kasalukuyang naglilingkod bilang mga "Pangunahing ***Evangelist***." Nakalulungkot man, ang hindi nailahad na pagbaliktad ng kanilang mga posisyon – na ngayo'y pumoprotekta sa "kanilang sarili" – na naglalantad ng hipokritong kasamaan ng "paggamit" sa anak ng mga McKean upang "alisin" sa kilusan ang siyang itinalaga ng Panginoon.

Ang marahas at hindi makadiyos na pagtrato sa mga McKean sa kanilang pagkakaalis sa ministri pati na rin ang "dobleng pamantayan" tungkol sa mga "anak na hindi tapat sa pananampalataya," ang muntikan nang maging dahilan ng pag-alis ng mga mag-asawa sa "***fish bowl life***"ng ministri. Kahit na lubhang nasaktan at sugatan, ang tanging naging kaibahan ng mga McKean sa karamihan ng mga mag-asawa ay ang kanilang malalim na kumbiksyon na sila'y itinalaga ng Panginoon para sa ministri, pati na rin ang kanilang patuloy na panghihikayat sa bawat isa na manatiling tapat sa Panginoon at patuloy na mahalin ang kanilang mga kritiko, at ang hindi hayaang manaig si Satanas sa kanyang temtasyon ng pagkamuhi, pagkaawa sa sarili o ang "pagganti."

Mula sa espesyal na tala, isa lamang si Pat Gempel sa ***World Sector Leaders*** ang pampublikong humingi ng kapatawaran sa mga McKean. Ginawa niya ito sa Portland noong ***2005 World Missions Jubilee***. Mahalaga ring itala na sinabi ni Kip ang mga pahayag na ito, "Hindi ko

kailanman palalagpasin sa bagong kilusan ang kahit sinumang magpapangalan ng mga kalalakihan at kababaihan sa pamunuan ng ICOC, na ang mga anak ay hindi tapat sa pananampalataya lalong-lalo na silang mga may anak na hindi naging tapat at nilisan ang Panginoon. Personal kong naranasan ang pagkasirang idinulot nito sa buhay ng isang pamilya at lalo na rin sa buhay ng mga bata. Lubos ko pa ring minamahal ang mga pamilyang ito. Samakatuwid, hindi ko kailanman intensyonal na sasaktan ang sinuman sa kabataang ito, habang ipinagdarasal kong ang bawat sa kanila ay babalik sa Panginoon at muling magiging isang tapat sa pananampalatayang disipolo."

Ang nakalulungkot dito, ang marahas na pampublikong asasinasyon ng karakter nina Kip at Elena gamit ang ispiritwal na kondisyon ng kanilang mga anak ay nagpapatuloy pa rin sa kasalukuyan. Sa ngayon, ang matinding pagbagsak ng bilang ng mga miyembro ng ICOC simula ng panahon ng sabatikal ng mga McKean noong 2001, ang siyang nagpatunay sa pagtaliwas ng Panginoon sa ganitong hindi makadiyos na "konspirasiya." (2 Samuel 15-18) Sa matinding kabaliktaran, ang napakabilis na pagtaas ng bilang ng mga disipolo at mga simbahan ng Panginoon sa bagong ***SoldOut Movement***, na siyang nag-angat kay Kip upang mamuno – kasama ng isang tapat at nagkakaisang grupo ng mga ***overseeing evangelist***, ***women's Ministry Leaders***, at mga tagapagpastol na mga mag-asawa – ang siyang magpapatunay ng pagpayag ng Panginoon! (1 Corinto 3:7)

Isa pang mahalagang testimoniya ng Panginoon sa kanyang nag-uumapaw na biyaya ay noong ang awtentikong ***discipling*** ay muling naibalik sa loob ng kasal at ng pamilya. Sa loob ng maraming taon, ang ***ICOC*** ay "nagmalaki sa Panginoon" na mayroon lamang napakakaunting diborsyo. Noong inabandona ang ***discipling***, naging talamak na ang pakikipagdiborsyo – maging sa mga mag-asawa na naging bahagi rin ng ***full time ministry***! Sa matinding kabaliktaran, sa loob ng kilusan ng Panginoon ay unti-unting nawala ang diborsyo sa mga mag-asawa sa halos lahat ng kongregasyon, habang ang mga mag-asawa at ang kanilang buong pamilya ay "puno ng kaligayahan sa Panginoon."

Ang dalawang pinaka-prominenteng aspekto ng teolohiya ng Mainline (subalit naitago sa karamihan dahil sa kakulangan ng karunungan tungkol sa pinagmulan ng ***ICOC***) ay bulag na naisapraktika ng maraming mangangaral sa ***ICOC***: 1.) Ang maging isa lamang na "Maka-Bagong Tipan" na Simbahan – ang mga Kasulatan mula sa Lumang Tipan (na kahit historikal na wasto) ay walang awtoridad, lalong-lalo na sa mga lugar ng pamumuno at gobernesa. 2.) Ang moda ng interpretasyon ng Kasulatan ni Thomas Campbell – "Magsalita kung saan nagsasalita ang Bibliya, at manahimik kung saan tahimik ang Bibliya." At dahil ang Bagong Tipan ay walang linaw na tinataglay ang terminolohiyang ***World Sector Leaders***, ang mga ***Kingdom Elders*** at ***Kingdom Teachers*** ay niyanig ang nalalabing mga liderng ***ICOC*** sa ***Long Beach Unity Meeting*** noong Nobyembre 2002, upang tuluyang lusawin ang istruktura at ang sental na pamunuan. Sa

kahihiyan, ang mga McKean at ang ***World Sector Leaders*** na hindi pa bumababa sa kanilang mga tungkulin ay "pinilit" na magbitiw sa kanilang mga gawain sa ***Long Beach Unity Meeting*** o ang Pangkaisahang Pulong sa Mahabang Dalampasigan. (Sa kabilang banda, ang mga McKean ay patuloy na babayaran ng ***full-time*** at noong Enero ng taong 2003 ay nag-umpisang manilbihan sa ***Cal State Long Beach Campus Ministry***.)

Ang pagbabagong ito na nagdulot ng kaguluhan ay niyakap ang isang reaksyonaryong "bago at mas mabuting pangitain" ng mga kongregasyon na "sobrang matyur" na at hindi na nangangailangan pa ng mga ***overseeing evangelist***. Marami rin ang yumakap sa mala-konsensus na pamumuno sa lokal na kongregasyon na walang "***Lead Evangelist***" – dahil ang terminong "***Lead Evangelist***" ay hindi makikita sa Bagong Tipan. Sa mga panahong ito, sumibol ang isang kilusan upang alisin ang mga istrukturadong aktibidad ng pagtulong sa mga tao (***Usapang Pang-Bibliya***) at ang istrukturadong ***discipling*** (***Discipleship Partners***). "Ang pangitain ni Kip" ng mga ebanghelisasyon ng mga nasyon sa isang henerasyon ay tinawag na "magandang ideya" subalit "imposible" ng ilang mga prankang kritiko na gaya nina Douglas Jacoby at Scott Green. May iilang nag-umpisang pangalanan si Kip bilang isang "mapagbalat-kayong guro" dahil sa pangarap na ito, maging ang paniniwalang pagtutuon ng masyadong pansin mga simbahan upang ebanghelisahin ang buong mundo sa isang henerasyon na siyang naging primaryang pinagmulan ng pagkapait ng maraming mga lider sa marami ring mga simbahan. Kahit na nalimitahan ng pangarap na baguhin ang buong mundo, ang mga naitala sa Mga Kasabihan 29:18 ang siyang magpapatotoong muli na – "Kung walang bisyon, ang mga tao'y maglalaho."

Ang pinakamalalang kamatayan ng kung ano ang siyang nakilala at sinamba bilang ***International Church of Christ*** ay dumating noong Pebrero ng taong 2003, nang si Henry Kriete, isang patuloy na nasasaktang dating ***evangelist*** ng ***Mainline Church of Christ*** sa London, ay ibinigay ang kanyang liham na pinamagatang, Pagiging Tapat Sa Panginoon. Sa kanyang liham, isinulong ni Kriete ang "isang panahon ng pagkamuhi at ang pagpapabagsak ng mga templo: Naniniwala akong ngayon na ang itinakdang panahon." Ang rebelyon ng ilang ***World Sector Leaders*** at ang lahat ng mga ***Kingdom Elders*** at ***Kingdom Teachers*** ay lubos na naipasa sa lahat ng mga miyembro. Libo-libo ang tinalikdan ang Panginoon na nalilito't nagngangalit. May ilang mga disipolo ang tahimik na "lumakad palayo" upang subuking maghanap ng "isang parehas na simbahan sa kung saan man," na siyang nagpatunay ng labis na pagmamalaki.

Patuloy na nilito ang mga nananampalataya ng naging desisyon ng ***Kingdom Elders*** at ***Kingdom Teachers*** noong Abril ng taong 2003 na "muling buksan ang pintan tungo sa ***Mainline Church of Christ***." Si Kip – bilang isang nagmamahal at nagmamalasakit na "ama sa pananampalataya" – ay nagpaalaala at nagbigay ng babala sa pamunuan ng LA maging sa mga natirang mga lider ng ***ICOC*** at karamiha'y mga miyembro ng dating ***Mainline Church of Christ*** na hindi naman talaga mga tunay na dedikadong mga disipolo. (1 Corinto 4:14-17) Binanggit niyang ang subuking pag-

isahin ang “dalawang samahan” ang – ***ICOC*** at ***Mainline*** – ay magdudulot lamang ng mas matinding kalituhan. Dahil kanilang ipinagwalang-bahala ang payo ng “kanilang propeta,” sa kasalukuyan, ang ***ICOC*** ay nawalan na ng kanilang sariling pagkakakilanlan at identidad. Lubhang napakahalaga, upang maghudyat ng isang pundamental na pagbabago ng doktrina, halos lahat ng kongregasyon ng ***ICOC*** ay hindi na tinatawag ang kanilang mga sarili bilang ang “***International Church of Christ***,” kundi payak na tinawag nila ang sarili bilang “***Church of Christ***.” Bilang halimbawa, ang ***Boston International Church of Christ*** ay binago ang kanilang pangalan at ginawang ***Boston Church of Christ***.

Ang doktrina ni Satanas ng awtonomiya ay mayroong dalawang mapangawasak na epekto sa ***ICOC***: Una sa lahat, sa labas ng Estados Unidos ang awtonomiya ay nagsilang ng isang “makasalanang nasyonalismo.” Maraming mga internasyonal na kongregasyon ang hindi nagnanais na pamunuan o gabayan ng “isang dayuhan.” Bilang resulta – isang buwan lamang makalipas ang Nobyember ng taong 2002 sa Pangkaisahang Pulong sa Mahabang Dalampasigan o ***Long Beach Unity Meeting*** – ang London ***ICOC*** ay pinatalsik ang kanilang ***Lead Evangelist***, malaking dahilan ang pagiging isa niyang Amerikano. Makalipas ang liham ni Kriete noong 2003 na nanghikayat ng isang mabalasik na rebelyon, ang mga iskor ng mga misyonero ay tinuligsa ng “mga nasyonal” na inialay nila ang kanilang mga buhay para lamang baguhin. Ang parehas na mga misyonerong ito ay bumalik na lamang sa kanilang tahanan dahil sa kahihiyan. Trahedyang maituturing, kinailangan nilang makahanap ng mga sekular na mga trabaho, dahil ang mga kongregasyon ng Amerika ay hindi na kayang pasanin ang napakaraming mga bumabalik na misyonero, lalo na sapagkat ang kanilang lingguhang kontribusyon ay mabilisang bumabagsak dahil sa kakulangan ng lakas ng loob sa pamumuno at ang humihinang kumbiksyon tungkol sa “pangangailangan” ng isang pangbuong-mundong kilusan.

Ikalawa, ang awtonomiya – at “ang hipokritikal na pagnanais para sa isang mangangaral na pamunuan ang kanyang sariling kaharian” –ang siyang nakalulungkot na nagdulot upang ang “isang simbahan ng ***ICOC*** sa bawat lungsod” ayhinahati lamang sa maraming mga kongregasyon na may iba’t ibang kumbiksyon. Bilang halimbawa, ang London ay hinati sa anim na magkakahiwalay na simbahan; ang Los Angeles ay nahati naman sa pitong kongregasyon; at ang Atlanta’y naghiwahiwalay sa labindalawang kongregasyon!

Habang ang ***ICOC*** ay itinuturing ang halos lahat ng iba pang mga kongregasyon bilang mga kapatid, krinitiko ang ***SoldOut Movement*** dahil sa “pagtatatag nito ng mga bagong kongregasyon” sa mga katulad nitong mga lungsod. Ang pagkakatatag ng ***SoldOut Movement Churches*** sa mga lungsod na ito ay hindi kumokondena ng mga indibidwal na nailigtas habang sila’y tunay na namumuhay bilang mga disipolo sa mga naghiwalay na mga kongregasyon ng ***ICOC***. Ang pagtatatag ng mga “bagong kongregasyong” ito ay payak na nagsasabing eebanghelisahin namin ang buong mundo, kasama na rin ang mga lungsod na mayroon ng mga

disipolong hindi makikipagtulungan sa atin. Mapang-uyam o ironikal nga noong 1980 hanggang 1990, ang ***Mainline Church of Christ*** ay nagbigay din ng parehong pahayag noong ang Boston ***Movement(ICOC)*** ay nagtatag din ng mga simbahan sa "kanilang" mga lungsod. Ang posisyong tindig ng ICOC noon at ngayon ay: Ang pangangailangan ng "iba pang simbahan" ay ang hindi natin paniniwala na may ibang kongregasyon ang makapag-eebanghelisa sa buong lungsod na iyon, at maging ng buong mundo. Naniniwala kaming nararapat naming sundin lamang ang utos ng Panginoon, dahil kahit hindi lamang ang "ating kongregasyon" ay simbahan na may mga disipolo, bagkus ito lamang ang kaisa-isang simbahang binubuo lamang ng mga disipolo.

**Pinatalsik Ng Tao – Itinalaga ng Panginoon**

Noong Abril ng taong 2003, ang mga McKean ay matibay na hinarap ang pamunuan ng LA ICOC sa presensya nina Bob at Pat Gempel, na silang pinakiusapan ng mga McKean upang maging mga testigo. Sina Kip at Elena ay sinubok sila Al Baird, Marty Fuqua, Andy Fleming at Bruce Williams sa mga isyung ito: 1) Ang pag-aalis sa sistema ng ***discipling***; 2) Ang pagbabalik sa Teolohiya ng ***Mainline*** – partikular sa usapin ng awtonomiya; 3) Ang pananahimik – ang kasinungalingan – tungkol sa desisyong ito sa mga miyembro ng LA; 4) Ang pananahimik – ang kasinungaling – sa mga miyembro ng LA tungkol sa napakalaking bilang ng mga umaalis sa ICOC sa buong mundo sa bawat kongregasyon – ang mga umalis palayo; 5) Ang kanilang pahayag na sinasabing ang pangarap na ebanghelisahin ang mga nasyon sa isang henerasyon na ito'y "Imposible." Binigyang-tuon nina Kip at Elena sa pulong na, "Ang pangarap ng isang naebanghelisahing mundo ay hindi lamang posible, bagkus ito ay naisakatuparan na sa unang isandaang taon at ito'y utos ng Panginoon," (Colosas 1:23; 1 Timoteo 2:3-4, 3:16, 4:9-11) Pagkatapos ng nasabing pulong, ang mga McKean ay pinatalsik dahil sa mga kumbiksyon na ito.

Ngayon na mayroong maliit na suporta mula sa mga disipolo sa iba't ibang lugar, binuo ni Kip ang kanyang tindig ay isinulat ang Ikatlong Bahagi ng ***Revolution Through Restoration:*** Mula Babilonya patungong Zionya. Sa sulating ito ng pananampalataya, sa kabila ng pagtuligsa at pag-aabandona ng maraming mga kapatid na minsa'y naging tapat sa kanya, nagawa ni Kip na lalong mapagtanto ang soberanya ng Panginoon at kung paano niya ginamit ang mga panahong siya'y nalulugmok at labis nagdurusa upang palaganapin ang ebanghelyo ng Panginoon sa buong mundo. Tinasa rin niya nang mapagpakumbaba ang kanyang pamumuno, maging ang kung ano ang makadiyos at nararapat para sa ***Boston Movement***, na ito ang naging ***ICOC***. Isinadokumento niya na ang kanya at maging ang pagkakasala't pagkukulang ng iba ay tinugunan ng maliit o halos walang awa't pagpapatawad. Sa huli'y sinabi ni Kip na ang kakulangan niya ng wagas na pag-ibig o "***agape love***" ang siyang pangunahing dahilan ng pagkawasak ng dati'y kilusan ng Panginoon.

**Ang Espiritu'y Dinala Ang Mga McKean sa Portland**

Opisyal noong Hulyo 11, 2003, mula sa imbitasyon ng pamunuan ng ***Portland International Church of Christ***, sina Kip at Elena ay tumungong Portland sa Oregon upang pamunuan ang isang noo'y nanghihina at wasak na simbahan. Noong lumabas ang liham ni Kriete noong Pebrero ng taong 2003, ang Portland ay may tatlong-daang (300) miyembro. Subalit nang dumating ang McKean sa unang kalahating linggo makalipas ang limang buwan noong Hulyo 2003, kailangan lamang maglagay ng dalawampu't limang (25) upuan para sa buong kongregasyon! Makalipas ang sumunod na tatlong taon, ang ***Portland Church*** ay nakaramdam ng napakabilis na paglago na umabot ng anim na raan (600) ang dumadalo tuwing linggo (na may apat na raan at walumpu't pito/487 na kabilang na sa kasapian) noong kanilang ibinigay ang pamumuno sa simbahan at sila'y umalis para sa "***Mission Team*** ng LA" noong unang bahagi ng taong 2007. Noong mga taon makalipas ang liham ni Kriete, ang Portland ***International Church of Christ*** – na nasa ilalim ng pansamantalang pamumuno ni Kip – ay ang naging pinakamabilis na lumalaking kongregasyon sa kung ano ang naiwan ng mga simbahan ng ***ICOC*** sa buong mundo!

Ang muling pagbuhay ng Espiritu sa ***Portland Church*** ay naisentro sa pananampalataya ni Kip sa pangangaral ng Salita at sa kanyang hindi mapang-kompromiso subalit "ngayo'y mas magaang panawagan" sa puso ng lahat ng mga miyembro upang sundin ito. Usapang Pang-Bibliya, Mga ***Discipleship Partner***, isang Pang-Kolehiyo/Pang-Dalaga't Binatang Debosyonal, at ang lingguhang koleksyon ng kontribusyon ay muling mabilisang ipinatupad. Ang panahon ng pagbabago ay maagang nangyari noong si Kip, na kahit napanghihinaan subalit patuloy na tapat sa pananampalataya makalipas ang halos dalawang taong labis na pagdurusa, ay nagpatawag ng isang "Gabi ng Kapatawaran." Noong gabi ng Miyerkules, ika-13 ng Agosto, 2003 ay mahigit isandaang tao ang nagtipon-tipon upang ibahagi ang kanilang paghingi ng kapatawaran sa Panginoon at sa bawat isa sa buong publiko. Sina Tony Untalan at Jeremey Ciaramella ang naunang magbahagi, puno ng luhang humihingi ng kapatawaran habang nagbabanggit ng ilan ispesipikong tao sa grupo na sila'y nagkaroon ng pagkakasala. Ito'y nagdulot ng pagbalong ng luha ng lahat ng taong naroroon. Ang madamdaming paghingi ng kapatawarang ito at pagbabahagi ng dalawampu't limang (25) indibidwal ay tumagal ng halos tatlong oras! Mula sa gawaing iyon, nasa pitumpu't limang disipolo ang nagbalik upang muling maging miyembro ng ***Portland Church***. Noong ika-24 ng Enero, ay bilang ng ***Portland Church*** ay umabot sa isandaan at dalawampung disipolo at ang pahayag ay nag-umpisang kumalat sa buong Amerika at sa katotohana'y sa buong mundo na "ang mga bagay na ito'y nangyayari sa Portland!" Makalipas ang mahigit tatlong taon, ang mga indibidwal mula sa dalawampu't anim (26) na magkakaibang estado ay lumipat sa Portland na kung saan ako at ang aking asawa, maging ang karamiha'y ipinagsisigawan noon pa lamang sa mismong pagdating na "Ito ang simbahang ako'y nabautismuhan!" Ito rin ang lubos na makapangyarihang panahon na si DJ at Kacie Comisford –

na lumipat mula pa sa Ohio upang maging bahagi ng lumalagong muling pagbuhay sa palagiang maulang lungsod ng Portland – ay isinulat ang kanilang karanasan sa isang kanta:

***Ang Awitin ng Portland***

*Sinasayang – ng malayo rito*

*Nang biglaan ito'y naihayag*

*Na hindi natin kakayanin dito ng walang ulan!*

*Isang kahihiyan!*

*Matiyagang naghihintay, nagdarasal sa Panginoon*

*Pakiusap ay dalhin mo kami sa luntiang damuhan!*

*Panginoon mayroon pa ba kaming pupuntahan?*

*May pag-asa pa bang sisibol muli?*

*Nasaan na ang mga taong patuloy na nangangarap?*

*Dalhin mo kami sa panahon ng alaala.*

*At ngayo'y Nagdala siya ng pag-asa sa Kanlurang Dalampasigan!*

*Maraming ulan sa Kanlurang Dalampasigan!*

*Tuloy kayo rito sa Portland, Oregon*

*Kung saan ang ula'y pumapatak*

*Nawa'y damhin ng 'yong kaluluwa itong tahanan*

*Lahat ng tao'y nanghuhusga*

*Subalit kami lamang ay nagbabautismo*

*At sinabi mong hey-o tuloy kayo!*

*At sinabi mong hey-o tuloy kayo!*

*Dumating dito nang walang-wala*

*Subalit nang dahil sa pananampalataya*

*May kayang gawing mahusay ang Diyos!*

*Ngayon ito'y higit pa sa ating dalangin*

*Iyan ay tunay! Oregon*

*Ibinahagi mo ang iyong pananampalataya*

*Ibinahagi mo ang iyong mga pangarap*

*Binigyan kami ng pagmamahal*

*Tinulungan kaming maniwala*

*Ikaw ang siyang sagot sa mga dalangin!*

*Naglaan ang Panginoon ng isang lugar sa atin*

*Isang pag-asa upang lumagong muli!*

*At narito na ang mga taong patuloy na nangangarap*

*Ngayo'y ang panahon ng pag-aalaala.*

*Nahanap natin ang pag-asa sa Kanlurang Dalampasigan!*

*Maraming ulan sa Kanlurang Dalampasigan!*

*Tuloy kayo rito sa Portland, Oregon*

*Kung saan ang ula'y pumapatak*

*Nawa'y damhin ng 'yong kaluluwa itong tahanan*

*Lahat ng tao'y nanghuhusga*

*Subalit kami lamang ay nagbabautismo*

*At sinabi mong hey-o tuloy kayo!*

*At sinabi mong hey-o tuloy kayo!*

**Ang Pag-uumpisa ng Global na Ministri ng Internet**



Mga ***Cyber Evangelist***: sina Jeremy Ciaramella, Rob Onekea at Ron Harding

Noong mga unang araw ng Portland sa pagpapakalat ng mensahe ng Panginoon na inilagay sa kanyang puso, lubhang umasa si Kip kay Jeremy Ciaramella na bumuo ng isang website na siyang magugustuhan ng mga nalalabing mga tapat sa pananampalataya sa buong mundo. Ang pangalang ***Upsidedown21(USD21)***ay napili; "***Upsidedown***" sapagkat ang unang pang-isandaang taong simbahan ay "pinagalaw ang mundo mula sa itaas hanggang baba" (Gawa 17:6 RSV), at ang numerong "21" ay ang nagbigay ng pangitain na ang mga impluwensiya ng mga disipolo noong unang daantaon ay maipagpapatuloy sa ika-21 daantaon! Ang mga lingguhang artikulong pambuletin ng ***Portland Church*** ay itinampok sa ***USD21*** na ***website***. May pagkamalikhain din, ang mga artikulong ito ay naisalin sa pitong iba pang mga wika/lenggwahe na siyang itinampok din sa nasabing ***website***. Ang mga naging tugon sa ***website*** ay lubhang nakagagalak! Halos lahat ng mga taong lumipat sa Portland ay unang naging interesado dahil sa mga artikulo at mga pangangaral ni Kip ***online***. Napagtanto ni Kip na may isang napakabagong balakid para pag-isahin ang mamamayan ng Panginoon at upang ebanghelisahin ang mundo sa isang henerasyon. Ito ang nagtulak sa kanya sa isang panibagong inobasyon, ang pagtatalaga kay Jeremy Ciaramella bilang ang kauna-unahang ***CyberEvangelist*** noong espesyal na anibersaryo noong 2004! (Noong 2009, lubusan kong ibinaba ang aking sarili nang inalok ako ni Kip upang magsilbing ***Lead Cyber-Evangelist*** para sa ***SoldOut Movement*** na Global na Ministri ng Internet. Dahil na rin siyempre ito sa matinding panghihikayat sa akin ng mga kapwa kong ***Cyber Evangelist***: Jeremy Ciaramella, Tim Kernan, Rob Okenea at Jake Studer.)

**Ang Kontrobersiya ng Portland**

Noong Hunyo ng taong 2004, makalipas lamang ang labing-isang buwan ng kanyang pagdating sa Portland, si Kip at ang ***Portland Church*** ay nagdaos ng kauna-unahang ***World Missions Jubilee*** na pinamagatang, ***The Lord of Fellowship*** o "Ang Panginoon ng Pakikipagkapwa-tao." Maraming mga lider ng ***ICOC*** ang dumalo – ang ila'y lubusang interesado sa mabilisang paglago sa ***Portland Church***; ang iba'y hindi naniniwala, ang iba pa nga'y wala nang pagrespeto. Desperadong nagnanais na magdala ng reporma, pagsisisi at pagkakaisa sa kung anong natira sa ***ICOC***, inalok ni Kip ang marami sa mas maimpluwensiyang mga lider upang magsalita sa programa. Marami ang tinanggap ang imbitasyong ito. Subalit sa kabilang banda, sumunod na nagkaroon ng kontrobersiya matapos mailahad ni Kip ay isa sa kanyang mga lubhang emosyonal na panawagan para sa ***world evangelism*** sa pamamagitan ng "paggawa ng mga disipolo." Sa kanyang mensahe, "Ang Matinding Kaliwanagan ay Nagsimula Nang Sumikat."

Noong tag-araw ng taong 2005, ang ***World Missions Jubilee*** ay pinamagatang ***UpsideDown21***. Noong napakahalagang okasyon ding iyon matapos ang pagdarasal at pag-aayuno ay naganap ang pagdedesisyon ni Kip na ang tanging daan upang maisalba ang ***ICOC*** bilang isang kilusan ng ***discipling*** ay ang "panawagan para sa mga ***remnant disciple***." Mas malaking kontrobersiya ang sumunod matapos ang pangyayaring ito. Noong Setyembre, bilang reaksyon sa naging pahayag ni Kip na "panawagan para sa mga ***remnant disciple***," siya ay hindi "inimbitahan" ni Scott Green upang magsalita sa Pampamunuang Pagpupulong ng ***ICOC*** sa Seattle na mangyayari noong umpisang bahagi ng Setyembre ng taong 2005.

Sa Phoenix, bilang pagdaragdag sa lagablab ng Espiritu, sina Chris at Sonja Chloupek – na pawang mga dating mga kapita-pitagang mga lider ng ministri sa ***LA ICOC*** – matapos bisitahin ang ***Portland Church*** noong bago magtapos ang Setyembre ng taong 2005, ay nagdesisyong kumprontahin si Gordon Ferguson, isang dating ***Kingdom Teacher*** at ngayo'y mangangaral na sa "halos tulad ng ***Mainline***"na ***Phoenix Valley Church of Christ*** –na dating ***Phoenix International Church of Christ***. Sinubok nila ito sa pagiging hindi masigasig ng ***Phoenix Church***, pati na rin ang daan-daang disipolo na umalis palayo sa kanilang pananampalataya. Umapela sila kay Ferguson na humingi ng tulong kay Kip. Subalit nang dahil sa galit, tumanggi si Ferguson na humingi ng tulong. Dahil sa nakita nilang katigasan ng pusong ito, ang mga Chloupek ay humingi ng tulong kay Kip kung maaari ba sila nitong tulungan na muling simulan ang unang nakilala bilang "***remnant group***." Ngayon, sa buong mundo, ang terminong "Portland ***Movement***" ay nag-umpisang sibulan ng pag-asa ng isang bagong umaga!



Sina Chris at Sonja Chloupek kasama ang kanilang mga anak noong 2005!

Taliwas sa demokratikong”Kaisipang kanluranin” na ang “mayorya ay laging tama,” sa maraming mga okasyon sa Kasulatan, ang “ulat ng minorya” ay ang sa Panginoon. (Numero 13:26-33; Mateo 7:13-14) Kahit noong araw ni Elijah, ang katanungan ay siguradong naitanong, “Maaari bang ang apat na raan at limampung (450) propeta ay maging mali, at ang isang propeta ng Diyos ay maging tama?” Ang mga taong nakikiramdam ay “lubhang naguguluhan sa pagitan ng dalawang opinyon,” noong Oktubre ng taong 2005, animnapu’t limang mga ***evangelists*** at ***elders*** na nagmula sa kung anong natira mula sa dating International Church of Christ ang sumulat ng liham at isinasakritiko si Kip bilang isang “Salot ng Israel.” (1 Mga Hari 18:17-21) Kinumpronta nila ito sa pagiging “mapanghati” nito at hindi napagtatantong si Hesus ay “dumating upang magdala… ng pagkakahati-hati” (Lucas 12:51) at hindi nito iniintindi na ang pagdudulot ng paghihiwa-hiwalay ay mula sa Panginoon sa tuwing mayroong mangangaral ng Salita gaya ni Hesus! (Juan 10:19)

May mga apat na mapagbalat-kayong akusasyon laban kay Kip: 1) Ang kanyang mga salita’y “hindi masustansya” at sa iba pang banda’y mapanghati, gaya ng pagtawag niya sa mga simbahan ng ***ICOC*** na “hindi masigasig.” (Totoong tinawag talaga ni Kip ang ***ICOC*** na hindi masigasig, subalit gaya ni Hesus sa Rebelasyon 3:19, si Kip ay matapang na sinusubok sila dahil lamang sa kanyang pagmamahal sa kanila.) 2) Ang akusasyon ng kanyang pagiging mapanghati

ay nagpatuloy na lumaganap sa Portland at tinawag na "***sheep stealing***" o "pagnanakaw ng tupa" imbes na ito'y tignan bilang pagdadala sa kanila ng espiritu sa isang lugar ng muling pagbuhay. (Jeremias 23:3-4) Si Kip ay tinaguriang mapanghati dahil sa kanyang pagtanggap ng mga imbitasyon ng mga ***evangelist*** sa ibang lugar – gaya ni Raul Moreno na mula sa Santiago, Chile – para sa ***discipling*** ng kanilang mga buhay at simbahan. (Subalit si Kip ay mapagbiyayang tumutugon lamang sa kanilang panawagan ng tulong at pakikipagkapwa-tao, mula na rin sa kanilang mga pahayag na, "Kami ay lubusan nang inabandona" – nang ang mga ***overseeing evangelist*** ay inalis at tinaguriang "hindi maka-bibliya." 4) Sinuportahan ni Kip ang kahit anong grupo ng mga disipolo na nagtipon mula sa natira sa ***ICOC*** upang magsimula ng bagong simbahan ng mga "***sold-out disciples***." Ang interesante rito, may mga ***remnant group*** ang nabuo na naghahanap ng muling pagkabuhay ng kanilang samahan bago pa man marinig ng marami ang tungkol sa ***SoldOut Movement***.

Isang matindi subalit mapagkumbabang tugong-liham ang pinamagatang, ***A Concern To All The Churches*** o isang "Paalala Sa Lahat Ng Mga Simbahan"ang isinulat ni Kip at ng mga lider ng ***Portland International Church of Christ***. Isang ikalawang liham ang isinulat na tugon sa paalalang liham ng Portland sa lahat ng mga simbahan. Sa ikalawang liham na ito, muli ay mapagbalat-kayong kinukwestiyon ang mga taong, "Maaari bang lahat kami ay mali?" na pinirmahan ng walumpu't limang (85) lider ng kung anong naiwan sa ***ICOC*** na ngayo'y walang pag-asang sumanib mula sa teolohiyang ***Mainline***. Ang makasalanang liham na ito ay opisyal na minarkahan si Kip at ang mga taong patuloy na naniniwala sa kanyang matibay na pamumuno bilang "mapanghati" at hindi na nararapat pang kaugnayin pa. Nagbabala noon si Hesus, "Ang lahat ng ito'y sinasabi ko sa inyo upang kayo'y hindi maligaw. Ititiwalag nila kayo sa kanilang komunidad, at may mga oras na sasapit na aakalain ng sinumang papatay sa inyo na pag-aalay ito ng pagsamba sa Diyos. Gagawin nila ang mga bagay na ito dahil hindi nila nakikilala ang Ama ni ako." (Juan 16:1-3)

Sa kabilang banda, habang lumilipas ang panahon, maraming mga disipolo sa buong mundo na gaya ko ang ngayo'y naiintindihan na ang inggit, selos at insekuridad ay ang ugat ng mga pag-atakeng ito. (Salmo 106:16) Dahil sa matinding pag-aalala, ang mga taong makasarili ay tinagurian ang mga pangyayaring ito bilang mga "politika ng simbahan" lamang imbes na kung ano ang katotohanan sa likod nito: isang epikong paghaharap ng mga puso ng mga ***remnant disciple*** at mga ligaw na kaluluwa ng mundo. Naging inspirado dahil sa tindig ni Kip noong taglagas at ng kanyang seryeng may siyam na bahagi na nakatala sa Buletin ng Portland: ***God's Mandate For World Evangelism*** o ang "Mandato ng Panginoon Para Sa Pang-Mundong Ebanghelismo," ang ***Remnant Group*** ng Kiev (ng Ukraine) na may dalampu't limang (25) disipolo ay nabuo noong Disyembre ng taong 2005. Ito ang kauna-unahan sa mga ***remnant group*** na naitatag ng Espiritu sa labas ng Estados Unidos!

**Ang Pagsilang Ng *SoldOut Movement***

Sa kabila ng lahat ng kritismo mula sa loob ng ***ICOC***, ang ***Portland Church*** ay nagpatuloy na magparami ng mga disipolo hindi lamang sa pagbabautismo, kundi sa pamamagitan din ng parami nang paraming mga "***remnant disciple***" na lumilipat sa Portland upang makahanap ng isipiritwal na muling pagkabuhay at pagbabalik-tanaw. Kasama na rin ng maraming mga panalangin, sina Chris at Theresa Broom, ang mga lider ng ***Central New York Church of Christ***, ay gumawa ng isang matibay na desisyon noong unang bahagi ng 2006 upang tawagin ang kanilang buong kongregasyon na "buong-pusong makipagtulungan" kay Kip. Noong Hunyo ng taong 2006, ang mga Broom ay namuno ng isang ***mission team*** na binubuo ng mga disipolo ng Syracuse at Portland upang itatag ang ***Chicago International Christian Church***. Ang ***mission team*** na ito ay sumali sa isang ***remnant group*** ng mga Kristiyano sa Chicago. Sa katotoha'y ito ang kauna-unahang "***church planting***" o pagtatatag ng simbahan na siyang malinaw na nagiging isang bagong kilusan!

Sa loob ng ilang panahon, ang ***Central New York Church of Christ*** ay naging ***Syracuse International Christian Church***. Mula sa maliit subalit punong-puno ng pusong kongregasyon ng isandaan at dalawampung (120) ***sold-out*** na Kristiyano ay dumating ang mga lider sa hinaharap gaya nila Chris at Theresa Broom, Andrew at Patrique Smellie, Chris at Kerri-Sue Adams, maging sina Roger at Kama Parlour kasama ng kanilang mga anak – sina Joel at Britanny. Dahil sa matinding sakripisyo ng mga disipolo nito at sa usapin ng pinansya para sa Panginoon at sa Kanyang bagong kilusan, ang ***Syracuse Church*** ay nakilala bilang ang "maliit na simbahang kinaya… at nakaya."

Saglit na panahon lamang makalipas ang Hulyo ng taong 2006, ang Espiritu'y nagpadala ng labing-apat (14) na mga miyembro ng ***mission team*** mula sa Portland patungong Phoenix na matapang na pinamunuan ni Matt at Helen Sullivan. Dahil sila'y naging inspirado noong Jubilee ng taong 2004, ang mga Sullivan na mga "***remnant disciple***" na lumipat mula sa nasirang ***Fresno, California ICOC*** sa Portland upang maghanap ng muling pagkabuhay at magsanay para sa ministri. Mula sa pagsasama ng ***mission team*** at mga ***remnant group*** sa Phoenix, ang mga Sullivan ay bumuo ng isang kasintibay ng batong "pundasyon." (1 Corinto 3:10-11) Sa pamamagitan ng ***discipling***, iniangat nila sina Chris at Sonja Chloupek maging sina Luke at Brandyn Speckman para sa ***full-time*** ministri. Noong 2008, pinadala ng Espiritu ang mga Sullivan at ang isang maliit na ***mission team*** upang makipagsanib sa isang ***remnant group*** sa Santiago, Chile. Mula rito, ang ***Santiago International Christian Church*** ang naging kauna-unahang internasyonal na pagtatatag ng ***SoldOut Movement***o ***SoldOut Movement***! Sa ibang banda naman, ang ***Phoenix Church*** na masigasig na pinamunuan ng mga Chloupek at ang ***campus ministry*** ay pinaglingkuran naman ng mga Speckman.


Sa Santiago, ang mga Sullivan ay inulit ang kanilang pagtatatag ng isang solidong "pundasyon" ng mga disipolo gaya ng ginawa nila sa Phoenix. Sa kabilang banda, sina Raul at Lynda Moreno – ang mga matatapang na lider ng Santiago – ay lumipat sa Los Angeles para sa kanilang pagpapagamot at pagsasanay na rin. (Si Linda ay nagpahayag sa maraming mga okasyon na pinagdusahan niya ang isang "***nervous breakdown***" dahil sa pagkakasira ng dati'y kilusan ng Panginoon – ang ***ICOC*** – maging ang pag-aabandona ng kanyang mga "kaibigan" sa ***ICOC***, na siyang tumibay lamang noong ang mga Moreno ay nakipag-isa sa ***God's new movement*** ay sa pagsisimula ng ***Santiago Remnant Group***.) Noong 2010, ang mga Choupek ay lumipat sa Los Angeles para sa mas maraming pagsasanay at upang umpisahan ang bagong ***AMS (Arts Media Sports)*** Ministri. Ang lubhang nailantad dito ay ang Rehiyon ng lumang ***LA ICOC*** na ***AMS*** ay binago ang pangalan nito sa "***Turning Point Chuch***," habang ang mga lider nito ay lubos na tumanggap ng kanilang direksyong pang-ministri at mga pagsasanay mula sa isang denominasyonal na simbahang hindi naniniwala sa pagbabautismo "para sa pag-aalis ng mga kasalanan." (Mga Gawa 2:38)

Ang mapanganib na pagbabago ng doktrinang ito – na may nakapang-aakit ng pagiging "bukas na kaisipan" – ay makikita rin sa ***International Teaching Ministry Website*** ni Douglas Jacoby – na ngayo'y pinaka-prominenteng miyembro ng dating "***Kingdom Teachers***" habang ang mga panulat ni Fleming ay tinitignan lamang bilang "walang bigat" sapagkat ang pinamumunuan niyang isang kongregasyon sa Birmingham, England ay mayroon lamang kulang sa isandaan at dalawampu (120) ang mga miyembro na – mula sa email ni Andy sa akin noong Abril ng taong 2012 – ay mayroon lamang pitong beses na pagbabautismo sa isang taon sa loob ng apat na taong pamamalagi niya roon… na nakalulungkot na kulang pa sa "ordinaryong" ***Mainline Church of Christ***.Sa ***website*** ni Jacoby, na naglalaman ng ilang magagandang mga komentaryo sa Kasulatan na siyang naging dahilan upang madali itong paniwalaan, naglagay siya ng mga artikulong gaya ng ***Baptism Revisited*** o ang "Muling Pagbisita sa Pagbabautismo" ni John Lang. Ipinangangaral ni Lang na ang position ng ***Baptist Church*** tungkol sa kaligtasan bago ang pagbabautismo ay balido: "Wala namang kongklusibong Biblikal na suporta para sa pagtinging ang Diyos ay tumatanggi sa mga nabautismuhan, mga nagsisising mananampalataya dahil lamang sa naniniwala silang ang kanilang kaligtasan ay kasabay ng punto ng kanilang pananampalataya at hindi ng kanilang pagkakabautismo… (Samakatuwid), kailangan nating maging tapat tungkol sa ating mga limitasyon at kilalanin ang mga kakulangan upang tiyak na malaman kung 'sino ang Kristiyano sa hindi'." Ito ay Sataniko ay mapagbalat-kayong mga aral" mula sa isang mapagbalat-kayong mangangaral na "nagtatago sa maskara ng isang lingkod ng kabanalan." (2 Corinto 11:13-15) Sa kabila nito, isinulat ni Jacoby sa introduksyon ng artikulong ito na, "Hinahangaan ko ang mga kapatid na gaya ni John…"

Ang mga primaryang mga pagkakaiba mula sa "naunang kilusan" (ang ***ICOC***) at ang bagong ***SoldOut Movement*** ay ang pagkakaisa mula sa mga lider pagdating sa mga doktrinang gaya ng:

ang kaligtasan ay ipinapangako lamang sa mga nabautismuhang mga disipolo; “ang pagtingin sa mga Kasulatan sa Lumang Tipan;” ang gobyerno sa simbahan (na ang awtonomiya ay kasalanan); ang pagdidisipilo ay kautusan ng Panginoon; at ang bisyon na ebanghelisahin ang mga nasyon sa isang henerasyon. Marami sa ***ICOC*** noong dekada 90 na “inisip” na ang kanilang mga lider ay tunay na may pagkakaisa, subalit hindi ito kailanman naganap. Noong mga panahon ng panunungkulan ni Kip sa ***ICOC***, ang kanyang pinakamabigat na pagsubok ay ang usapin ng pagkakaisa. Siya ay patuloy na nanghihikayat, nagpapakahirap at “nakikipaglaban” sa mga nasa pamunuan upang magdala lamang ng pagkakaisa sa lahat sa unang nabanggit na pang-Bibliyang kumbiksyon “na baguhin” ang kanilang mga tradisyonal na paniniwala mula sa kanilang kaugnayan sa ***Mainline***. Ang pinakamatindi sa lahat, ang kawalan ng pagkakaisang ito sa doktrina ay ang naging pangunahing rason na naging dahilan ng pagkakasira ng dati’y hindi mapapantayang malapit na relasyon sa isa’t isa ng mga lider. Ang pagkakawalay na ito sa pagitan ng mga disipolo ang ngayo’y kumakalat sa buong ***ICOC***. Kahit na may mangilan-ngilan na mga tapat sa pananampalatayang mga disipolo na nakakalat sa buong mundo na patuloy na nabubuhay gaya ng dating pamamaraan bago pa man ang “bagong direksyon ng 2001,” ang mga baluktot na mga aral na ito ay magiging dahilan din ng pagdating sa kanila ng mga suliraning ito.

Noong Agosto ng taong 2006, ipinagdiwang ang ***Third World Missions Jubilee***! Ito ay pinamagatang, ***Follow The Fire*** o “Sundin ang Alab.” Dumalo ang bagong ***full-time*** na ministro mula sa ***Hilo International Church of Christ***, Kyle Bartholomew. Si Kyle ay nabautismuhan noong 2001 mula sa ***University of Hawaii – Hilo***. Siya ang dating pinakamagaling na manlalaro ay kapitan ng kanilang koponan sa basketbol. At dahil malaki ang tiwala sa sarili at karismatiko, mapagkumbabang napagtanto ni Kyle na siya’y hindi pa lubusang nasasanay sa gawain sa ministri. Pagkatapos ng kanyang pagdalo sa ***Jubilee***, hiniling niya kay Kip at Elena na siya at ang kanyang asawang si Joan ay sumailalim sa ***discipling*** ng mag-asawa. At mula sa kahilingang disipuluhin si Kyle, tinanong ni Kip si Kyle na, “Lubos mo bang napagtanto kung gaano ka-kontrobersyal ang ***Portland Church***? Kung gagawin kitang isang disipolo, siguradong magiging kontrobersyal ka rin gaya nito.” Walang anumang bahid ng pag-aalinlangan, tumugon si Kyle, “Wala akong ibang nakikitang posibleng alternatibo para sa akin at sa aking asawa, at walang pag-asa sa Hilo kung hindi ka darating.” Ang interesante rito ay lubos na sinuportahan si Kyle sa desisyong ito ng kanyang dalawang nakababatang kapatid – sina Evan at Levi – at ng karamihan sa Grupong Pampanuan ng Hilo. Sa kabilang banda, kulang sa kalahati ng mga miyembro ang nasa likod ng radikal na resolusyong ito.



Sina Kyle at Joan Bartholomew ng Honolulu noong 2006!

Noong ika-25 ng Mayo taong 2008 sa Buletin ng ***City of Angels International Christian Church***, sumulat si Kyle ng isang artikulong pinamagatang, ***Hope For The Islands*** o "Ang Pag-asa Para Sa Mga Isla." Maikli niyang inilahad ang kasaysayan ng mga ministri sa ***discipling*** sa mga Isla ng Hawaii kasama ng kanyang kumbersyon:

Noong ay nabautismuhan bilang isang disipolo noong ika-29 ng Hulyo taong 2001 mula sa tulong ng Hilo International Church of Christ, ako ay lubos na namulat dahil sa matinding dedikasyon, debosyon at pagmamahal nakita ko sa bawat isang mga disipolo. Ang tunay na

nagbigay sa akin ng inspirasyon ay ang pangarap na ang bawat disipolo ay maging bahagi ng pag-eebanghelisa ng mga Isla, ang Pacific Rim at higit sa lahat ang buong mundo sa kanilang henerasyon. Noong 2001, may halos animnapung (60) disipolo sa Hilo, pitumpu't lima (75) sa Maui at nasa halos isanlibo (1,000) naman sa Oahu – bawat disipolo ay naniniwalang posible ang pangarap na ito, at siyempre ako rin! Ang nakalulungkot lang noong Nobyembre ng taong 2002 matapos ang desisyon ng pamunuan ng ICOCna bumalik sa mas ***Mainline Church of Christ*** na teolohiya, maging ang ikalawang pagdating ng "Liham ni Kriete" noong unang bahagi ng 2003, ang maraming minamahal na aspekto ng "aking simbahan" ay nag-umpisang magbago. Nawala na ang fellowship na kung saan ang bawat miyembro ay isang nagsasanay na disipolo ni Hesus. Nawala na rin ang malalim na pagmamahal sa bawat isa sa pamamagitan ng mga relasyong nabuo sa ***discipling***. At nawala na rin ang pangarap na maebanghelisa ang mga Isla at ang buong mundo. Noong 2006, ang kasapian ay bumababa sa lubos na nakaaalarmang antas! Ang Oahu ay bumagsak mula sa isanlibong (1,000) kasapi hanggang sa naging dalawandaan (200) na lamang; ang Hilo na mula sa animnapung (60) disipolo ay bumaba sa tatlumpu't walo (38); at ang Maui ay nabawasan mula sa pitumpu't lima at naging dalawampu't lima na lamang. Ang Oahu na mayroong anim na mag-asawang full-time ay bumaba na lamang sa dalawa, at parehong ang Hilo at Maui na mayroong isang full-time na mag-asawang namumuno ng bawat kongregasyon sa mga hindi dumaan sa pagsasanay na mga taong nagboluntaryo, habang ang bisyon at ang kontribusyon ay bumagsak. Ang mga pagbabaustismo ay naging lubhang bihira, ang mga restorasyon ay tila hindi na nangyayari pa at ni wala man lamang kahit isanng simbahan ang naitatag mula sa mga Isla sa halos anim na taon. Lubos nang ipinakikita nito sa akin na kailangang may magbago!

Noong mga bandang huling bahagi ng 2006, ako ay hinikayat ng "grupong pampamunuan" ng Hilo ***ICOC*** upang maging kanilang ministro. Sila noon ay tunay nang desperado dahil ang ***Hilo Church*** ay ni hindi man lamang nagkaroon ng kahit isang pagbabautismo sa loob ng isang taon. At dahil ako nga ay hindi pa sumasailalim sa pagsasanay, ako ay nakumbinsing nangangailangan kami ng adisyonal na tulong. Kaya naman, sa aming pag-uusap kung anong simbahan ang hihingan ng tulong, ako ay nagdesisyong dumalo sa ***Portland World Missions Jubilee***. Ako ay lubusang namangha sa Panginoon dahil siya'y lubusang kumikilos sa Portland Church, na pinakamabilis na lumalagong simabahan sa ICOC noong panahong iyon, na ako ay humiling kay Kip at Elena na disipuluhin ako at ang aking asawang si Joan. Lubos akong nagpapasalamat sapagkat sila'y pumayag. Makalipas lamang ang isang buwan, ang mga McKean ay dumating upang tulungan kaming muling buuin ang pundasyon ng simbahan ng Hilo na kasasangkapan lamang ng mga tunay na disipolo. (1 Corinto 3:10-11) Makalipas ang maraming mga aktibidad na nangyari mula sa pangangaral nina Kip at Elena sa pagtatapos ng linggo, nag-iwan sa amin ang Panginoon ng mga "tulad ni Gideon" na labindalawang (12) disipolo, na ang pangarap ay muling ebanghelisahin ang mundo sa ating henerasyon! Ang iba pang dalawampu't anim (26) na mga miyembro, na marami sa kanila'y mga hindi naman masigasig sa pananampalataya, ay

nag-umpisa ng isang bagong kongregasyon sa tulong ng mga ***evangelists*** na parehong nagmula sa LA ICOC at sa Oahu Church of Christ. Dahil hindi nagkaroroon ng ng kahit isa man lamang na pagbabautismo sa loob ng isang taon sa Hilo, na sa kabilang banda'y may labindalawang (12) sold-out na disipolo, ang Panginoon ay biniyayaan kami ng dalawampung pagbabautismo sa sumunod na taon! Ang nakalulungkot dito ay ang kongregasyon na nag-umpisang tuligsain si Kip at ang aking bisyon ng ***world evangelism*** sa pamamagitan ng plano ng Panginoon na ***discipling*** ay ni hindi lamang nakakita ng kahit isang pagbabautismo hanggang ngayon.

Noong bumalik ang mga McKean sa Portland, ang mga lider ng Portland, maging ang mga naniniwala sa pangarap ni Hesus para sa ebanghelisasyon ng mga nasyon sa isang henerasyon ay nakiusap kay Kip na mapagtantong ang Panginoon ay nagsisimula na ng isang "bagong kilusan" sa pamamagitan ng pagtawag sa kanyang magsimulang muli. Noong ika-15 ng Oktubre ng taong 2006, dahil siya'y pinagagalawn ng Espiritu, si Kip ay naglathala sa Buletin ng ***Portland Church*** ng una sa tatlong-bahaging serye na pinamagatang, ***Partners in the Gospel*** o "Ang Magkatuwang sa Ebanghelyo." Kahit na ang mga pangalang "***Portland Movement***" o "Kilusang Portland" at "***SoldOut Movement***" ay ginamit ng mga ***detractors*** sa loob ng isang taon, ang tatlong mga artikulong ito ay ang naging pormal na naging anunsyo ng pagsilang ng isang bagong pamilya ng mga simbahan – isang kilusan ng Panginoon!

Personal akong lubos na nahikayat ng mga pangyayari noong Agosto, Setyembre at Oktubre ng taong 2006. Dahil na rin sa pagnanais ng aking mahal na asawa na nakapakinig ng mga sermon sa ***Upsidedown Website*** at nakabasa ng bawat buletin, ako ay bumisita sa ***Portland Church*** noong dulong bahagi ng Agosto, isang linggo bago ang ***Jubilee***. Makalipas lamang ang isang ***service***, pinuntahan ko si Kip at sinabing, "Ito ang simbahang ako'y binautismuhan! Dadalhin ko na ang pamilya ko rito sa lalong madaling panahon." Dumating ako noong sumunod na linggo sa ***Follow The Fire Jubilee*** at matapos kong maikumpisal ang aking mga kasalanan na may kasamang hindi pagiging masigasig sa pananampalataya, dinala ko na ang aking pamilya sa Portland noong ika-1 ng Setyembre ng 2006. Makalipas ang ilang saglit, si Tracy na nasa komunyon ay nagpahayag na, "Sa wakas ay nakuha ko na ang 'aking Ron' muli!" Ang ibig sabihin ni Tracy rito ay noong ginawa ng ***ICOC*** ang "***discipling*** na opsyonal" (na sa katotohana'y para sa akin ay hindi nangyari) Ako ay bumalik sa "dating ako" – isang estranghero kay Tracy mula noong kami ay nagkadaupang-landas at ikinasal sa simbahan. Sa kabilang banda, sa pamamagitan ng ***discipling***, ang aking "unang pag-ibig" sa Panginoon ay muling nabuhay at ako ay nag-umpisang "gawin ang mga bagay (na aking) ginawa noong umpisa." (Rebelasyon 2:4-5) Sa iba pang salita, ako ay naging isang sold-out na disipolong muli, at sa isa pang pagkakataon ay "ang Ron" na siyang minahal niya!

**Ang Espiritu'y Dinala ang mga McKean sa Los Angeles**

Dahil puno ng inspirasyon mula sa banal na karunungan, itinuon ni Hesus ang first century movement ng mga disipolo hindi lamang sa maliliit na pamayanan ng Galilee kung saan Siya ang nangasiwa sa malaking bahagi, kundi sa pinakamalaking lungsod ng mga Hudyo – ang Jerusalem. Nang lumaon ay ang sentro ng mga simbahan ay lilipat sa pinaka-maimpluwensiyang lungsod sa buong mundo – ang Roma. Dahil napagtanto nilang ang sukat at ang aksesibilidad ng lungsod ng Portland ay nililimitahan ang pambuong-mundong kilusan, ang mga McKean ay nag-alay ng ***fleece*** sa Panginoon kung saan sila maaaring lumipat. Inilagay ng Panginoon sa kanilang mga puso na lumipat sila sa Lungsod ng New York o sa Los Angeles. Ang ***fleece*** ay simple lamang: kung saan man may unang lumabas na ***remnant group*** ng mga disipolo, ito na ang magiging lugar kung saan sila mag-uumpisang magtayong muli. Noong dulong bahagi ng Oktubre, sinagot ng Panginoon ang panalangin nang may maliit na grupo ng mga ***remnant disciple*** na nag-uumpisang mabuo sa Los Angeles – na tinipon ng Espiritu na gumagalaw sa pamamagitan ni Sal at Patricia Velasco kasama ang aking asawa't ako. Kahit na binubuo lamang ng tatlumpu't tatlong (23) disipolo, ang persekusyon ay masyadong marahas. Samakatuwid, kaming dalawa ni Kip ay parehong nadama na mas makabubuti kung ako'y babalik sa Los Angeles upang istabilisahin ang ***remnant group***. Bago pa man ang aking pagbabalik, isang pormal na liham ang ipinadala ng mga nasa pamunuan ng ***LA ICOC*** na maling "dini-***disfellowship***" ang ilang mga magigiting na mga disipolo at ako. (Juan 16:1-3, 12:42-44) Walang alinmang katanungan, ang pamunuan ng ***LA ICOC*** – na siyang gumagabay sa isang kongregasyon na binubuo ng kulang sa limanlibo – ay nakadama ng pagkabahala dahil sa kanilang nasaksihan na mahigit sa limanlibo nilang mga miyembro ang nawala sa pananampalataya mula nang lumabas ang Liham ni Kriete at ang hindi makatarungang pagpapatalsik sa mga McKean.

Kasabay din nito, sina Kip at Elena – na nakikita ang kamay ng Panginoon na pinamumunuan sila – ay nagpunta sa Los Angeles upang pamunuan ang isang ***remnant group*** ng mga disipolo at upang umakyat sa kanilang minamahal na "Bundok ng Shalom" (na mas kilala rin sa tawag na Bundok ng Hollywood) upang mangako sa Panginoon na sila'y magiging tapat sa Kanyang bisyon hanggang sa huli. Noong Enero ng taong 2007, may mga planong nabuo upang makatipon ng $150,000 upang ipadala ang isang ***mission team*** na binubuo ng apatnapu't dalawang (42) disipolo mula sa Portland patungo sa Los Angeles. Nang lumao'y ang mga Johnsons ay pinamunuan ang marami sa ***Portland Church*** upang maligaw dahil sa kanilang tinatagong kumbiksyon sa usapin ng awtonomiya.

Ang ***Inaugural Service*** ng ***City of Angels International Christian Church*** ay naganap noong ika-6 ng Mayo ng taong 2007. Nagkaroon kami ng tatlong daan at dalawampu't apat (324) na dumalo noong mga panahong iyon! Ang ***2007 World Missions Jubilee*** ay naganap sa Portland noong tag-araw na iyon, dahil si Kip ay nakadamang ang pagtatatag ng isang batang simbahan sa LA ay hindi dapat masira ng lahat ng mga kinakailangang preparasyon para sa isang ***Jubilee***. At upang hikayatin din ang ***Portland Church***, ang mga McKean ay ninanais na magbalik kasama ng mga

bagong nabautismuhang mga disipolo mula sa pagsisikap ng ***mission team***. Ito ang magpapakita na ang mga sakripisyo ng mga disipolo at lahat ng ginastos ng ***Portland Church*** ay higit pa sa inaakala. Ang tema ng ***Jubilee*** ay ang Hari ng mga Hari!

Lubhang ipinagdasal ni Kip kasama ng ilang mga mapagkakatiwalaang konsehal ang pinili ang pangalan "***International Christian Church***" para sa kongregasyon ng bagong kilusan para sa tatlong dahilan: 1) Ang pangalang "Internasyunal" ay dinala ang pang-mundong bisyon para sa bagong kilusan. 2) Ang salitang "Internasyunal" ay ang magiging senyales sa mga nalalabing mga disipolo na tayo ay ang kilusang muling bubuhay sa kung anong nasirang ***"International" Church of Christ.*** 3) "***Christian***" o Kristiyano sapagkat ang pananaw ni Kip sa Kasulatan na mula sa isang Kilusang Pang-Restorasyon na batay sa historikal na perspektiba ay mas malapit sa konserbatibong posisyon ng Simbahang Kristiyano: "ang lahat ay maaari hanggang hindi nito tinataliwas ang Bibliya," ay isinasaberso ang ***Church of Christ***: "magsalita kapag ang Bibliya'y nagsasalita…" na nangangahulugang ang isa'y nangangailangan ng kautusan, halimbawa o ang napakahalagang imperensiya upang pangalanan o magkaroon ng isang partikular na praktika.

Sa pagtatapos ng unang taon ng ***City of Angels Christian Church*** noong Mayo 2008, isandaan at apat na katao ang nabautismuhan tungo kay Kristo – lamang ng isang pagbabautismo kaysa noong unang taon nina Kip at Elena sa Boston! Ang pambihirang abilidad ni Kip na pumanday ng mga epektibong mga ***evangelist*** ay muli na namang nasaksihan noong unang bahagi ng ikalawang taon at hindi ito natumbasan sa kasaysayan ng mga nagdidisipolong mga simbahan sa Amerika, ipinadala ng Espiritu ang unang dalawang ***mission teams*** ng ***City of Angel's Church***: ang Honolulu, Hawaii – na pinamunuan nina Kyle at Joan Bartholomew, at ang Lungsod ng New York – na pinamunuan naman nina DJ at Kacie Comisford. Noong Agosto ng taong 2008, ang ikaapat na World Missions Jubilee ay ginanap sa Los Angeles at pinamagatang, ***Declare His Glory Among The Nations*** o "Ideklara ang Kanyang Kaluwalhatian Sa Lahat Ng Mga Nasyon." Noong makasaysayang pangyayaring ito, hindi lamang ang ***Mission Team*** ng Lungsod ng New York ang opisyal na ipinadala, kundi pati na rin ang ***Mission Team*** ng Washington DC, na pinamunuan nina Andrew at Patrique Smellie na binubuo ng mga disipolo mula sa Syracuse at Eugene (ang pagtatatag ng Portland noong 2004), ay kasabay ring ipinadala!

Subalit ang pinakatampok na aktibidad ng ***Jubilee*** ay ang anunsyo ni Kip ng pagbubuo ng ***Central Leadership Council (CLC)*** ng ***SoldOut Movement***! Ang mga McKean – makalipas ng maraming oras ng panalangin at payo – ay pinili ang magiging mga ***Evangelist Couples***: Sina Chris at Theresa Broom, DJ at Kacie Comisford, Andrew at Patrique Smellie, kasama sila Matt at Helen Sullivan, maging ang mga ***Shepherding Couples*** na sina: Nick and Denise Bordieri at Tony at Therese Untalan.



Ang unang pagpupulong ng ***Central Leadership Council*** noong 2008!

Nang lumaon, ang aking minamahal na mga kapatid na sina Michael at Sharon Kirchner ay naidagdag sa CLC bilang ikatlong ***Shepherding Couple***, maging ang pagiging Administrador ni Michael sa ***SoldOut Movement***. Bago pa ang paglipat sa LA, nagsilbi si Michael bilang Ikalawang Pangulo ng General Mills sa Minneapolis sa Minnesota. Isinuko niya ang "pangarap na trabahong" ito – literal na pagsasakripisyo ng milyong dolyares sa kanya dapat kikitain sa hinaharap – upang maging bahagi ng ***God's new movement*** sa Los Angeles sa tag-araw ng taong 2007, gaya ng ginawa ni Moises na "isinantabi ang kahihiyan para kay Kristo bilang mas malaking halaga kaysa sa kayamanan (***the American Dream***/ng pangarap ng Amerika), dahil siya ay nakatuon sa kanyang magiging gantimpala sa hinaharap." (Hebreo 11:26)



Sina Michael at Sharon Kirchner ang napili na maging bahagi ng ***Central Leadership Council*** na kung saan si Michael ay naglilingkod bilang Administrador sa lahat ng mga Simbahan ng ***SoldOut Movement***.

Isa pang makasaysayang desisyon na inanunsyo sa 2008 ***Jubilee*** ay ang pagkakagawa ng ***MERCYworldwide***. Sa Kilusang Boston, ang kanilang paraan upang makatulong sa kapwa ay tinawag na ***HOPEworldwide***. Ang "***HOPE***" ay opisyal na itinatag noong 1991 sa ilalim ng panunungkulan ni Bob at Pat Gempel kasama ng ***World Sector Leaders*** bilang Lupon ng mga Direktor (si Kip bilang ang ***Chairman*** o Tapangulo ng Lupon.) Ang ***HOPE*** ay naging isa sa mga pinakamakapangyarihan at respetadong organisasyong naglalayong makatulong sa kapwa sa buong mundo dahil ang lahat ng mga miyembro ng bawat simbahan ay maaaring mapakilos sa boluntaryong mga gawain, na siya namang gagawa ng pambuong-mundong impluwensiya. Sa loob ng ilang panahon, ang ***HOPE*** ay nagkaroon ng mga proyekto sa halos isandaang (100) mga bansa. Ang impluwensiya ng ***HOPE*** ay mabilisang nawala noong mga simbahan ng ***ICOC*** ay nagsarili. Hindi na kaya pang pakilusin ang mga disipolo sa boluntaryong mga proyekto sa buong mundo, at maging ang mga lider ng mga simbahan ay wala nang kagustuhan pang ipagpatuloy ang pagpopondo sa isang sentralisadong organisasyon. Ang interesante rito, ang ***HOPE*** ay opisyal na naitatag noong 1991 sa ikalabing-isang taon ng Kilusang Boston. Ang ***MERCY*** naman ay naitatag sa ikalawang taon lamang ng ***SoldOut Movement***!



Noong taong 1995, ang global na impluwensiya ng HOPEworldwide ay lubhang napagaling na ang mga Gempel – ang mga Direktor ng HOPEworldwide – at si Kip bilang ***Chairman of the Board*** o Tagapangulo ng Lupon ay nagawang ipresenta kay Nelson Mandela ang "***HOPE Unity Award***" sa "***South African White House***" sa Pretoria. Ngayon si Kip ay naglilingkod bilang Tapangulo ng Lupon para sa ***MERCYworldwide***, gamit ang maraming taon ng kanyang hindi matatawarang karanasan sa ***HOPEworldwide***!

Hindi kailanman nakalimutan ni Kip kung paanong ang HOPE ay nagbukas ng maraming pintuan para sa ebanghelismo ng maraming mga nasyon, gaya ng India at ng Israel. Samakatuwid, ang pagbuo ng "bagong HOPE o PAG-ASA" ay lubos na prayoridad sa kanyang kagustuhang isakatuparan ang pangarap ni Hesus na ebanghelisasyon ng mga nasyon sa isang henerasyon. Ang mga Direktor ng "MERCY" ay sina Nick at Denise Bordieri.




Sina Nick at Denise Bordieri

**Ang Portland Church ay Pinamunuang Maligaw**

Bilang karagdagan noong 2008 ***Jubilee***, ang nakagugulantang na pang-aabandona nina Steve at Lisa Johnson (na ikalawang beses na) sa pangarap nina Kip at Elena maging ni Hesus na ebanghelisasyon ng mga nasyon sa isang henerasyon ay naging madali nang intindihin. Hindi ko kailanman makalilimutan na sa kanyang talumpati sa Jubilee, pinangunahan niya ang kanyang matagumpay na pag-alis sa kilusan gamit ang mga salitang tila nagbabadya ng mga masamang pangyayaring magaganap sa hinaharap, "Ito na marahil ang huling beses na magsasalita ako sa inyo sa Jubilee." Lubos ko itong ikinabigla sapagkat bago pa man sumapit ang Jubilee, kaming dalawa ni Steve ay halos linggo-linggong nagkakausap sa Skype at pinalalakas ang loob ng bawat isa. Napag-usapan namin ang ilang mga mapanubok na mga paksa, subalit wala akong na ideya sa kanyang tunay na pinaplano.

Dalawang linggo makalipas ang Jubilee, opisyal nang kumalas sa ***SoldOut Movement*** si Steve Johnson, noong siya'y nagpahayag sa isang Panggitnang Linggong Miyerkules na sermon tungkol sa usaping awtonomiya. Isang linggo bago ang kanyang sermon, nagkaroon ako ng maraming beses na pakikipag-usap kay Steve kung saan ay pinal niyang isinarado sa akin ang kanyang mga tunay na paniniwala sa ***discipling***, awtonomiya at awtoridad. Noon din ay binanggit niya sa aking siya'y hihiwalay na. Ang nakalulungkot na desisyong ito ay itinulak ng hindi pagnanais na bayaran ang kanya at ng kanyang asawang si Lisa ang mataas na pagnanais

manatili sa bagong kilusan – ang pagkawala ng marami sa kanilang relasyon sa ***ICOC*** at sa ***Mainline Churches*** – ang kanilang pinagmulan. Kahit na mahirap na mapansing naituro ng mga Johnson matapos na ang Espiritu ay ipinadala ang mga McKean sa LA, lumantad na ngayon ang mga Johnson upang mariing tuligsain ang isang sentral na pamunuan na may isang setral na lider para sa isang pamilya ng mga simbahan.



Sina Chris at Theresa Broom ng Chicago noong 2007!

Mula sa mga pagsisikap ni Jeremy Ciaramella, ang ministro para sa ***Eugene Church***, isang ***Portland Remnant Group*** na mabilis na nabuo bilang reaksyon sa pagtataksil at hindi maka-Bibliyang pangangaral ng mga Johnson. Ang mga bayaning kaluluwa ng mga ito ay hindi kayang maging bahagi ng ***Mainline worship service*** na kung saan ay iniluwal ng ***Portland Church***. Mula sa balita ng insidenteng ito, ginamit ng mga kritiko ang oportunidad na ito upang atakihin ang mga McKean, at ang nag-uumpisang bagong kilusan ng Panginoon. Humakbang sa unang hanay upang protektahan ang karangalan ng Panginoon, ang pagkakabalido ng kilusan ng Panginoon, at ang "pagtawag ni Kip sa mga remnant" ay si Chris Broom – ang dating ***Lead Evangelist*** ng ***Chicago International Christian Church***. Si Broom ay bumuo ng isang dokumentong naglalahad ng mapanirang pag-alis ng ***ICOC*** sa teolohiyang ***Mainline***, na katumbas ng ng puno ng kasinungalingang pag-alis ng mga Johnson sa ***movement***, na direktang naging dahilan upang ang ***Portland Church*** ay bumagsak ang kasapian mula sa limandaan (500) hanggang dalawandaan na lamang (200.) Ang liham na ito ay pinamagatang, ***A Portland Report According To My Convictions.***




Ron at Tracy Harding noong bago matapos ang 2008!

Ang pormasyon ng ***Remnant Group*** ng mga disipolo sa Portland ay naging esensyal sa isipan ni Kip na muling itatag ang isang dinamikong ministri ng ***discipling*** sa Portland, dahil ang lungsod din na ito ang sinilangang lugar ng ***SoldOut Movement***. Matapos ang panalangin at pag-aayuno, ako at ang aking asawa'y magalang na tinanggap ang imbitasyon na pamunuan ang isang ***Mission Team*** mula LA patungong Portland. Sinabi ko kay Kip na kailangan kong magkaroon ng oras para makipag-usap kay Steve bago pa tayo gumawa ng kahit anong mga anunsyo upang mabigyang-karangalan ko si Steve at ang aming relasyon. Tinawagan ko si Steve at sinabi sa kanyang hindi ako makapupunta sa Portland upang tuligsain siya, subalit dahil siya ay tumangging magtrabaho kasama natin. Napag-isipan ko rin na mayroon pa akong pag-asang makipag-***fellowship*** sa bawat isa. Dahil ako ay isang propesyonal na ***drag racer*** sa loob ng limang taon bago ako maging isang Kristiyano, kami ay nagkasundong pumunta sa mga karera sa Portland International Raceway noong ako ay dumating. Ang nakalulungkot dito, hindi kailanman ibinalik ni Steve ang aking mga tawag mula pa nang dumating ako sa Portland. Ang ***Remnant Group*** ng mga disipolo sa Portland ay naging bahagi ng ***mission team*** noong dulong bahagi ng taong 2008. Sa Portland, ipinakita ng Panginoon na tama ang panawagan ni Kip para sa isang bagong kilusan na kung saan ay ang bawat isang miyembro sa lahat ng mga simbahan ay "***sold-out***."Matapos ang pagpapadala ng ***mission team*** na ito, ang napaka-sigasig at bagong "***Portland International Christian Church***" ay napakabilis na lumago kaysa ang ngayo'y hindi na nakapagpalawak pa na "***Portland ICOC***" na patuloy na nananatiling nagsasarili hanggang sa mga panahong ito.

**Ang Proyekto ng Crown of Thorns**

Ang tema para sa ***2009 Global Leadership Conference(GLC)*** o ang "Global Na Pampamunuang Kumperensiya ng 2009" ay ***Go Into All The World*** o "Pumunta Sa Lahat Ng Mga Mundo." Ito ay naganap noong unang bahagi ng Agosto at ang mga lider mula sa dalawampung (20) iba't ibang mga nasyon ay bumiyahe patungong Los Angeles upang makiisa. Ang mga sumusunod ay isang seksyon ng tala ni Kip ng ***GLC*** na nairekord sa Buletin ng ***City of Angels Church*** noong ika-16 ng Agosto, 2009.

Sa dulo ng pangangaral, aking ipinresenta Ang Proyekto ng ***Crown of Thorns***. Alalahanin nating sinabi ni Hesus sa matapat na Labing-isa, "Kayo ang aking mga magiging saksi sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at sa dulo ng mundo."

Ang Espiritu'y ginawa ang Los Angeles bilang "Jerusalem" ng ***God's new movement***. At upang ebanghelisahin ang mundo, kailangan din nating maebanghelisa ang "ating sariling Judea at Samaria," ang Estados Unidos. Sa loob lamang ng tatlong taong pagkakatatag, ang ***SoldOut Movement*** ay nakapagtayo na rin ng ***discipling churches*** sa apat na pinaka-maimpluwensiyang lungsod sa Amerika – ang Lungsod ng New York, ang Los Angeles, ang Chicago at Washington DC – maging sa Portland, Honolulu, Hilo, Syracuse, Eugene at Phoenix. Ang mga simbahang ito ay hindi isinama ang maraming mala-bayaning nalalabing mga simbahan. Ang mga kongregasyon ng US (kasama ng ating kauna-unahang pang-mundong kongregasyon sa hinaharap na gaya ng London at Paris) ay siyang tutugon sa mga pangangailangan – mga disipolo at pinansya – upang makarating "sa dulo ng mundo." Samakatuwid… kailangan nating planuhin na mapalibutan ang mundo mula sa nagkakaisang ***discipling churches*** sa iba pang limang maraming populasyon na mga kontinente. Inilista ang labindalawang tinatarget na internasyunal na mga lungsod na mayroong isang iginuhit na linyang nagdurugtong sa kanila na bumubuo ng isang gulo-gulong bilog – isang "***Crown of Thorns***" na magdadala ng kaligtasan – sa buong mundo: ang Santiago, ang Lungsod ng Mexico, ang Sao Paulo, London, Paris, Cairo, Johannesburg, Moscow, Chennai, Hong Kong, Manila at ang Sydney. Lubos itong nakasasabik sapagkat noong nagaganap ang nasabing kumperensiya… si Joe at Kerry Willis ng Brisbane, Australia ay pinagtibay ang mga plano na lumipat sa LA para sa pagpapatatag ng kanilang mga sarili at para na rin sa mas maraming mga pagsasanay… Gaya ng ipinangako Niya, ang ating Panginoon ay tinitipon ang mga ***remnant disciple*** mula sa "pinakamalalayong mga lugar." (Nehemias 1:8-9) Ito'y nangyayari na!

Mula sa GLC noong 2009 hanggang sa kasalukuyan, Ang Proyekto ng ***Crown of Thorns*** ay naging isang bisyon ng pagkilos para sa kilusan. Mula sa lahat ng mga Simbahan ng SoldOut, ang mga disipolong katulad ko'y simpleng nagnanais lamang na gumawa ng pagbabago at baguhin ang mundo.

 Ang Proyekto ng ***Crown of Thorns***

Ang Plano Para sa ***World Evangelism*** Para sa ***SoldOut Movement***

"Ngunit palalakasin kayo kapag nanahan sa inyo ang Espiritu Santo; at kayo ang aking mga magiging saksi sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at sa dulo ng mundo." Mga Gawa 1:8

"Jerusalem" – ang Los Angeles

"Judea at Samaria" – ang Estados Unidos at Canada

Sa Judea: Los Angeles, Las Vegas, Phoenix, San Diego, San Francisco, Santa Barbara

Sa Samaria: Boston, Chicago, Dallas-Ft. Worth, Denver, Eugene, Gainesville, Hilo, Honolulu, Houston, New York, Orlando, Philadelphia, Portland, San Francisco, Syracuse, Toronto at Washington DC

"Ang Mga Dulo Ng Mundo"

UNANG BAHAGI: Itatag ang mga Lungsod sa Crown of Thorns

| | |
|---|---|
| Santiago<br>2009 | Chennai<br>2014 |
| London<br>2010 | Moscow<br>2014 |
| Sao Paulo<br>2011 | Manila<br>2015 |

| | |
|---|---|
| Mexico City<br>2012 | Johannesburg<br>2016 |
| Paris<br>2012 | Cairo<br>2016 |
| Sydney<br>2013 | Hong Kong<br>2017 |

IKALAWANG BAHAGI: “Ang Mga Simbahan ng ***Crown of Thorns***” Targetin Ang Mga Kapital Na Lungsod Ng Mga Pumapalibot Na Mga Nasyon

IKATLONG BAHAGI: Ang Bawat Kapitolyong Simbahang Pang-Lungsod Ang Mag-Eebanghelisa Sa Kanilang Nasyon

(Berde: ***Church plantings***, Lila: Ang mga ***Remnant Group***, Pula: Mga Itatatag Pa Lamang)

**Ang Panginoo’y Tinitipon Ang Mga Mula Sa Pinakamalalayong Lugar**

Ang Panginoo’y palaging gumagalaw sa pamamagitan ng isang “***remnant disciple***” mula pa noong panahon ni Noah hanggang sa kasalukuyan. Sa usaping Biblikal, “ang remnant” ay binigyang-kahulugan bilang isang maliit na grupo ng mga “nakaligtas” na silang nananatili o nagbalik-loob sa mga katotohanan ng Panginoon matapos ang marami sa mamamayan ng Panginoon ay hindi na pinili pa ang landasing ito. (Isaias 10:20-22) Nanalangin si Nehemias sa Panginoon para sa mga nalalabi, “Alalahanin mo ang panutong iyong ibinigay sa inyong lingkod na si Moises na nagsasabing, ‘Kung ikaw hindi tapat sa pananampalataya, ikakalat ko kayo sa maraming mga nasyon, subalit kung babalik kayo sa Akin at susundin ang aking kautusan, kahit ang inyong mga taong nasa pinakamalalayong mga lugar pa ay titipon ko silang lahat doon…” (Nehemias 1:8-9) Sino ang hindi sasang-ayon na ang ***ICOC*** ay “nakakalat sa maraming mga nasyon?” Samakatuwid, ang labis na kapana-panabik sa ating panahon, ang Panginoo’y tinitipon ang Kanyang mga nalalabing mga disipolo kahit pa sa “pinakamalalayong mga lugar.”

Noong ipinadala ng Panginoon ang mga McKean sa Portland noong 2003, mayroon lamang dalawampu't limang (25) "nakaligtas" ang tinipon sa unang Panggitang Linggong ***Service***. Subalit ang dalawampu't limang ito na sa pamamagitan ng pananampalataya, kapatawaran at ***discipling*** ay naging mga base ng sold-out na siyang idinagdag ng Panginoon. Ang interesante rito, sa pamamagitan ng pagkakatatag ng ***Portland Church*** noong 1991, hindi na sila kailanman nagtatag pa ng kahit isa man lang na simbahan hanggang sa pagdating ng mga McKean, at ikinonsidera na lamang bilang "maliit at relatibong hindi na mahalaga pa." Bilang karagdagan, noon ding makasaysayang gabing iyon kung saan ang mga "***remnant disciple***" ay naging mga buto ng pamunuan ng ***God's new movement***. Mula sa mga dumalo noong gabing iyon ay sina: Nick at Denise Bordieri, Tony at Therese Untalan, kasama ng kanilang anak na babaeng si Coleen (Challinor) – ang kaisa-isang tapat sa pananampalatayang kabataan, si Jermey at Amy Ciaramella, Jay at Angie Hernandez, Michael at Michele Williamson, at si Sarah Travis (Dimitry) – isa sa mga apat na estudyante sa kolehiyo! Ang lubos na nakamamangha rito ay ang lahat nang ngayo'y "dinamikong mga lider sa ***SoldOut Movement***" ay pawang mga hindi "kilala" ng lahat ng mga lider ng kung ano mang nalalabi sa ICOC! (1 Corinto 1:26-30)

Noong Marso ng taong 2004, ang Espirito ay dinala sa Portland mula sa "kanilang pangingibang-bayan" at nagtatrabaho ng isang sekular na trabaho sa St.Louis, ang kauna-unahang dating full-time na pamilya ng ICOC – sina Victor at Sonia Gonzales kasama ng kanilang sampung (10) mga anak. Si Victor Sr. ay pinatalsik sa LA, dahil ang kanyang "istilo sa pamumuno" ay "lubhang gaya ng kay Kip." Mula 2004 hanggang sa kasalukuyan, isang uhaw na ***remnant disciple*** ay dumating sa mga kongregasyon ng ***SoldOut Movement*** at nakahanap ng "buhay na tubig" – "ang simbahan kung sila ay nabautismuhan!" Mula sa mga lider – parehas na dating full-time at hindi full-time – ay sina: Chris at Kerri-Sue Adams, Erik at Klint, Alfredo at Alejandra Anuch, Argo at Anu Arneson, RD Baker, Nevin Bhalla, Evan at Kelly Bartholomew, Kyle at Joan Bartholomew, Cory Blackwell, Chris at Theresa Broom, Chris Bryant, Timur at Vita Butakov, Eric at Jackie Chapman, Donna (Smellie) Clark, Jeremiah at Julie Clark, Chris at Sonja Chloupek, Ian at Magot Clague, DJ at Kacie Comisford, Sal at Jen DiFusco, Anthony at Elizabeth Eckels, Jim at Donna Fenton, Blaise at Patricia Feumba, Cecy (Mejia) Frazier, Carlos at Maria Elena Gallardo, George at Angelica Grima, Jacques at Jeanette Groenewald, Rich at Stephanie Hackett, Bill at Lisa Hamilton, Michael at Maria Hart, Slava at Lena Kapskiy, Ted at Sheila Karonis, Tim at Lianne Kernan, Michael at Sharon Kirchner, Lola Lof, Matt at Marlo Lovacheff, Afa Maile, John at Anna Malnegro, Nimrod at Vis Malnegro, LuJack at Cathi Martinez, Jack at Jeanne McGee, Carlos at Lucy Mejia, Raul at Lynda Moreno, Michy Ngungu, Gary at Cyndee Ochs, Rob at Burgandie Onekea, Roger at Kama Parlour kasama ng kanilang mga anak na sina Joel at Britanny (Underhill), Jermaine at Stefanie Peacock, Gina Dela Pena, John at Bernie Pereda, Russ at Lana Preston, Mike at Suzette Purdy, Jake Ramsier, Raja at Debs Rajan, Steve at Kithy Ranga, Joe at Patrique Smellie, Kevin Smellie, Eugen at Julia Sobolev, Amadou at Angele Sountoura, Matt at Helen Sullivan, Chris Teves, Renato at Marie Jose Tria, Sal at Patricia Velasco, Lance at Connie

Underhill pati ang kanilang mga anak na lalaki – sina Mike at Joey, Rene at Anita Vermaat, Joe at Kerry Willis, Menno at Yuklin Zoutendijk, si Tracy at ako.



Sina Tim at Lianne Kernan sa Notre Dame sa Paris!

Noong 2010, isa sa pinakamahahalagang pangyayari ay ang pagdating ni Cory Blackwell, ang dating ***World Sector Leader*** para sa Gitnang Silangan. Ang pagpapalit ni Cory ng kasapian (ngayon ay tinatawag niyang kanyang restorasyon) noong Nobyembre ng taong 2010 ay naging gamot sa mga sariling sugat ni Kip. Kahit na ang trauma ng asawa ni Cory na naging dahilan ng pagtalikod sa Panginoon sa nakalipas na mahigit sampung taon at ang kasunod na pag-aalis mula sa grupo ng lahat ng mga kongregasyon ng ***ICOC*** ay ang halos dumurog sa pananampalataya ni Cory, si Cory ay hindi lamang muling itinalaga bilang isang ***evangelist*** sa Global na Pampanunang Kumperensiya noong 2011, bagkus siya rin ay kasalukuyang namumuno sa Timog na Rehiyon ng ***City of Angels Church*** at muling nabigyan ng pagkakataong makapag-ebanghelisa sa Gitnang Silangan. (Buletin ng ***City of Angels International Christian Church*** – ika-28 ng Nobyembre taong 2010, ***The Dream Never Dies*** o "Ang Pangarap Ay Hindi Kailanman Mamamatay") Ang lubos na nakakamangaha rito, dahil si Cory ay naging bahagi ng makabagong panahon na kilusan ng Panginoon, ang kanyang anak na babaeng si Avrie ay naging isang napaka-dinamikong nabautismuhang disipolo!



Sina Cory at Kip noong 1994!

Mula sa personal na tala, matapos ang pakikipaglaban ko kay Cory sa loob ng pitong taon sa Liga Ng Basketbol sa LA Church (at natalo ko siya ng isang beses sa Paligsahan sa Three Points!) lubhang napakasaya sa pakiramdam na kami'y maging "magkatuwang sa ebanghelyo" at matuto mula sa kanyang mga taon ng karanasan! Lubos ding lumakas ang aking loob noong

Taglamig ng 2013 sapagkat namuno si Cory sa pagkakaroon ng Liga Ng Basketbol para sa City of Angels Church! Ang naging kampeon sa taong ito ay ang Rehiyon ng AMS!



Si Cory Blackwell

Noong Hunyo ng taong 2011, isa pa sa napakagiting na lider na si Blaise Feumba at ang kanyang asawang si Patricia ay sumanib na sa ***God's new movement***. Mula sa kanilang pagnanais na maging kabahagi ng bagong kilusan, ipinahayag ni Blaise kay Kip ang kanyang kalungkutan dahil sa pagpirma sa dalawang liham laban sa kanya noong 2005. Lubha siyang humingi ng kapatawaran dahil sa kanyang karuwagan at lubha siyang namangha sa walang kondisyong kapatawaran ni Kip. Ang email na ito ay naitala Buletin ng City of Angels International Christian Church – ika-19 ng Hunyo ng taong 2011, The Glory Of The Second Temple o "Ang Kaluwalhatian ng Ikalawang Templo:"

*Mahal kong Kip,*

*Naaalala ko pa rin ang sampung minutong kasama ka sa Seattle (sa Pampanuang Kumperensiya ng* ***ICOC*** *noong 2005) na nagnanais maunawaan ang nangyayari sa aming pamilya ng simbahan noong mga panahong iyon. Sinabi mo sa aking mag-uumpisa ka ng panibagong kilusan na palalakarin ng Espiritu ng Panginoon. Noong mga oras na iyon, hindi ako sigurado kung iyon nga ba ang pinakamabisang gawin, subalit matapos na ang mga simbahan sa French Africa ay dumaan din sa kaparehong Satanikong rebelyon noong 2007, naintindihan ko na ang ibig mong sabihin noon sa silid na iyon sa Kumperensiya sa Seattle… Ang halos lahat ng mga sinabi sayo at kay Elena ay sinabi rin kay Patricia at sa akin sa napakaliit na punto. Subalit ang mga pasakit at mga pagdurusa na pinagdaanan namin ay ginamit ng Panginoon*

*upang mailapit kami sa Kanyang puso sa pamamagitan ng hindi mabilang na mga gabi ng luha't pighati sa Kanyang mapanlinis na mga kamay.*

*Nakaligtas kami sa tulong ng biyaya ng Panginoon at nagpatuloy sa pangangaral ng ebanghelyo kung saan ako ay tinawag ng Diyos. Mula sa isang simbahan (na dati kong pinamunuan) na mayroong higit sa dalawanlibo (2,000) ang mga miyembro sa Abidjan, (sa Dalampasigan ng Ivory), isang banda ng magigiting na mga disipolo ang sumunod sa amin ni Patricia para sa pag-uumpisa ng bagong itatatag na simbahan. Napagtanto naming lahat na ang dapat naming sundin ay ang mga ulap at hindi ang karamihang na naniniwalang ang simbahang ibinigay namin ang aming kabataan ay para sa mga patay sa politika at kasinungalingan. Ito ay ang bagong larong nilaro ng mga pastol ng ICOC sa ngalan ng kapangyarihan at impluwensiya. Walang kahit anumang suporta mula sa kahit kanino, kami ay lumago mula sa dalawampu (20) hanggang sa mahigit isandaan sa loob ng dalawang taon, maging ang pagpapadala namin ng bagong pagtatatag sa Hiré, sa Dalampasigan ng Ivory, na ngayo'y mayroon ng tatlumpung (30) mga disipolo…*

*Ngayon ay ninanais kong gamitin ang panahong ito upang ipaalam sa'yo na ako'y humihingi ng kapatawaran dahil sa pagpirma ko sa isang liham na tumutuligsa sa iyo noong 2005, dahil hindi pa ako ganoon katapang upang tumindig na taliwas sa karamihan. Ginawa ko ito ng labag sa konsensya ko, subalit nang dahil dito'y wala akong ibang sinisisi kundi ang sarili ko lamang. Pakiusap ay patawarin mo ako aking kapatid sapagkat ako'y nagkasala sa Panginoon kasama ng grupo ng mga kapatid na nagnanais na patayin ang kanilang "ama" upang kuhanin ang kanyang katayuan. Hindi tayo natuto mula kay David na nakaintindi na ayaw ng Panginoon ng rebelyon laban kay Saul kahit gaano man kasama ang naging pagtrato ni Saul sa kanya. Wala akong dinadalang pagkamuhi sa aking puso laban sa aking mga dating kaibigan. Sa totoo lang, napagdesisyonan kong kailangan ko silang ipagdasal araw-araw at magmakaawa sa Panginoon na sila'y muling ibalik at muli'y maging maging malapit sa Kanyang puso…*

*Sa mga panahong ito, wala akong ibang naiisip na kapitang maaari kong malapitan tungkol dito. Ako ay nagmasid sa iyo sa loob nitong nakalipas na tatlong taon. Ang iyong mga ginawa ang siyang tagapagsalita ng mapagpalang kamay ng Panginoon sa iyo. Sa kabila ng matitindi mong pinagdaanan sa buhay ay patuloy ka pa ring matibay na tumitindig para kay Hesus at para sa Kanyang misyong makita ang ligaw na mundong ito na maebanghelisa sa isang henerasyon. Pinatunayan mo ang sarili mong nararapat kang sundin habang sinusundan mo si Kristo. Narito ako… kasama ng isang nag-aalab na kagustuhang makapagligtas ng maraming mga kaluluwa hangga't maaari. Kailangan kita sa aking buhay. Ipinadadala rin namin ang aming pagmamahal kay Elena.*

*Blaise at Patricia Feumba*



Si Blaise at Patricia Feumba kasama ng kanilang tatlong anak na sina Helena, Odelia at Yoel!

Mula sa pagdating ng mga Feumba, dalawa pang "nalalabing mga simbahan" ang naisama sa kilusan sa Dalampasigan ng Ivory. Ang mga grupong ito ay naalala at binigyang-puri sina Blaise at Patricia dahil sila'y naglingkod sa ***ICOC*** bilang mga ***GSL*** (***Geograhic Sector Leaders***) o mga Lider ng Heograpikong Sektor na dinala sa kanila ng ebanghelyo maging ang para sa dalawampu't dalawang (22) mga simbahan sa labing-apat (14) na nasyon ng Aprikang nagsasalita ng Pranses (***French-speaking Africa***). Ang mga Feumba ay muling naitalaga sa ***GLC*** noong 2011 upang mga ***Evangelist*** at ***Women's Ministry Leaders***. Sila ngayo'y maligayang naglilingkod sa Panginoon bilang mga ***full-time*** na mga lingkod sa Hilagang Rehiyon ng ***City of Angels Church***.

Ayon sa naitala noon, ang kumbiksyon ni Kip na primaryang dahilan kung bakit ang "unang kilusan ay bumagsak na ebanghelisahin ang lahat ng mga nasyon" ay ang kakulangan ng biyaya, pagkaawa at kapatawaran sa kanyang pamumuno, maging sa buhay ng mga namumuno. Samakatuwid, sa tuwing mayroong nagbabalik-loob o nagiging miyembro ng ***City of Angels Church***, madalas ay si Kip ang nangunguna sa pagkanta ng ***We Love You With The Love Of The Lord*** o "Minamahal Ka Namin Sa Pamamagitan Ng Pag-ibig Ng Panginoon." Ito ay halos kapareho ng mga kapatid na binabati si Pablo sa Roma, subalit ang kakaiba lamang sa ***SoldOut Movement*** ay ang "koro ng mga disipolong ***sold-out***" na nagtitipon sa paliparan ng lungsod upang batiin ang isang kasamang disipolo mula sa alinmang panig ng mundo kasama ng kantang

***We Love You With The Love Of The Lord***! Ito ay ginagawa ng lahat ng mga ***SoldOut Movement*** sa lahat ng anim na maraming taong kontinente, at ang himnong ito ang naging awitin ng ***God's new movement*** na malakas na ipinaririnig sa lahat na itong "ikalawang beses" upang "mahalin ang Panginoon kasama ng iyong buong puso't kaluluwa maging ng iyong buong isip at lakas" at "upang mahalin ang iyong mga kapitbahay gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili" ay ang magiging pinaka-importanteng mga aral!

**Ang Patuloy na Pagdami ng Bagong Kilusan**




Ang mga Lider ng ***Mission Team*** ng Moscow – sina Oleg at Aliona Sirotkin ang kanilang mga anak na babae noong 2010!

Noong Agosto sa ***Global Leadership Conference*** ng taong 2010 na pinamagatang ***EXODUS*** o EXODO, ang ikalawang lungsod ng ***Crown of Thorns*** – ang London – na ngayo'y dinamikal na pinamumunuan nina Michael at Michele Williamson ay ipinadala na! Ang ikatlong ***church plantings*** ng ***Crown of Thorns*** – ipinadala ng Espiritu ang Sao Paulo sa ***Global Leadership Conference*** noong 2011 at pinamagatang, ***The Calling*** o "Ang Panawagan." Ang hindi matatawarang pagsisikap na ito ay magiting na pinamunuan ni Raul at Lynda Moreno.



Sina Michael at Michele Williamson sa London Eye na makikita/matatanaw sa Big Ben, Parliament at ang Ilog ng Thames!

Ang tema para sa ***GLC*** o ***Global Leadership Conference*** ay ***CHOSEN – Spiritual Leadership In The Days Of The Judges*** o "ANG ITINALAGA – Ang Pamumunong Ispiritwal Sa Panahon Ng Mga Hukom." Limang makasaysayang ***mission teams*** ang ipinadala ng kamay ng Panginoon: Boston, San Francisco at Orlando, maging ang ikaapat at ikalimang pagtatatag ng ***Crown of Thorns***: Ang Lungsod ng Mexico at Paris. Ang Paris ay punong-puno ng inspirasyong pinamunuan nina Tim at Lianne Kernan, ang mga Canadian na nagsasalita ng Pranses ang silang dumating sa unang ***Jubilee*** ay nang lumao'y binuo ang ***Remnant Group*** ng London! Tayo'y nagawang atakihin ni Satanas sa ating mga pagsisikap sa napakaganda subalit ateistikong lungsod na ito sa pamamagitan ng mga awtoridad na hindi pinayagang makakuha ang mga Kernan ng pang-matagalang visa. Sa kasalukuyan, ang ***Paris Church*** ay magiting na pinaglilingkuran ng mga dating full-time na Mag-asawa sa Pangkampus na Ministri sa Paris ***ICOC*** – sina Philippe at Prisca Scheidecker! Sa araw na ito, sina Tim at Lianne Kernan – na silang tinatawag ni Michael Kirchner na "mukha ng mga ***world missions*** para sa ***SoldOut Movement***" – matapos ang walang takot na pangangaral ng Salita ng Diyos sa Chennai, India ay naitatag ang ***Toronto International Christian Church*** sa kanilang lupang sinilangan!

Sa kasalukuyan, kahit na halos nasa limandaan (500) na ang mga disipolo ang naipadala para sa dalawampung (20) ***mission teams*** maging upang palakasin ang mga nagpapatuloy na mga kongregasyon sa loob ng nakalipas na pitong taon, ang City of Angels Church ay patuloy na

nakapagpaparami. Ang bilang ng mga dumadalo sa kanilang mga aktibidad tuwing umaga ng Linggo ay umaabot sa isanlibo't tatlong-daang (1,300) tao! Ang nakamamangha noong 2014, binasbasan ng Panginoon ang kongregasyong ito sa limandaan at pitong (507) karagdagan – tatlong daan at animnapu't anim (366) na pagbabautismo, limampu't tatlong (53) restorasyon at walumpu't anim (86) na pagpapamiyembro – marami ang "nagmula" sa ICOC na naghahanap ng muling pagkabuhay!




Sina Raul at Lynda Moreno

Ang tunay na impluwensiya ng pamumuno ni Kip ay hindi lamang dapat sinusukat sa mabilisang pagdami ng mga disipolo sa Los Angeles, bagkus ang pagdami rin ng mga simbahang itinatag sa LA. Kapag may isang nagbilang ng lahat ng mga simbahang ito, sa loob lamang ng pitong taon, ang Panginoo'y ginamit ang orihinal na apatnapu't dalawang (42) miyembro ng ***Mission Teams*** ng City of Angels upang magparami sa halos apat na libong (4,000) disipolo at mayroong dumadalong limanlibong tao kada linggo! Sa pangkalahatan, ang ***SoldOut Movement*** ay ngayo'y makikita sa anim na pinakamaraming taong kontinente sa buong mundo! Binibilang ang parehas na "ang simbahan na nagtatatag ng mga simabahan" at ang "***remnant group*** ng mga simbahan," ang ***God's new movement*** ay kolektibong umaabot ang bilang sa halos animnapung (60) kongregasyon sa loob ng dalawampu't anim (26) na mga bansa: Australia, Brazil, Canada, Chile, Colombia, Curacao. Democratic Republic of Congro, England, Ethiopia, France, Guam, Haiti, India, Ivory Coast, Kenya, Mexico, Netherlands, Philippines, Russia, Saudi Arabia, South

Africa, Spain, Sweden, Ukraine, Venezuela at ang United States of America… ang dumaragdag pa!

Sa espesyal na tala, ito ay naging "ligaya ng aming buhay" para samin ni Tracy na pamunuan ang Washington DC Church! Noong Hunyo ng taong 2013 ay naganap ang isang makasaysayang pangyayari – habang nakita namin ang kauna-unahan sa ***SoldOut Movement***: Sa pagpapadala ng pagtatatag ng Denver Church, ang kongregasyon ng DC ay naging ang unang simbahang (bukod sa LA) na makapagsanay, makapagpadala at buong-buong mapondohan ang isang buong ***mission team***!




Ang ***Mission Team*** ng Denver

Sa ngayon, ang DC Church ay nagbago mula sa isang "simbahang itinatag" tungo sa isang "tagapagtatag na simbahan!" Siyempre ito ay dahil ang Panginoon ay patuloy na pinagpapala ang mga tunay na ibinibigay ang lahat-lahat, kaya naman ibinigay niya ang isandaang (100) miyembro ng DC Church ng isang napakalaking yakap, pinagpala niya an gaming International Day services sa lawn ng National Mall na may dumalong limandaa't walong (508) tao noong 2013 at anim na raan at apatnapu't anim (646) noong 2014!



Si Ron Harding na nangangaral sa limandaa’t walong (508) katao sa lawn ng National Mall!


**Ang Pagkakatatag Ng International College Of Christian Ministries**




Ang bawat pangunahing "denominasyong Kristyano" sa mundo ay nakapagtatag na ng kanilang mga sariling seminaryo upang gawing pormal ang mga doktrina nito at sanayin ang mga ministro nito. Sa dalawang magkaibang okasyon sa aming dating ***fellowship*** – sa Boston noong unang bahagi ng dekada 80 kasama ng "***Boston School of World Missions***" at sa LA noong unang bahagi ng dekada 90 pati ng "Los Angeles International School of Ministry" – pinili ni Kip na humingi ng tulong sa pagtatatag ng isang kinikilalang paaralan. Ang nakalulungkot dito, ang pamunuan ang ***ICOC*** ay hindi kailanman dumating sa kasunduan sa kurikulum upang upang makapagtatag ng isang paaralan kung saan ang mga digri ay kinikilala. Dahil "dinala sa isang kumpletong pagkakaisa" (Juan 17:23) ng pagkakatatag ***International College of Christian Ministries (ICCM)***, ang ***Central Leadership Council*** at ang mga lider ng mga simbahan sa buong mundo sa ***God's new movement*** ay siyang tumutupad sa panalangin ni Hesus sa Hardin ng Getsemane upang malaman ng mundo na tayo'y Kanyang ipinadala!

Isa sa mga unang layunin ng ***ICCM*** ay ang bigyang-pagkilala ang mga taong kasalukuyang naglilingkod bilang ***evangelist*** at ***women's ministry leaders*** sa pamamagitan ng pormal na pagbibigay sa kanila ng isang ***BA in Ministry Degree*** sa ***Global Leadership Conference*** noong 2013! Kaya noong ***Global Leadership Conference*** ng 2013 na pinamagatang ***Prophets And Kings***

– ***Longed To See What "We" See, we all "stood in awe of (our) God***" habang ang siyamnapu't apat (94) na indibidwal ang tumanggap ng kanilang digri ng Batsilyer, Masterado at Doktorado!



Si Michael Kirchner – ang ***Chairman ng Board of Regents*** – habang ipinakikilala ang Prosesyunal para sa makasaysayang unang pagtatapos ng ***ICCM***!



Habang ang Prosesyunal ay nagsisimula, pinatutugtog ang ‘Ride of Valkyries!’




Ang moto o pinaniniwalaan ng ICCm ay “Venia et Veritas” na nangangahulugang “Biyaya at Katotohanan!”



“Tayo ay tila kalalakihan AT KABABAIHANG nangarap!” (Salmo 126:1)

Ang ***Inaugural Commencement Brochure*** o “Brosyur Ng Pasinaya Sa Pagtatapos” ay mababasang:




"Kasama ng buong kagalakan na kayo ay aming tinatanggap sa Seremonya ng Pasinaya sa Pagtatapos ng ***International College of Christian Ministries (ICCM)***! Ang "pangarap na ito tungo sa katotohanan" ay naging posible dahil sinagot ng Panginoon ang mga panalangin noong ika-16 ng Agosto, taong 2012 habang ang ***California Bureau of Postsecondary Education*** ay inaprubahan ang ating aplikasyon para sa pagtatatag ng ***ICCM***. Natanggap namin ang "***Verfication of Excempt Status***" na siyang nagpahintulot sa ***ICCM*** na magbigay ng mga digri sa Batsilyer, Masterado at Doktorado sa Ministri na nakabatay sa "ating" Biblikal na doktrina at pamantayan.

Ang "paaralang ito ng mga propeta" (2 Mga Hari 2:3, 5) ay hindi pamalit sa plano ni Hesus na sanayin ang mga ministro sa pamamagitan ng paglalakad kasama sila sa loob ng ilang taon. (Marcos 3:13) Ang Pamunuan ng ***SoldOut Movement*** ay naniniwalang ang "ating mga itinalagang mga ministro" – mga ***Evangelist***, ***Women's Ministry Leaders***, Mga Pastol, Mga Babae Tagapamastol at mga Administrador – ay kasama sa mga pinaka-sinanay at pinaka-epektibo sa lahat ng mga Kristiyano. Ang siyang kulang natin hanggang ngayon ay ang behikulo upang kilalanin ang matagumpay at dinamikong kurso ng pagsasanay na pinagkasunduan na ng ating mga lider, habang dinaragdagan ang ating mga kasalukuyang pagsisikap sa mas nakadisenyo sa silid-aralan na pag-aaral ng Bibliya.

Ang Sistema ng Digri ng Europa – mga Digri ng Batsilyer, Masterado at Doktorado – ay naging isa sa mga pinaka-matagumpay na kultural na impluwensiya ng mga Europeo sa kasaysayan. Ang doktorado (na sa Latin ay *docio*) ay nag-umpisa sa Midyibal na panahon sa Europa bilang isang lisensya para makapagturo (na sa Latin ay *licentia docendi*) sa isang Midyibal na Unibersidad. Ang pinagmulan nito ay maaaring matagpuan sa mga sinaunang simbahan na kung saan ang terminong "doktor" ay tumutukoy sa mga apostoles, mga ama ng simbahan at iba pang mga awtoridad na Kristiyano na nagturo at nagbigay ng interpretasyon ng Bibliya. Ang akademikong programang ito ay kasalukuyang matatagpuan sa halos lahat ng bahagi ng mundo – maging sa China at Saudi Arabia at mga bansang hindi nakikita bilang mga "sumusuporta sa Kanluran."

Ang Sistema ng Digri na ito ay lubos nang niyakap sa buong mundo, bilang ang pinaka-lehitimong indikasyon ng kumpetensiya at kwalipikasyon sa isang propesyonal na pag-aaral. Sa kasalukuyan, tayo ay nakapagbibigay na ng mga ganitong matataas na karangalan sa ating mga mag-aaral habang binibigyang-pagkilala natin ang maraming taon ng kanilang pagsasanay at ang masigasig na pagsisikap para sa pagsusulong ng ebanghelyo sa buong mundo sa henerasyong ito.

Upang makapagtatag ng isang kolehiyong nasa ilalim ng Sistema ng Digri sa Europa, kailangan na ang puno nito ay isang indibidwal na nagtataglay ng digri ng isang Doktorado. Samakatuwid, sa kasalukuyan ay si ThomasW. "Kip" McKean II ay bibigyan ng karangalan na Digri sa Doktorado (D.Min.) para sa mga taon ng kanyang pangangaral ng Salita ng Diyos, pagtuturo, pagsasanay at ***church plantings*** sa buong mundo. Hindi na kailangan pang idagdag ang kanyang malawakang pagsulat bilang isang iskolar at teologo. Ang kanyang pormal na pagsasanay at mga karanasan sa Unibersidad ng Florida sa Speech Communications (na may Matataas Na Karangalan), maging sa ***Eastern Baptist Theological Seminary*** at sa ***Harding Graduate School of Religion*** ay ang nagpayaman ng kanyang pamumuno. Si Kip ay mapagkumbabang naglingkod bilang Pangulo ng ***ICCM***.

Ang iba pa na nasa "Grupong Pampamunuan ng ***ICCM***" ay sina Chris Adams (BA – sa ***Yale University***; MS – ***Long Island University***; M.Min – ***ICCM***), na siyang masigasig na naglingkod bilang ating Ikalawang Pangulo at Dekano ng Usaping Pang-Akademiko, maging si Elena McKean (BS – ***University of Florida***; M.Min – ***ICCM***), na siya ring hindi matatawaran ang naging paglilingkod bilang Dekana ng Kababaihan at propesor. Kasama ng tatlumpu't anim (36) na taon sa ***full-time*** ministri, kasama na rin ang kanyang pagkakasilang sa Cuba, si Elena ay makapag-aambag ng malalim na pang-unawa sa mga pagsubok na maaaring harapin sa pagtatayo ng isang kolehiyo ng dibersidad.

Ang ating ***Chairman ng Board of Regents*** na siyang pangkalahatang ***ICCM***gumagabay sa na siya ring Administrador para ***SoldOut Movement***, si Michael Kirchner (BA – ***University of Iowa***; MBA

– ***University of Minnesota***). Siya rin ay naglingkod sa ***Board of Regents*** ay sina Tim Kernan (BA – ***ICCM***; M.Min. – ***ICCM***), Andrew Smellie (BS – ***Cornell University***; MA – ***Cornell University***), at Helen Sullivan (BA – ***Stanford University***; MHA – ***Stanford University***). Ipagdasal natin ang buong Grupong Pampamunuan ng ***ICCM***, habang ang ICCM ay isang "pagsisikap na patuloy na umuunlad."



Sina Chris Adams – Ikalawang Pangulo at si Elena McKean – ang Dekana ng Kababaihanat Propesor pati na rin si Michael Kirchner – na ***Chairman*** (Puno) ng ***Board of Regents***.

Ang ***ICCM*** ay dedikado sa kaluwalhatian ni HesuKristo kaya ang ating moto o paniniwala (sa Latin) ay nagmula sa Juan 1 berso 14: Venia et Veritas – ang Biyaya at ang Katotohanan." Kaya naman sa pananalita ni John F. Kennedy, ang ika-35 Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika: "Ang enerhiya, pananampalataya, ang debosyon na nagdadala ng pagnanais na ito ay ang siyang magdadala ng liwanag sa ating banssa at sa lahat ng mga naglilingkod dito – at ang alab mula sa apoy na iyon ang tunay na makapagdadala ng kaliwanagan sa buong mundo."

Salamat sa inyong pakikisama sa amin sa makasaysayang araw na ito, at isang pagbato sa lahat ng mga tatanggap ng mga digri ngayon!

Mayroong kakaibang uri ng karangalan, integridad at kababaang-loob ang nangingibabaw noon habang si Kip ay lumuhod at iniyuko ang kanyang sarili habang si Michael Kirchner – ang Puno ng ***Board of Regents*** ay "tinakluban" si Kip upang ibigay ang karangalan ng isang Doktoradong Digri sa Ministri na siyang karapat-dapat niyang tanggapin! (D.Min.) Ang payak na pangyayaring

ito ang nagdala ng isang mala-kidlat at napakahabang pagtayo ng mga tayong halos nasa dalawanlibo (2,000) ang bilang!



Tinanggap ni Kip ang Digri ng kanyang pagiging Doktorado sa Ministri!



Inilalahad ni Kip ang kanyang talumpati sa Pagtatapos!

Sumunod naman ang paglalahad ni Kip ng isang hindi-malilimutang talumpati:

Si Sir Francis Bacon noong 1597 ay sumulat ng pahayag na, “Ang karunungan ay kapangyarihan.” Subalit ang salita ay nagpatuloy sa makasaysayang araw na ito na ang ‘Iskriptural na Karunungan’ ang nagbigay ng pagkakataon sa banal na kapangyarihan ngunit tanging sa pagsunod lamang sa mga nasa Kasulatan ang magbibigay ng buhay na walang hanggan – ang ating pag-asa para sa sangkatauhan.

Mababasa sa Juan 1:14 na, “Ang naging laman ang Salita at Siya ay nanahan sa ating lahat. Nakita natin ang Kanyang luwalhati, ang kaluwalhatian ng Siya lamang at Nag-iisa, na nagmula naman sa Ama na puspos ng biyaya at ng katotohanan.” Ito ang naging tema ng Kasulatan para sa ***ICCM***. Dahil dito nagmula ang Lating moto ng ating kolehiyo na Venia et Veritas – “Ang Biyaya’t Katotohanan.” Ang kolehiyong ito ay binibigyang-karangalan ang ating Tagapagligtas na si HesuKristo sa pamamagitan ng pagdaragdag sa kasalukuyan nang napakagaling na pagsasanay ng ating mga ministro at mga lider ng pangkababaihang ministri. Sa katotohanan, ang ating mga ministro at mga lider ng pangkababaihang ministri ay nasa hanay ng pinakamagagaling na sinanay sa buong mundo.


Ang araw na ito ay makasaysayan! Ang dati nating fellowship na nabuo noong unang bahagi ng dekada 80 ang siyang nagtatag ng ***Boston School of World Missions***, ngunit ang landas para sa

mga digri ay hindi pa naisasakatuparan. Noong dekada 90, itinatag namin ang ***Los Angeles International School of Ministry*** at muli'y wala na namang kasunduan ang nabuo upang magkaroon ng mga digri. Ang araw na ito'y lubhang pinuspos ng milagro habang ating nasasaksihan ang katuparan nito sa kasalukuyang "nalalabing templo" na naging mas nakaluluwalhati kaysa sa ating "dating templo." At ang kaluwalhatia'y tanggapin ng Panginoon!

Matapos iyo'y tumingin naman si Kip sa siyamnapung (90) mga kapatid na hinihintay ang kanilang mga digri sa Batsilyer (***BA Degrees***). Nagwika siyang, "Nawa'y tumayo ang lahat ng kandidato na tatanggap ng digri sa Batsilyer na kabilang sa makasaysayang klaseng ito ng 2013! Mula sa awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon, ng ***ICCM Regents***, at ng Estado ng California, akin nang ibinibigay sa inyo ang inyong mga digri sa Batsilyer sa Ministri! Isang malugod na pagbati! Maaari na ninyong ilipat ang inyong mga taselyo mula kanan patungong kaliwa!" At ang siyamnapu (90) na may napakalalaking mga ngiti at luha ay ginawa ang tradisyunal na "paglakad sa entablado" kung saan ang bawat pangalan ng mga magsisipagtanggap ay inanunsyo, at sila'y binigyan ng yakap ng kaguruan ng ***ICCM*** at ang mga napakagagandang diploma ay ibinigay na sa kanila!



Ang siyamnapung (90) tumanggap ng kanilang digri sa pagiging Batsilyer sa Ministri!



# The International College of Christian Ministries

The President and Board of Regents acting on recommendation of the Faculty has conferred upon

## Ronald Caleb Harding, Jr.

### The Degree of Bachelor of Arts in Ministry

And have granted all the rights and privileges thereto pertaining. In witness thereof, by authority duly committed to us, we have hereunder placed our names and the seal of the college on this the fourth day of August in the year of our Lord two thousand and thirteen at Los Angeles, California.


Thomas W. McKean II
President and Founder

Elena G. McKean
Dean of Women

Christopher T. Adams
Vice President

Michael J. Kirchner
Chairman - Board of Regents

Ang pinakamasayang bahagi ng ***Global Leadership Conference*** noong 2013 para kay Ron Harding ay ang Pagtatapos sa ***ICCM***!




Dalawang masayang nagsipagtapos!

Sumunod naman ay ang pagpaparangal sa mga tumanggap ng mga digri sa Masterado gaya nina Chris Adams, Tim Kernan at Elena McKean!



Si Chris Adams ay malugod na binate mataps niyang matanggap ang kanyang digri sa Masterado!



Isang pagbati kay Elena sa pagkuha ng kanyang digri sa Masterado mula sa ***ICCM*** kung saan siya'y nagsilbi bilang Dekana ng Kababaihan at isang Propesor!

Bilang pangwakas, ibinahagi ni Kip ang kanyang bisyon na ang isang ***evangelist*** na pinarangalan ng isang digri sa Masterado ay kakayaning "makapagbukas" ng isang ekstensyong kampus sa kanyang lungsod! Ang interesante rito, tinanggap ni Tim Kernan ang kanyang digri sa doktorado sa Seremonya ng Pagtatapos ng ***ICCM*** noong 2014. Samakatuwid, mayroon na tayo ngayong "***ICCM*** – sa Toronto!" At dahil si Kyle Bartholomew ay tinanggap ang kanyang digri sa Masterado noon ding Pagtatapos ng 2014, kung ipahihintulot ng Panginoon, siya at ang kanyang asawang si Joan ay itatatag ang Manila Church sa Hunyo ng 2015, ang Panginoo'y

pagpapalain ang ***SoldOut Movement*** sa ating ikalawang ekstensyong kampus: ang ***ICCM*** – sa Manila!

Makasaysayan din ang pangyayari noong ***Global Leadership Conference*** ng 2013 dahil ito ang pagbubukas ng ating kauna-unahang ***Good News Network (GNN)*** na maikling pelikulang pandrama, ang ***Eyes Wide Open*** o "Ang Mga Matang Tunay Na Mulat," na siyang naging isa sa mga pinal na kalahok sa ***168 Film Festival***! Si Chris Chloupek ay ang nagdirehe din ang isang napaka-makapangyarihang ikalawang pelikula noong 2014 para sa kumpetisyong ito – na pinamagatang ***RESPECT*** o "RESPETO." Ang pelikulang ito ang naglalahad ng mga kontrobersyal na isyu ng homosekswalidad kasama ng mga Biblikal na kumbiksyon at ang pagnanais ni Hesus na tulungan ang lahat ng may sala. Kung ipahihintulot ng Panginoon, isang bidyong-magasin na magiging kaparehas ng "***KNN***" ng ating dating kilusan ay mailalathala tuwing ilang mga buwan at maipamimigay sa lahat ng mga simbahan ng ***SoldOut Movement***.

**2014 – Ang Taon Ng Panalangin**

Ako'y lubos na naligayahan noong kinuha ni Kip ang aking suhestiyon: 2014 ang gawing Taon ng Panalangin para sa ***SoldOut Movement***. Noon sa ***City of Angels Winter Workshop*** – na dinaluhan ng mga lider ng simbahan sa buong mundo – ang bisyon ni Hesus para sa mga simbahan ay niyakap, "Ang aking tahanan ay magiging bahay-dalanginan sa lahat ng mga nasyon." (Marcos 11:17) Ang lubos na interesante rito, sa pamamagitan ng mga pananalangin at ang matinding pagsisikap ng mga santo, ang Espiritu ay nagtatag ng bagong kongregasyon ng ***discipling*** ngayong taon sa: Gainesville, Florida (Enero); Santa Barbara, California (Enero); Sydney, Australia (Pebrero); Houston, Texas (Abril); Toronto, Canada (Hulyo); Dallas-Ft. Worth,

Texas (Setyembre); Chennai, India (Setyembre); at Moscow, Russia (Disyembre!)




Ang bayaning ***Mission team*** ng Sydney!

Ang Proyekto ng ***Crown of Thorns*** ay unang ipinresenta noong Agosto ng taong 2009. Ang nakamamangha rito, sa tulong ng mga ***church plantings*** sa Sydney, Chennai at Moscow ngayong taon, siyam sa labindalawang (12) mga Lungsod ng ***Crown of Thorns*** ay maitatatag na sa loob lamang ng limang taon! Upang makumpleto ang "Unang Bahagi" ng proyektong ito, ang ***SoldOut Movement*** ay may panalanging naglalayong maitatag na ang tatlo pang lungsod na gaya ng: Manila sa 2015, Johannesburg sa 2016 at Cairo (na iba pang "susing-lungsod" sa Gitnang Silangan) sa taong 2017!



Sina Raja at Debs Rajan kasama ng labing-apat (14) na Binayarang Interns ng bagong ***Chennai International Christian Church***!




Si Oleg Sirotkin habang nangangaral sa dalawandaan at dalawampu't pitong (227) taong tinipon ng Panginoon para Pagpapasinaya ng ***Moscow International Christian Church*** noong ika-1 ng Pebrero, 2015!

Si Kip ay nangaral sa maraming mga okasyon ngayong taon na ang "mga hamon" ay nakikita bilang "mga problema" kapag tayo'y may napakaliit na pananampalataya at ang "mga oportunidad" kapag tayo'y nagdarasal at kumikilos sa pananampalataya. (Marcos 11:23-24) Totoo ngang mayroong maraming dumating na oportunidad noong 2014! Noong dulong bahagi

ng dekada 80 at dahil ang bagong kilusan ay napakabilis na lumago, muling  "nadarama ang mga pagsubok" ng mga McKean ang pagiging kalat subalit hindi naman tunay na ganap sapagkat sila ay nakapagdisipolp ng napakaraming mga mag-aasawa at mga simbahan. Napagtanto nilang dumating na ang panahon upang"magtuon lamang sa kakaunti" sa pagpili ng magiging mga ***World Sector Leaders*** para sa ***SoldOut Movement***. Makalipas lamang ang ilang buwan na panalangin, ang ***World Sector Leaders*** ay pormal ng ipinakilala sa isang pagsamba ng linggo ng umaga noong ***Global Leadership Conference*** ng 2014 – ang mga ***ZION'S DREAMERS***.

Noong kauna-unahang pagpupulong ng ***World Sector Leaders*** isang umaga ng Miyerkules noong ika-7 ng Agosto, si Kip ay ipinahayag ang mensahe ng Tagapagligtas ng Sanlibutan na si Hesus. Pagkatapos na pagkatapos nito, ang mga lider na ito ay nagbahaginan sa komunyon. Habang ang bawat isa'y pumiraso sa tinapay, ang indibidwal ay iniangat ito ay nangako sa gupo, "Tayo ay isang pamilya." At bago inumin ang laman ng basong kumakatawansa pagpatak ng dugo ni Hesus sa Kanyang kamatayan, isang tao ang dumagdag sa pangakong iyon, "Hanggang sa duo." Sa pag-aalaala ng kawalan ng biyaya, pagkaawa at kababaang-loob ay naganap ang pagbagsak ng ating dating fellowship, ang pahayag na "Tayo ay pamilya hanggang sa wakas" ay ang naging matinding panawagan at sa totoo lama'y naging "islogan" na ng buong kilusan.

Hayaan ninyo akong ipakilala sa inyo ang ***World Sector Leaders*** ng ***SoldOut Movement***:




Sina Chris at Theresa Broom kasama ng kanilang mga anak na sina Austin at Maria!




Sina Tim at Leanne Kernan kasama ng kanilang mga anak na lalaking sina Junior at David! USA NORTHWEST QUADRANT at CANADA



Sina Matt at Helen Sullivan ng USA SOUTH QUADRANT



Sina Michael at Michele Williamson ng EUROPE




Sila Oleg, Aliona, Sophia at Lydia Sirotkin sa Moscow’s Red Square!

RUSSIAN COMMONWEALTH



Sila Andrew, Patrique, Naomi kasama ng batang propetang si Isaiah Smellie ng AFRICA



Sina Cory at Jee Blackwell



Sina Raul, Lynda, Felipe at Bella Moreno! CENTRAL at SOUTH AMERICA



Sila Joe, Kerri, Ally at Luke Willis! AUSTRAL-CHINA




Sina Kyle at Joan Bartholomew sa University of the Philippines sa Manila! PACIFIC RIM



Sina Tony at Therese Untalan, MOVEMENT SHEPHERDING COUPLE



Sina Nick at Denise Bordieri, MOVEMENT SHEPHERDING COUPLE



Michael at Sharon Kirchner, MOVEMENT ADMINISTRATION AND LAW

Ang ***Global Leadership Conference*** noong 2014 ay nagkaroon mga mahahalagang mga pangyayari kasama na ang Ikalawang Pagtatapos sa ICCM. Ang pag-uumpisa ng ***Wagner classic*** na ***Ride of the Valkyries*** ay muling pinatugtog para sa prosesyon ng kaguruan ng ***ICCM***, ng ***Board*** at ng mga Nagsipagtapos! Tapos ang limampu't pitong (57) na digri ng Batsilyer ay ipinarangal sa apat na magkakaibang bahagi sa unang pagkakataon: dalawampu't isa (21) ang ipinresenta na may digri sa Batsilyer sa Ministri; tatlo naman ang digri sa Batsilyer sa Ministri at Administrasyon; lima naman ang nakatanggap ng digri sa Batsilyer sa Ministri at sa ***Charitable Services***; at dalawampu't walo (28) naman ang nakakuha ng mga digri sa Batsilyer sa Ministri at ***Shepherding***! Sumunod na nagsalita si Tim Kernan sa ***ICCM*** at ang sistema ng digri ng Europa. Si Elena – ang ating Dekana ng Kababaihan – ay sumunod kasama ng mapagpalayang deskripsyon ng Pantay na Oportunidad Para Sa Mga Kababaihan Sa ***ICCM***. Sumunod dito, tatlong digri sa pagiging Masterado sa Sining ang ibinigay kina: Kyle Bartholomew, Lianne Kernan at Andrew Smellie: at matapos ito, ang digri para sa pagiging Masterado sa Ministri at Administrasyon ang iginawad na parangal kay Michael Kirchner!



Ang “hooding” kay Andrew Smellie habang tinatanggap niya ang kanyang digri sa Masterado.

Ang sumunod naman ay isang pangyayari na lahat tayo’y pahahalagahan sa mahabang panahon; si Dr. Tim Kernan ay binigyan ng prestihiyosong digri sa pagiging Doktorado sa Ministri!



Si Dr. Tim Kernan habang nagtatalumpati para sa Kasaysayan ng sistema ng digri sa Europa!



Ang Kaguruan ng ***ICCM***, Kawani at ang ***Board of Regents***!

Ang mga ***ZION'S DREAMERS*** ay nagpokus sa panalangin, mga misyon at sa "Limang Pangunahing Kumbiksyon ng ***SoldOut Movement***" na itinatag sa pundasyon ni Hesus noong siya'y muling nabuhay bilang ang Mesias. Ang mga kumbiksyong ito – na hinati ng ***ICOC*** mula sa ***Mainline*** at sumunod na mapang-uyam na hinati ang ***SoldOut Movement*** mula sa kung anumang natira sa ***ICOC*** noong sila'y nagbalik sa mas "teolohiyang ***Mainline***" ay:

*Ang Lahat ng Kasulatan ay Nasa Inspirasyon ng Panginoon – Pagtatayo Ng Isang Simbahan ng Bibliya*

*Kung Saan Ang Bibliya'y Nagsasalita, Tayo'y Tahimik, At Kung Ang Bibliya'y Tahimik Tayo Ay Magsasalita*

*Ang Simbahan Ay Binubuo Lamang Ng Mga Disipolo Ng* ***SoldOut*** *Sa Mga Relasyon ng* ***Discipling*** *Isang Sentral Na Pamunuan Na May Sentral Na Namumuno; At*

*Ang Ebanghelisasyon Ng Mga Nasyon Sa Isang Henerasyon.*

At dahil ang ***Global Leadership Conference*** ay napanuod sa pamamagitan ng ***LiveStreaming*** sa limampu't dalawang (52) mga bansa, ang tapat at diretsahang paglalahad ng mga kumbiksyon ng ***SoldOut Movement*** ay naging dahilan ng panunumbalik ng maraming mga ***remnant disciple*** upang sumanib sa bagong kilusan sa buong mundo. Sa espesyal na tala, ang Jeddah (sa Saudi

Arabia) na ***Remnant Group*** ng mga disipolo ay nabuo mula sa mga nakapanood ng nasabing ***LiveStream*** ng kumpensiya. Subalit, naglantad din ito ng “kawalan ng respeto at pagkakaisa” sa iilang mga “nalalabing” mga disipolo na umalis sa ating fellowship matapos ang kumperensiya sapagkat sila’y patuloy na naniniwala sa kongregasyonal na kasarinlan o awtonomiya at hindi ng isang sentral na pamunuan. (Deuteronomio 17:12-13) Umalis din sa ating kilusan noon ang mag-asawang sina Vic at Aurora Gonzales. Isinailalim sila sa probasyon noong 2013 dahil sa hindi pagiging mabisa sa ministri at ang kawalan ng respeto sa maraming mga lider ng kilusan. Noong Mayo ng taong 2014, sila ay kinailangan nang dalhin sa ikatlong hakbangin ng pagdidisiplina ng simbahan sa kapaitan, kawalang-respeto, paninirang-puri at sa kanilang pagiging mapanghati. (1 Corinto 5:9-13) Nakalulungkot man, matapos silang tumangging pagsisihan ang kanilang mga kasalanan, kinailangan naming ipakita ang matibay na pagmamahal ng Panginoon at sila’y inalis at minarkahan. (Roma 16:17-19; Tito 3:10-11) Ang kanyang dating matalik na kaibigan sa loob ng maraming taon na si Kyle Bartholomew ay payak na nagsabing, “Ako ay sumasang-ayon sa pag-aalis at pagmamarka ng isandaang porsyento (100%) Noong si Vic Jr. ay hindi napili upang maging isang ***World Sector Leader***, ito ang lalong nagpalala ng kanyang kawalang-respeto sa pamunuan.” Patuloy kaming nagdarasal para sa kanilang pagsisisi.

Sa kabila ng lahat ng ito, ang Panginoon pa rin ang tunay na makapangyarihan at ang Kanyang kagustuhan ang masusunod. Sa pamamagitan ng mga mapanubok na pangyayaring ito, pinagpala Niya ang ***SoldOut Movement*** gamit ang “oportunidad” na “madala sa tunay na pagkakaisa at hayaang ang mundong malaman (na ang Panginoon) ay nagmamahal sa kanila. (Juan 17:23) Ang hindi matatawarang pagkakaisang ito ang nagpahintulot sa Espiritu na magparami ng mga disipolo sa kilusan nang mas mabilisan.



Ang ***Global Leadership Conference*** noong 2014!

Ang matinding dedikasyon ni Kip na sundin ang mga plano ni Hesus sa kanyang kilusan noong unang dantaon ang nagdala sa panibagong kakaibang aspekto ng ***SoldOut Movement*** – Ang Konseho ng ***Crown of Thorns***. Ang ***World Sector Leaders*** sa ilalim ng ***SoldOut Movement*** ay maihahalintulad sa Labindalawang Apostoles ni Hesus. Ang Konseho ng ***Crown of Thorns*** ay maihahalintulad naman sa pitumpu (70) o pitumpu't dalawa (72) ng Lucas 10. Si Hesus ay hindi kailanman pumipili ng wala siyang partikular na plano: sa pagpili sa Labindalawang (12) Apostoles, Siya ay nagbibigay ng senyales sa mga Hudyo na ang bagong Kaharian ay nag-uumpisa na. Ang pisikal na nasyon ng Israel ay nagmula sa labindalawang anak ni Jacob; at ang ispiritwal na Israel ay magmumula sa Labindalawang Apostoles.

Samakatuwid, si Kip ay nakumbinsing (na hindi naman dogmatiko) na ito ay pitumpu (70) at hindi pitumpu't dalawa (72) dahil ilang mga ibang bersyon ay mayroong ikalawang grupo ng mga mangangaral na kinomisyon ni Hesus sa Lucas 10, dahil may mga pitumpung (70) orihinal na tagapagtatag na nasa "mesa ng mga nasyon" sa Genesis 11-12. Maging si Moises ay pumili ng pitumpung (70) ***elders*** upang mamuno kasama siya. (Exodo 24:1) At ayon na rin sa kasaysayan, pitumpung tao ang nagsalin ng pinakalumang bersyon ng Griyego ng Lumang Tipan na tinawag na ***Septuagint*** – ang Latino ng numerong 70. At ang mataas na kapulungan ng mga Hudyo noong panahon ni Hesus ay binubuo rin ng pitumpung tao, maging ang numerong "70" para sa mga Hudyo ay nangangahulugan ng pamunuan ng tao at paghuhukom. Naniniwala si

Kip na ang 70 sa Lucas 10 ay ang mga “apostoles” ng 1 Corinto 15:7 at bahagi ng isandaan at dalawampu (120) ng Mga Gawa 1:15. Naniniwala rin si Kip na ang 70 ang senyales ng Panginoon ng ebanghelisasyon ng mga nasyon, na gayan ng isinusuhesityon ng mesa ng mga nasyon sa Genesis. Anuman ang iyong kumbiksyon ng 70 o 72 ay ayos lamang. Ang punto ay napagtanto ni Kip ang matinding pangangailangan ng ikalawang mas malaking grupo ng mga mangangaral na hindi lamang mangangaral ng Salita Ng Diyos kundi magdadala rin ng mas malaking pagkakaisa. Samakatuwid, ang Konseho ng ***Crown of Thorns*** (na silang nakakasama sa pulong ng ***World Sector Leaders***) ang siyang gagabay sa ebanghelisasyon ng mga nasyon.

Ito ay naging kasing-kamangha-mangha ng mga sinagot na panalangin na siyang nagdala sa kilusan ng Panginoon sa mataas na antas, bagkus ang pinakamalaking “oportunidad”para sa Panginoon upang direktang gumalaw sa buhay ng mga McKean ay dumating ng Abril nitong taong ito. Ito rin ang mga panahong si Elena ay nasabihan ng kanyang doktor na mayroon siyang nag-uumpisang kanser sa buto na kung saan ang komunidad ng medisina ay nakikita ito bilang hindi na kaya pang gamutin. Ang diyagnosis na ito ay nangyari bunga ng mataas na lebel ng calcium sa dugo ni Elena maging ang mga aktwal na palatandaan ng kanser. Ang mga palatandaan ng kanser ay ang mga protinang iniluluwal ng mga ***cancer cells*** o mga protinang ginagawa ng mga ***white blood cells*** kapag inatake nila ang mga ***cancer cells***.

Noong una’y sila Kip at Elena ay hindi makapaniwala sa balitang iyon. Ibinahagi nila ito sa kanilang pamilya at sa kanilang mga pinakamalalapit sa pananampalatayang mga kapatid na sumamang magdasal para  sa ikagagaling ni Elena. Ang mga McKean ay nagdasal at nag-ayuno sa pamamagitan ng “***juicing***.” Matapos ang mga sumunod na mga pagsusuri noong Mayo at Hunyo, noong ika-11 ng Hunyo, ang onkologo (doktor sa kanser) na siyang puno ng departamento, binati ang mga McKean nang may malaking ngiti sa mga labi, umupo sa mesa ng eksaminasyon, at nagwikang, “Hindi kailanman sa loob ng maraming taon ng aking panggagamot na ako’y nakakita ng katulad nito! Ang iyong ***calcium*** ay bumalik sa normal at ang palatandaan ng iyong kanser ay nawala na!” Dahil sa alam niyang si Elena at Kip ay nasa ministri, idinagdag niya na, “Sigurado akong kayong dalawa’y nagdasal ng maraming beses!” Sa katotohanan, ito ay lubhang totoo! Kahit na ibinahagi ni Elena na hindi siya natatakot mamatay, dahil siya’y nakakuha ng inspirasyon mula sa panalangin ni Hezekiah, si Elena ay nagdasal na mabuhay pa ng dalawampung (20) taon upang makita pa niya ang mundong tuluyan nang naebanghelisa!



Dininig ng Panginoon ang panalangin ng ***SoldOut Movement*** at pinagaling si Elena sa kanyang sakit na kanser!

Isang huling napakagandang “oportunidad” sa Panginoon upang makagalaw noong 2014 sa pamamagitan ng ***SoldOut Movement*** ay ang pagtitipon ng mga pondo para maisakatuparan ang pagtatatag ng pitong simbahan sa taong ito habang sinusustine ang kasalukuyan nang produktibong pagsisikap natin sa ikatlong daigdig. Nakamamangha rin na ang kolektibong pagbibigay ng mga simbahan sa ilalim ng ***SoldOut Movement*** ay umaabot na sa $85,000 kada linggo. Sa Taon ding ito ng Panalangin, ang mga disipolong ***sold-out*** ng ***SoldOut Movement*** sa pamamagitan ng panalangin, pag-aayuno at ang malikhaing pagtitipon ng mga pondong puno ng sakripisyo ay nagbigay sa Panginoon ng panibagong $2,000,000 para sa mga misyong nagbibigay sa atin ng “mas higit pa kaysa sa ating maaaring hingin o inaasahan” upang maisakatuaparan ang lahat ng inilagay ng Panginoon sa ating mga puso na upang gawin natin para sa Kanyang kaluwalhatian. (Epeso 3:20-21) Totoong ang 2014 ay tunay na maaalala bilang Ang Taon ng mga Sinagot na Panalangin!

**Tapat Hanggang Huli**

Ang hindi kailanman nagbabagong panawagan ni Kip mula sa mga Kasulatan para sa lahat ng mga nagnanais na sundan si Hesus ay nananatili pa rin sa loob ng apatnapung (40) taon sa loob ng ministri: “Pumunta kahit saan, gawin ang kahit na ano at ibigay ang lahat-lahat.” Dahil siya’ya naniniwalang ang pangarap ni Hesus para sa “ebanghelisasyon ng mga nasyon sa henerasyong ito” ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng isang kilusan na binubuo ng mga sold-out na mga disipolo. Tuwing umaga, “habang kasalukuyan pa ring madilim” si Kip ay patuloy na nagdarasal na bago siya mamatay ay hayaan siya ng Panginoon na sumulat gaya ng ginawa ni Pablo, “Sa buong mundo’y ang ebanghelyo’y namumunga at… at ipinroklama sa lahat ng alinmang nilalang sa ilalim ng Kalangitan.”

Ron Harding

Ika-17 ng Marso taong 2015



Si Kip at Elena McKean

*Ang primaryang mga pinagmulan ng biograpiyang ito ay ang hindi mabilang na mga talang personal na naranasan, maging ang nauna nang paglalahad sa parehas na ***website*** na ito na isinulat ni Jeremy Ciaramella at Chuch Hess. Iba pang mga naging susing pinagmulan ay ang mga Buletin ng City ***of Angels International Christian Church***. Siyempre pa, sa maraming mga sulatin ni Kip lalong-lalo na ang kanyang ***Revolution Through Restoration*** na may tatlong bahagi. Salamat din sa Kip at Elena McKean sa napakaraming pakikipag-usap at mga email na nagpahintulot sa aking magkaroon ng personal na impormasyon sa lahat ng nilalaman ng buong artikulong ito. Ang aking dasal na sana ang komentaryong ito ay magamit ng Espiritu upang malagpasan ang persekusyon sa internet, mabigyan ang maraming mga nalalabing mga disipolo ng malalim na kumbiksyong Biblikal upang sumali sa ***God's new movement***, at mga talang ito ay habambuhay na patatahimikin si Satanas sa kanyang kasinungalingan tungkol sa tunay na itinalagang tao ng Panginoon – si Kip McKean.

Tweet

Huling Sermon ni Kip

Top of Form

Bottom of Form

Copyright © 2015 Discipleship Media. All rights reserved.